Una ay ang kawalan ng orihinalidad. Ang isang agham panlipunang walang saysay ay walang kapasidad na bumuo ng mga orihinal na paksa at teorya, dahil sa labis na pangingibabaw ng Kanluraning pag-iisip sa kamalayan ng mga pantas sa Asya. Ikalawa ay ang 'di katugmaan sa pagitan ng proposisyon at reyalidad. Yamang ang mga proposisyong taglay ng mga pantas ng Asya ay hindi nagmula sa kanila, bagkus ay mula sa Kanluran, kadalasan na ang mga proposisyong ito ay hindi tugma sa reyalidad ng Asya. Kaugnay ng ikalawa, ang ikatlo ay ang kawalan ng aplikabilidad. Bunga ng 'di-katugmaan sa pagitan ng proposisyon at reyalidad, ang mga teorya, konsepto at modelo na nahuhubog ng mga pantas ng Asya mula sa mga proposisyong galing sa Kanluran ay kadalasang hindi mailapat sa partikular na mga suliranin at isyung kinakaharap ng lipunang Asyano. Ikaapat ay ang alyenasyon o pagkakahiwalay. Dulot ng mga naunang katangian ng isang agham panlipunang walang saysay, ang Asyanong pantas ay nakararanas ng pagkahiwalay sa reyalidad ng lipunang kanya mismong pinag-aaralan. Bagaman Asya ang kanilang pinag-aaralan, ang kanilang mga isinusulat ay mas tumutugma pa sa reyalidad ng lipunan sa Kanluran kaysa sa kanilang sariling lipunan. Ikalima ay ang tendensyang magpaulit-ulit. Inuulit-ulit lamang nila ang mga proposisyong matagal nang nabuo ng mga Kanluraning pantas, at hindi sila nakabubuo ng mga bagong konsepto na maiaambag sa produksyon ng kaalaman. Ikaanim ay ang mistipikasyon. Ito ang katangian ng isang agham panlipunan na dahil nais na magmukhang sopistikado ay gagamit ng napakaraming teknikal na termino mula sa Kanluran. Sinasadya nitong maging malabo upang magmukhang malalim, kahit na sa katotohanan ay wala naman talagang laman ang isinusulat. Ikapito ay ang kababawan. Ang isang agham panlipunang walang saysay ay mababaw dahil sa kawalan ng aktuwal na produksyon ng kaalaman, ngunit nagmumukha pa ring nakamamangha dahil nababalutan ng mga Kanluraning ideya.

Maaaring ilapat ang tipolohiyang ito ni Alatas sa usapin ng saysay sa pagteteolohiya sa Pilipinas. Maaaring sipiin ang mga nauna nang talakayan upang ipakitang pasok sa mga deskripsyon ni Alatas ang maka-Kanluraning teolohiya sa Pilipinas. Una, tulad ng nabanggit na, walang orihinalidad ang teolohiyang kolonyal at konserbatibo. Hindi nag-iisip ng mga bagong paksang teolohiko ang mga teologong bihag nito dahil kuntento na sila sa pag-angkat ng mga teolohikal na pormulasyong sikat sa Kanluran. Ikalawa, hindi angkop sa kontekstong Pilipino ang kanilang mga proposisyon, tulad na lamang ng indibiduwalistang pagpapakahulugan sa kasalanan at kaligtasan, na taliwas sa reyalidad ng panlipunan at holistikong pananaw ng mga Pilipino sa mga ito. Ikatlo, ang teoretikal na kalikasan ng Kanluraning teolohiya ay hindi mapapakinabangan ng lipunang Pilipino na nagtataglay ng mga konkreto at praktikal na suliraning kailangan ng kagyat na lunas. Ikaapat, napapawalay ang mga Pilipinong teologo sa reyalidad ng kanilang lipunan, dahil habang naghihikahos at nagdurusa sa napakaraming suliraning panlipunan ang kanilang bayan ay abala sila sa pagtatalo-talo ukol sa mga paksa sa Kristolohiya, soteryolohiya, eklesyolohiya, bibliolohiya, eskatolohiya, liturhiya, at iba pang isyu sa sistematikong teolohiya na siglo-siglo nang dinidiskurso ng mga teologo sa Kanluran. Ikalima, tila mga teolohikal na lorong inuulit-ulit nila ang mga puntong matagal nang nasabi ng mga katapat nilang teologo sa Kanluran, at dahil bago sa pandinig ng mga estudyante sa seminaryo ay mukhang nakakamangha pa rin. Ikaanim, upang mas lalo pang maging kamangha-manghang pakinggan, sinasadya nilang gumamit ng mga mabibigat na mga teolohikal na termino mula sa Kanluran tulad ng *variegated nomism*, *apostolic kerygma*, *intratrinitarian love*, *consubstantiation*, *progressive creationism*, *realized eschatology*, at iba pa. Ayos lamang sa kanila kung hindi gaanong maunawaan ng kanilang mga tagapakinig at mambabasa ang kanilang mga punto, dahil may kaisipan ang mga tagapakinig at mambabasa na kapag hindi nila maintindihan ang isang bagay, ang ibig sabihin ay malalim ito at sopistikado. Ikapito, dahil wala talagang nilalamang mga punto na konkreto para sa kontekstong Pilipino, mababaw ang kanilang mga teolohikal na pormulasyon.

Yamang kambal na suliranin ng kolonyalismo (teolohiyang kolonyal) at inhustisyang

panlipunan (teolohiyang konserbatibo) ang bumubuo sa suliranin ng isang teolohiyang walang saysay sa kontekstong Pilipino, kambal na lunas din ang nararapat na ipangtapat dito. Ang kontra-tesis na maipanglalaban natin sa dalawang ito ay ang tuwirang kabaliktaran nito – ang nasyonalismo at katarungang panlipunan, na kinakatawan ng “teolohiyang malaya” at “teolohiyang mapagpalaya.”

Dalawang dekada’t kalahati matapos ang pormal na pagwawakas ng kolonyalismo noong 1946, umusbong noong 1970s ang isang bagong daluyong ng nasyonalismo sa Pilipinas. Para sa mga nasyonalistang intelektuwal ng panahong ito, hindi sapat na magkaroon tayo ng pulitikal na kalayaan mula sa Estados Unidos. Hanggat hindi tayo nagkakaroon ng kalayaan sa aspekto ng diwa at kalinangan, hindi tunay na magiging malaya ang mga Pilipino. Sa layuning mapalaya ang diwa at kalinangang Pilipino mula sa pagkakagapos nito sa Kanluran, nagsilitawan sa iba’t ibang unibersidad ang mga proyektong naglalayong bumuo ng mga akademikong disiplina na angkop sa lipunan at kalinangang Pilipino. Isa na sa mga ito ang Teolohiyang Pilipino. Ang Teolohiyang Pilipino ay naglalayong bumuo ng isang uri ng teolohiyang malaya mula sa tradisyunal na teolohiyang Kanluranin. Taliwas sa teolohiyang kolonyal, nagnanasa itong maibangon ang dangal ng Kapilipinuhan. Mas sensitibo rin ito sa kulturang Pilipino, na itinuturing ng mga makabayang teologo na esensyal na elemento pagteteolohiya.

Isa pang naibunga ng nasyonalismo ay ang teolohiyang mapagpalaya. Taliwas sa teolohiyang konserbatibo, ito ay isang uri ng teolohiyang nagnanais na maging instrumental sa pagtuligsa laban sa mga mapang-aping istruktura ng lipunan. Pero higit pa sa pagtuligsa, ang katapus-tapusang layunin nito ay ang makabuo ng isang mas makatarungan at disenteng lipunan. May direktang ugnayan sa pagitan ng teolohiyang malaya at teolohiyang mapagpalaya. Kung paanong ang teolohiyang kolonyal ay nagiging kasangkapan para sa pagpapatatag ng teolohiyang konserbatibo, ang teolohiyang malaya naman – yamang angkop sa reyalidad ng Pilipinas at hindi na nakagapos sa Kanluran – ay nakapagpapalakas sa teolohiyang mapagpalaya.

Ngunit sa kabila ng ugnayang ito, magkaiba ang teolohiyang malaya at teolohiyang mapagpalaya. Ang teolohiyang malaya ay mas nakatuon sa aspektong pangkalinangan. Ang tuwirang binabangga nito ay isang elementong nagmumula sa labas ng bansa – ang kolonyalismo o imperyalismo. Yamang tunggaliang panglahi ang obheto ng teolohiyang ito, pagsusuring pangkalinangan ang dulog na ginagamit nito sa pagteteolohiya. Ang layunin nito ay isang nagsasariling teolohikal na tradisyon ng Pilipinas, na malaya mula sa Kanluraning teolohiya at nakaangkla sa kalinangang Pilipino. Sa kabilang banda naman, ang teolohiyang mapagpalaya ay mas nakatuon sa aspektong panlipunan. Ang kalaban nito ay mga elementong nagmumula mismo sa loob ng Pilipinas. Tumutuligsa ito sa anumang anyo ng pang-aapi, pang-uri man, pangkasarian, pangkalikasan, at iba. Sa ganang ito, pagsusuring panlipunan ang lapit na ginagamit nito sa pagteteolohiya. Nangangarap ito ng isang lipunang mas makatarungan. Ang teolohiyang malaya at teolohiyang mapagpalaya ay bumubuo ng isang uri ng teolohiyang may saysay sa Kapilipinuhan. Bilang kabaliktaran ng teolohiyang walang saysay, hindi ito nagtataglay ng walong katangian na binanggit ni Alatas sa kanyang tipolohiya ng kawalang-saysay. Ang dayagramo sa ibaba ay naglalarawan sa magkasalungat na agos sa kontekstong Pilipino ng teolohiyang walang saysay mula sa kolonyalismo at teolohiyang may saysay mula sa nasyonalismo.



*Dayagramo 1*  
Magkasalungat na Talab ng Kolonyalismo at Nasyonalismo  
sa Proseso ng Pagteteolohiya sa Pilipinas

### **Mga Batayan ng Teolohiyang Malaya at Teolohiyang Mapagpalaya sa Kasaysayan ng Teolohiyang Pilipino**

Mayroong apat na tradisyong nagsilbing batis sa unti-unting pagkabuo ng Teolohiyang Pilipino bilang isang proyektong intelektuwal sa Pilipinas. Ang apat na batis din na ito ang siyang pinag-uugatan ng teolohiyang malaya at teolohiyang mapagpalaya: 1. Inkulturasyon, 2. Pilipinisasyon ng Dekada Sitenta, 3. Kontekstuwalisasyon, at 4. *Liberation Theology*.

Malaking pagbabago ang pinagdaanan ng Kanluraning teolohiya nang maganap ang Ikalawang Konsehong Vaticano ng simbahang Romano Katoliko mula 1962 hanggang 1965 (de Mesa 2004, 1-5). Bago ang konseho, ang nangingibabaw na tradisyong teolohiko sa simbahang Romano Katoliko ay Bagong Iskolastisismo. May mababang pagtingin ang tradisyong ito sa anumang kulturang ‘di-Kanluranin. Para sa kanila, ang tanging sibilisadong lipunan ay ang Kanluran. Naniniwala rin ang mga teologong Europeo noon na ang kanilang Greko-Romanong teolohiya ay unibersal, kaya naman maaari nila itong dalhin sa anumang lupalop ng daigdig. Mangyari pa, ipinagpapalagay nilang likas na bahagi ng kanilang misyon hindi lamang ang pagdadala ng Ebanghelyo sa mga lupaing ‘di-Kristiyano, kundi maging ang paghimok sa mga katutubo na tanggapin ang kalinangang Europeo. Para sa kanila, ang pagiging Kristiyano ay katumbas ng pagiging Kanluranin.

Ngunit unti-unting nagbago ang ganitong pananaw ng mga Europeo dahil sa pag-usbong ng mga pag-aaral na isinagawa ng mga pantas ng agham panlipunan, partikular na ng mga antropologo. Napagtanto nila na pantay-pantay lahat ng kultura; magkakaiba lamang ang mga

kultura dahil bawat lipunan ay may magkakaibang karanasang pangkasaysayan. Ang pananaw na ito sa kultura, na tinawag na “relatibismong kultural,” ay nakaapekto sa tingin ng simbahan sa mga ‘di-Kristiyano at ‘di-Europeong kultura (de Mesa 2003, 3-5).

Nagkaroon ito ng radikal na epekto sa teolohiya. Napagtanto ng mga teologo na lahat ng mga positibong katangian ng mga kulturang ‘di-Kristiyano at ‘di-Europeo ay maiuugat sa imahe ng Diyos (*imago Dei*), o ang katotohanan na lahat ng tao ay nilikha sa imahe ng Diyos, Kristiyano man o hindi, Kanluranin man o hindi. Gayundin, lahat ng kultura ay nagtataglay din ng negatibong aspekto – Kristiyano man o hindi, Kanluranin man o hindi – dahil sa unibersal na pagkakasala ng sangkatauhang pinasimulan ni Adan at Eba. Dahil dito, sa proseso ng ebanghelisasyon, hindi dapat sirain ang kultura ng mga lipunan o palitan ng kulturang Europeo. Dapat panatilihin ang positibong aspekto ng mga ito, at nararapat pa ngang umangkop dito ang Kristiyanismo.

Sa kontekstong ito nagsimulang baguhin ng simbhang Romano Katoliko ang teolohikal na pananaw nito sa mga kulturang ‘di-Kanluranin, na opisyal na ipinahayag ng simbahan sa mga dokumentong iniluwal ng Ikalawang Konsehong Vaticano. Ayon sa mga dokumentong ito, sa halip na sirain at hamakin, ang kultura ng mga lipunang ‘di-Kanluranin ay nararapat lamang na maging tagapaglulan ng teolohiyang kanilang mabubuo. Hindi na sila naniniwala na mayroon lamang iisang unibersal na teolohiya, at ito ay ang teolohiyang Kanluranin, partikular na ang Greko-Romanong anyo nito. Sa halip, mulat na sila sa reyalidad na bawat lipunan ay may karapatang bumuo ng sarili nitong lokal na teolohiya, na nakaugat sa kanilang sariling kalinangan (de Mesa 2018, 19). Ang proseso ng pag-uugat ng teolohiya sa kalinangan ng isang partikular na lipunan ay nagsimulang tagurian bilang “inkulturasyon.” Ayon kay Bevans (2003, 50), si Pope John Paul ang nagpopularisa ng terminong inkulturasyon sa mga opisyal na dokumento ng simbahan simula nang banggitin niya ito sa isang panayam sa Pontifical Biblical Commission noong 1979. Sa panayam na ito ay ikinumpara niya ang inkulturasyon sa inkarnasyon, isang proseso ng pagpasok ng Kristiyanismo sa mundong pangkalinangan ng isang lipunan.

Kalaunan, ang panawagan mula sa Roma na isagawa ang inkulturasyon ay nagtulak sa ilang Pilipinong Katolikong teologo na ipook sa kalinangang Pilipino ang teolohiya. Dalawa sa maituturing na pinakaprominente sa mga ito ay sina Leonardo Mercado at Jose de Mesa. Sa kanilang mga akda ay mababanaag ang malalim na impluwensya ng Ikalawang Konsehong Vaticano sa kanilang pag-iisip, na nagbigay-inspirasyon sa kanila upang tahakin ang intelektuwal na landas na kanilang pinili (Mercado 2005; de Mesa 2003). Isang pari ng *Society of the Divine Word*, si Mercado ang may-akda ng *Elements of Filipino Theology* (1975), na isa sa pinakamaagang nailimbag na aklat sa Pilipinas ukol sa inkulturasyon. Ikinumpara ni Mercado sa isang komadrona ang isang teologo. Tulad ng isang komadrona na hindi nanganganak kundi nagpapaanak, ang tunay na gampanin ng isang teologo ay hindi lumikha ng kanyang sariling teolohiya, kundi pag-aralan, siyasatin, at palitawin ang teolohiyang umiiral sa kamalayan ng taumbayan. Samakatuwid, ang isang Pilipinong teologo ay marapat na maging mag-aaral ng wika, kasaysayan at kalinangan ng kanyang bayan (Mercado 1975, 13-14). Pagkalipas ng ilang taon matapos mailimbag ang kanyang *Elements of Filipino Theology*, nasundan ito ng iba niya pang aklat ukol sa parehong paksa tulad ng *Inculturation and Filipino Theology* (1992) at *Doing Filipino Theology* (1997). Ngunit kung pagkukumparahin sina Mercado at de Mesa sa usapin ng dami ng nailathala ukol sa inkulturasyon, mas lamang si de Mesa, dahil mas naging abala si Mercado sa Pilosopiyang Pilipino kaysa sa Teolohiyang Pilipino. Sa katunayan, sa akda ni Emmanuel de Leon (2019), isa siya sa anim na pangunahing Tomasinong pilosoper na itinuring ng may-akda bilang may pinakamalaking ambag sa Pilosopiyang Pilipino.

Samantala, si Jose de Mesa ay isang laikong teologo na nagpalaganap ng gawain ng inkulturasyon sa iba’t ibang paaralan at seminaryong kanyang pinagturuan tulad ng De La Salle University, Institute of Formation and Religious Studies, Inter-Congregational Theological Center, East Asian Pastoral Institute, at Loyola School of Theology. Isa sa mga tampok na metodo ni de Mesa sa pagteteolohiya ay ang paggamit sa wikang Filipino bilang batis ng mga teolohikal na konsepto. Halimbawa, sa akdang *Ang Maganda sa Teolohiya* (de Mesa et al 2017),

ginamit ni de Mesa at iba pa niyang kasamang teologo ang konsepto ng “maganda” at inilapat ito sa iba’t ibang sangay ng teolohiya tulad ng Kristolohiya, eklesyolohiya, at eskatolohiya. Sa pagtatangka naman na magsagawa ng inkulturasyon ng sakramento sa kalinangang Pilipino, kinasangkapan ni de Mesa (2008) ang konsepto ng “bakas” bilang panapat sa Griegong *mysterion* at Latinong *sacramentum*. Ganito rin ang ginawa nila ni Cacho sa serye ng apat na teksbuk na isinulat nila para sa mga mag-aaral sa kolehiyo. Gumamit sila ng mga konsepto mula sa wikang Filipino bilang sentral na dalumat sa iba’t ibang larangan ng teolohiya, tulad ng “kagandahang-loob” sa *theology proper* o pag-aaral sa Diyos Ama (de Mesa at Cacho 2012a), “kaibigan” sa Kristolohiya (de Mesa at Cacho 2012b), “samahan” at “bakas” sa eklesyolohiya (de Mesa at Cacho 2012c), at “maganda” sa etika (de Mesa at Cacho 2012d).

Isa pang teolohikal na metodo ni de Mesa ay ang pagtatabi niya sa kalinangang Pilipino at tradisyong Kristiyano sa isa’t isa upang magtalaban ang dalawa. Para sa kanya, kapwa galing sa Diyos ang kultura at Biblia kaya naman maaaring gamitin ang dalawa upang mas maipaliwanag ang isa’t isa. Kung paanong iniinterpreta natin ang Biblia, maaari rin nating bigyang interpretasyon ang pananaw ng kultura ukol sa Diyos at espirituwalidad. Tinatawag niya itong huli na *thematic cultural exegesis*. Dapat na magkaroon ng talaban (talab sa isa’t isa) ang dalawa. Hindi lamang naglalayon ang talabang ito ng pagpapainam ng pag-unawa natin sa kulturang Pilipino, kundi pagpapainam din ng ating pag-unawa sa tradisyong Kristiyano. Sa balangkas ni de Mesa, maaaring sa ganitong paraan isagawa ang pagteteolohiya sa pamamagitan ng pagtatalaban ng dalawa: 1. Magbubukas ng isyu, suliranin o katanungan ang kulturang Pilipino (halimbawa ay ukol sa paksa ng kahirapan); 2. Tatangkain itong sagutin o bigyang repleksyon ng tradisyong Kristiyano sa pamamagitan ng paghahanap ng tema ng kahirapan sa Biblia; 3. Magtatalaban ang dalawa ukol sa kahirapan hanggang sa may mabuo na panibagong uri ng interpretasyon ukol sa paksa. Maaari rin naman na kabaliktaran. Maaaring magsimula sa pamamagitan ng pagtingin sa sinasabi ng Biblia ukol sa kahirapan. Pagkatapos ay hahanap ng kapareho nitong tema sa kulturang Pilipino, upang makita kung anong pananaw ng kulturang Pilipino sa Bibliikal na paksang ito. Magtatalaban muli ang dalawa upang mas maunawaan ang paksa hanggang sa makabuo ng teolohiya ng kahirapan na mula kapwa sa konteksto ng kulturang Pilipino at tradisyong Kristiyano.

Ang inkulturasyon ng teolohiya sa Pilipinas ay lalo pang napatindi dahil sa pag-usbong ng isang bagong daluyong ng nasyonalismo noong Dekada Sitenta. Tulad ng depiksyon ni Lualhati Bautista (2018) sa Dekada Sitenta sa kanyang nobelang may ganto ring pamagat, isa itong yugto sa kontemporaryong kasaysayan na markado ng matinding kaguluhan. Ito ang panahon ng malawakang aktibismo ng mga estudyante mula sa iba’t ibang unibersidad, ang patuloy na pananamantala ng neokolonyalismong Amerikano, at ang tumitinding paniniil ng diktadurang Marcos. Ayon kay Bienvenido Lumbea (2001, 228-229), ang bagong nasyonalismo ng Dekada Sitenta ay bunga ng radikal na akda ng mga nasyonalistang historyador tulad nina Teodoro Agoncillo at Renato Constantino. Instrumental ang kanilang mga akda sa muling pagbuhay sa alaala ng Himagsikang 1896 sa kamalayang pangkasaysayan ng mga Pilipino. Sa pamamagitan nila ay namulat ang ilang mga Pilipino sa katotohanang hindi pa tapos ang himagsikang pinasimulan nina Bonifacio (Ileto 2017a, 203-224; Ileto 2017b, 117-142). Napagtanto nilang malayo pa ang kasalukuyang lipunan natin sa lipunang pinangarap ng mga Katipunero. Samakatuwid ay kailangang ipagpatuloy sa kasalukuyan ang ‘di-pa-tapos na himagsikan nina Bonifacio laban sa imperyalismong Amerikano at mapaniil na estado.

Kaalinsabay ng aktibismong sosyo-ekonomiko sa mga kalsada, naganap ang intelektuwal na “aktibismo” sa loob ng mga unibersidad. Naniniwala silang bahagi ng tunay na kalayaan ng mga Pilipino ay hindi lamang ang pulitikal na kasarinlan mula sa Estados Unidos, kundi maging ang kalayaan na mag-isip para sa ating mga sarili. Bunga nito, nagsilitawan ang tinatagurian ng ilan bilang “mga kilusang pagsasakatutubo” (*indigenization movements*), bagaman mas nais tawagin ng iba bilang “Pilipinisasyon” (Rodriguez-Tatel 2015a, 141; Rodriguez-Tatel 2015b, 115). Ito ang mga kilusan na naglalayong bumuo ng mga paksa, teorya, metodolohiya at pananaw na nagmumula mismo sa kalinangang Pilipino, sa halip na mula sa Kanluran. Isa sa pangunahing naging sentro ng mga kilusang ito ay ang Unibersidad ng Pilipinas,

kung saan isinilang ang Sikolohiyang Pilipino ni Virgilio Enriquez sa sikolohiya, ang Pantayong Pananaw ni Zeus Salazar sa kasaysayan, at ang Pilipinolohiya ni Prospero Covar sa antropolohiya. Kalaunan ay kolektibong tinatagurian ang tatlong ito bilang “Agham Panlipunang Pilipino” (Navarro at Lagbao-Bolante 2007).

Samantala, sa magkakahiwalay na unibersidad at seminaryo naman naganap ang pagpupunla ng binhi para sa pagbuo ng Pilosopiyang Pilipino sa pilosopiya. Nariyan ang maagang pagpupunyagi Mercado sa Divine Word University. Liban sa kanyang ambag sa Teolohiyang Pilipino, si Mercado ay itinuturing din na isa sa mga tagapagpasimula ng Pilosopiyang Pilipino. Tulad ng kanyang *Elements of Filipino Theology* (1975) sa teolohiya, ang kanyang *Elements of Filipino Philosophy* (1974) ay isang mapanghawang-landas sa larangan ng pilosopiya. Sa De La Salle University, nariyan si Florentino Timbreza, na tulad ni Mercado ay nagtataglay din ng antropolohikal na lapit sa pilosopiya (Gripaldo 2000, 4, 19). Si Timbreza ang kauna-unahang nagsulat ng isang disertasyong doktorado sa wikang Filipino (Timbreza 2008, 30). Pagdating sa pamimilosopiya sa wikang Filipino, bukod kay Timbreza, isa sa pinakatanyag ay si Padre Roque Ferriols ng Ateneo de Manila University. Sa katunayan, siya ang kauna-unahang nagturo ng pilosopiya sa buong Pilipinas gamit ang wikang pambansa. Nakilala rin siya sa pag-inog ng kanyang pamimilosopiya sa konsepto ng Meron, na dinamikong salin ng Kanluraning terminong *Being* (Que at Rodriguez 1997, viii). Nagkaroon din ng manaka-nakang pagtatangka kalaunan sa ilang disiplina na magsagawa ng pagpopook sa kalinangan tulad sa kaso ng agham pampolitika (Agpalo 1996), pampublikong administrasyon (Peñalosa 2014) at sosyolohiya (Aquino 2013). Ngunit hindi naging kasing yabong ng mga ito ang Pilipinisasyon na naganap sa sikolohiya, kasaysayan, antropolohiya, at pilosopiya.

Sa pangkat ng mga kilusang Pilipinisasyong ito maihananay ang Teolohiyang Pilipino. Katulad sa kaso ng sikolohiya, kasaysayan, antropolohiya at pilosopiya, Dekada Sitenta rin nagsimulang magsilitawan ang mga akda sa Teolohiyang Pilipino. Malinaw ang kaugnayan ng mga pantas ng Teolohiyang Pilipino sa iba pang kilusang Pilipinisasyon. Halimbawa, si Mercado ay isa sa mga kasaping tagapagtatag ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) ni Enriquez, kasama si Salazar. Siya ang nagsilbing patnugot ng *Filipino Religious Psychology* (Mercado 1977) na kaulatan ng isa sa mga maagang pambansang kumperensya ng PSSP. Sa pagsulat ng disertasyon ni Melba Padilla Maggay (2002) – isang mahalagang teologong matatalakay din mamaya – tumayong *panel* niya sina Salazar at Covar. Sa teksto, talahuli at bibliograpiya naman ng mga akda ni de Mesa (de Mesa et al 2017, 4; de Mesa 2016, 351-352; de Mesa 2003, 184, 190-191, 204-205) ay makikita ang pagsipi niya sa kaisipan nina Salazar, Enriquez, Covar, at Mercado.

Likas lamang na maaasahan ang ganitong pagsipi sapagkat kaiba sa tradisyunal na Kanluraning teolohiya na tila purong metapisikal ang laman ng pagteteolohiya, mas nakapook sa kalinangan ang Teolohiyang Pilipino. Hindi preokupasyon ng Teolohiyang Pilipino ang pagbusisi sa isang abstraktong “unibersal” na teolohiyang hiwalay sa anumang kalinangan. Nakatuon ito sa teolohiya ng isang partikular na kalinangan – ang kalinangan ng Kapilipinuhan. Dahil dito, pangkaraniwan lamang na talagang babatay ang mga tagapagtaguyod ng Teolohiyang Pilipino sa mga pananaliksik na nabubuo ng mga pantas sa agham panlipunan. Maaasahan na anumang pag-unlad na magaganap sa larangan ng agham panlipunan sa Pilipinas ay magkakaroon ng tuwiran o ‘di-tuwirang epekto sa direksyon ng Teolohiyang Pilipino.

Maaaring gamiting ilustrasyon dito ang pagkakaiba ng pananaw sa kalinangang Pilipino ng dalawang teologo – sina Vitaliano Gorospe (edad 96) at Melba Padilla Maggay (edad 70). Kinakatawan ng kanilang mga sulatin ang dalawang magkaibang yugto sa pananaliksik ng halagahing Pilipino at ang epekto nito sa Teolohiyang Pilipino. Noong 1960s, sa pangunguna ng sosyolohistang si Frank Lynch ay naglunsad ng samu’t saring pag-aaral ang Institute of Philippine Culture (IPC) ng Ateneo de Manila University ukol sa halagahing Pilipino. Naging talamak ang publikasyon sa mga halagahing Pilipino tulad ng pakikisama, hiya, utang na loob, ningas kugon, rehiyunalismo, at mentalidad na bahala na. Sa pamamagitan ng mga pananaliksik ng IPC ay lumitaw ang konklusyon na ang mga ganitong negatibo at tradisyunal na halagahing Pilipino ay bumabangga sa mga modernong institusyong mula sa Kanluran, at ito ang dahilan ng

samu't saring suliranin ng lipunan at pulitikang Pilipino tulad ng pulitikang patronahe, sistemang palakasan, at sabwatan ng mga kapitalista't pamahalaan (David 2017, 162-163). Sa ganang ito, ang kalinangang Pilipino ang itinuturong salarin sa pagiging atrasado ng Pilipinas, at kailangan itong baguhin upang maging matagumpay ang modernisasyon ng bansa.

Pagsapit ng 1970s, ipinanganak ang Sikolohiyang Pilipino (SP) ni Enriquez sa Unibersidad ng Pilipinas, na may naiibang pagtakay sa halagahing Pilipino. Sa isang sentido, ang SP ay lumitaw bilang reaksyon sa negatibong paghusga ng IPC sa halagahing Pilipino (Tan 1997). Ani mismo ni Enriquez (1992, 72):

These studies usually conclude by identifying supposed Philippine values and patterns of behavior. More often than not, however, these studies fail to see the values in terms of the Filipino world view, experience, and milieu. The organization and logic of the values as it is viewed from the indigenous perspective is ignored.

Kadalasang mapanghusga sa kalinangang Pilipino ang mga pananaliksik na lumitaw noong 1960s, lalo pa dahil ang mga konsepto, metodo at pananaw na kanilang ginagamit ay nagmula sa Kanluran. Sa katunayan, ang mga pananaliksik nina Lynch ay lalo pang nakapagpausad sa neokolonyal na interes ng Estados Unidos sa Pilipinas (Veric 2020, 64-72). Sa pamamagitan ng mga pananaliksik ng IPC, nasusugan ang paniniwalang kailangan ng tulong ng Pilipinas mula sa mga Amerikano, dahil depektibo ang sarili nating kalinangan (kahit pa alam naman natin na kolonyalismo ang pangunahing salarin kung bakit napadpad ang lipunang Pilipino sa kasalukuyang masalimuot na sitwasyon nito). Taliwas dito, nagsagawa ang SP ng samu't saring pananaliksik na umuunawa sa halagahing Pilipino batay sa sariling lohika ng kalinangang Pilipino at may pagpapahalaga sa wikang Filipino bilang batis ng pagdadalumt. Nabigyan ng positibong interpretasyon ang ilang halagahing ipinagpapalagay na negatibo. Halimbawa, ang “bahala na” – na binibigyang-kahulugan ng IPC bilang marka ng pagpapaubaya sa tadhana at kawalan ng kakayahang maghanda – ay talagang tumutukoy sa pagpapahalaga nating mga Pilipino sa kapanagutan (Salazar 1989, 54). Kapag sinabi ng Pilipino na “bahala na”, hindi niya isinusuko sa tadhana ang mangyayari. Sa halip, inaako niya ang pananagutang magpatuloy kahit parang wala nang pag-asa. Sa halip din na hiya, pakikisama, at utang na loob, ibinaling ni Enriquez ang atensyon ng SP sa mga itinuturing niya na totoong sentro ng halagahing at pagkataong Pilipino tulad ng konsepto ng “kapwa” (Enriquez 2007, 23-33).

Ang dalawang direksiyong ito ng pananaliksik sa halagahing Pilipino ay nagkaroon ng dalawang magkaibang epekto sa Teolohiyang Pilipino. Sa isang banda, makikita ang bisa ng IPC sa sulatin ng mga naunang tagapagtaguyod ng Teolohiyang Pilipino tulad ni Vitaliano Gorospe. Halimbawa, sa kanyang sanaysay na *Power and Responsibility: A Filipino Christian Perspective* (Gorospe 1988, 18-20), madiin ang kanyang pagbibigay-pansin sa mga negatibong halagahing Pilipino tulad ng hiya, pakikisama, utang na loob, at ugali ng mahina na dumipende sa malakas (relasyong patron-kliyente).

Taliwas kay Gorospe, mas positibo ang turing sa kalinangang Pilipino ng sumunod na henerasyon ng mga tagapagtaguyod ng Teolohiyang Pilipino, tulad ni Melba Padilla Maggay. Kung sina Gorospe ay impluwensyado ng mga pananaliksik ng IPC noong 1960s, mas nakakatig sina Maggay sa mga pag-aaral ng SP noong 1970s (mapapansin ito sa mga pagsipi sa talababa/talahuli at direktang pagbanggit ni Maggay sa SP at mga tagapagtaguyod nito sa ilan niyang akda [Maggay 2002, 58, 65, 98, 107; Maggay 2011, 214, 220-221; Maggay 2013a, 10; Maggay 2013b, 24, 36, 43-44, 46-47]). Bunga nito, mas positibo ang pagturing ni Maggay sa kalinangang Pilipino. Ilustratibo rito ang pagtalakay ni Maggay (2002, 159-171) ukol sa tinaguriang *Filipino time*. Madalas na ipagpalagay natin at ng mga banyaga na ang *Filipino time* ay marka ng kabagalang kumilos ng mga Pilipino at kawalan natin ng pagpapahalaga sa oras. Ngunit ganito ang interpretasyon natin sa *Filipino time* dahil ikinukumpara natin ito sa konsepto ng oras ng mga Amerikano. Bawat kalinangan ay may sariling pananaw ukol sa panahon. Aniya, habang ang mga Amerikano ay nakabatay sa mekanikal na galaw ng relo, organiko ang pananaw nating mga Pilipino sa panahon at kumikilos tayo batay sa takbo ng mga pangyayari sa ating paligid. Halimbawa, kapag mayroong pista na gaganapin sa isang probinsya na itinakda ng alas dose ng tanghali, hindi pupunta ang isang Pilipino sa pagdadausan ng piyesta dahil lamang



sumapit na ang alas dose. Ang kanyang pagkilos ay nakabatay sa aktuwal na takbo ng pangyayari sa kanyang paligid tulad ng kung marami na bang tao sa lugar, kung naroon na ba ang kanyang mga kakilala, kung hindi ba biglang umulan, o kung magsisimula na talaga ang okasyon.

Kung tutuusin, totoo naman talaga na mayroong mga negatibong aspekto ang kalinangang Pilipino, dahil anumang kalinangan ay may taglay na kanya-kanyang kalakasan at kahinaan. Ngunit paliwanag ni de Mesa (2003, 119-123), para sa isang lipunang mayroong napakahabang kasaysayan ng kaapihan at pambubusabos, hindi makatutulong ang labis na pagtuon sa mga negatibong aspekto ng kanilang kalinangan. Nasa yugto tayo ng unti-unting pagbabangon ng ating dangal bilang isang bayan. Kaya naman aniya, sa halip na *hermeneutics of suspicion*, mas angkop para sa kasalukuyang yugto ng ating kasaysayan ang *hermeneutics of appreciation*, isang uri ng interpretasyon na mas magalang sa kalinangan dahil ang layunin nito ay ang pagsasakapangyarihan sa taumbayan.

Makikita sa mga ito na malaki ang bisa ng mga pananaliksik sa agham panlipunan sa direksyon ng Teolohiyang Pilipino. Ang isang uri ng agham panlipunang mapanghusga sa kalinangang Pilipino ay magbubunga ng isang uri ng teolohiya na may negatibong pananaw sa kalinangang Pilipino. Sa kabaliktaran, ang isang agham panlipunang may pagpapahalaga sa kalinangang Pilipino ay magluluwal din ng isang teolohiyang may positibong dulog sa kalinangang Pilipino. Sa ganang ito mauunawaan ang bisa ng iba pang kilusang Pilipinisasyon – tulad ng Sikolohiyang Pilipino, Pantayong Pananaw, Pilipinolohiya at Pilosopiyang Pilipino – sa paglago ng Teolohiyang Pilipino.

Ang inkulturasyon ng Ikalawang Konsehong Vaticano noong 1962 hanggang 1965 at ang Pilipinisasyon ng Dekada Sienta ay ang maituturing nating batayan ng isang teolohiyang malaya. Nakatulong ang dalawang ito sa pag-usbong ng isang teolohiyang nagpupumiglas mula sa tradisyunal na teolohiyang Kanluranin. Dahil sa inkulturasyon at Pilipinisasyon ay napagtanto ng ilang Pilipinong teologo ang katotohanang ipinapahayag ng pamagat ng aklat na *Anumang Hiram, Kung Hindi Masikip ay Maluwang: Iba't Ibang Anyo ng Teolohiyang Pumipiglas* (Velunta 2006). Dumating sa kanila ang reyalisasyon na hanggat nananatiling hiram ang kanilang tradisyong teolohiko, hindi ito magkakaroon ng saysay sa lipunang Pilipino. Samantala, ang dalawa pang tradisyon na tatalakaying sunod ay ang batayan naman ng teolohiyang mapagpalaya – ang kontekstuwalisasyon at *liberation theology*.

Tulad ng paglitaw ng inkulturasyon sa hanay ng mga Katolikong teologo, mayroon ding isang bagong uri ng pagteteolohiya na natuklasan ng mga Ebanghelikal na teologo sa ikalawang bahagi ng ikadalawangampung dantaon – ang kontekstuwalisasyon. Una itong ginamit sa teolohiya noong 1972, nang mailimbag ang publikasyong *Ministry in Context* ng World Council of Churches-Theological Education Fund o WCC-TEF (Gener 2004, 135). Ang teologong Taiwanese na si Shoki Coe, Pangkalahatang Direktor ng WCC-TEF, ang nanguna sa popularisasyon ng terminong ito. Lalo pang lumaganap ang kontekstuwalisasyon nang gamitin ang terminong ito sa *Lausanne Congress on World Evangelization* noong 1974, isang pandaigdigang pagpupulong ng napakaraming Ebanghelikal na misionero mula sa iba't ibang bansa (Tano 1981, 44). Bagaman tinatangap ni Coe ang kahalagahan ng inkulturasyon, para sa kanya ay hindi ito sapat. May tendensya umano ito na tumuon lamang sa katutubong kalinangan ng nakalipas at may panganib na ipagwalang-bahala ang kasalukuyang konteksto ng isang lipunan. Liban sa katutubong kalinangan, dapat din daw na isaalang-alang ang kontemporaryong mga isyu na kinakaharap ng Ikatlong Daigdig tulad ng modernisasyon, sekularisasyon, industriyalisasyon, migrasyon, kapitalismo, kahirapan, kasarian, kalikasan, at marami pang iba. Yamang mabilis ang pagbabagong pinagdadaanan ng bawat lipunan, hindi maaaring manatiling nakatutok sa tila 'di-nagbabagong kalinangan ang mga teologo. Ito ang dahilan kung bakit nila piniling gamitin ang terminong “kontekstuwalisasyon.” Taliwas sa inkulturasyon na nakatuon lamang sa kultura, mas malawak ang kontekstuwalisasyon dahil binubusisi nito ang iba't ibang umiiral na konteksto sa isang lipunan, ito man ay kontekstong panlipunan, pampulika, pang-ekonomiya, o iba pa (Bevans 2003, 26-27).

May naiibang uri ng hermeneutika o paraan ng pag-interpretar sa Biblia ang kontekstuwalisasyon kung ikukumpara sa tradisyunal na hermeneutika ng Kanluraning teolohiya.

Sa tradisyunal na hermeneutika, ang binibigyan lamang ng tuon ay ang kontekstong pangkasaysayan ng lipunang kinabibilangan ng mga may-akda ng Biblia. Halimbawa, kapag babasahin ang Mabuting Balita ni Mateo, pinag-aaralan ang kaligirang pampulika, pang-ekonomiya, at pangkultura ng lipunang Hudyo na kinabibilangan ni Mateo, upang mainterpreta nang maayos ang kanyang sinulat. Ngunit hindi ito sapat. Sa proseso ng hermeneutika, hindi lamang ang nakaraang konteksto ng mga may-akda ng Biblia ang umiiral. Mahalagang bahagi rin sa proseso ng hermeneutika ang kasalukuyang kontekstong kinalalagyan ng mga mambabasa ng Biblia (Tano 1981, 58-61). Sa tradisyunal na hermeneutika, ipinagpapalagay na ang mambabasa ay nagtataglay ng isang obhektibong pag-iisip, tila isang basong walang laman na nag-aantay lamang mapunan ng mga kahulugan na magmumula sa Biblia. Inaakala na kapag may sapat na kaalaman sa mga wika at kasaysayan ng Biblia ang iba't ibang mambabasa ay pare-pareho na sila ng kahulugang mahuhukay mula sa Biblia.

Subalit matagal nang nagsilitawan ang napakaraming akda sa epistemolohiya na nagpapakitang tayong mga tao ay hindi mga obhektibong umaalam (Carson 1996, 65-77). Nagkakaroon tayo ng pagkakaiba-iba sa persepsyon sa katotohanan, dahil ang ating persepsyon ay hinuhubog ng iba't ibang kontekstong ating kinabibilangan, tulad ng wika, kalinangan, uring panlipunan, kasarian, edukasyon, pamilya, bansa, at marami pang iba (Phillips 2019, 25-26). Halimbawa, ang isang teologong nagmula sa isang mahirap na bansa sa Ikatlong Daigdig ay malamang na maging mas sensitibo sa mga aral ng Biblia ukol sa katarungang panlipunan, kaysa sa isang teologong gitnang uri na may mariwasang buhay sa Estados Unidos. Kapag binasa ng isang Amerikanong Kristiyano ang mga talata sa Lumang Tipan kung saan binabatikos ng mga propeta ang mga inhustisya sa Israel, nasa antas lamang ng teorya ang kanyang pagbasa. Ngunit kapag isang Kristiyano mula sa uring magsasaka o manggagawa ang nagbasa ng mga tekstong ito, mas magiging makabuluhan ito sa kanya dahil ang mga inhustisyang binabanggit dito ay kanyang pang-araw-araw na karanasan. Hindi matatakan ang reyalidad ng konteksto ng mambabasa sa proseso ng hermeneutika. Yamang walang mambabasa na walang kinabibilangang konteksto, wala ring uri ng pagbasa na walang subhektibidad. Kung gayon, dapat na siryosohin ang isyu ng kasalukuyang mga konteksto sa proseso ng pagteteolohiya.

Nangangahulugan din ang mga ito na walang uri ng teolohiya na hindi kontekstuwal. Isa sa mga tendensya ng mga Kanluraning teologo ay ang magkaroon ng paghinala sa mga kontekstuwal na teolohiya tulad ng Teolohiyang Asyano, Teolohiyang Aprikano, at Teolohiyang Latino-Amerikano. Nababahala sila na mahulog sa singkretismo ang mga teolohiyang ito, na labis na ang maging tuon ng mga ito sa kani-kanilang konteksto. Ngunit kung tutuusin, ang Kanluraning teolohiya ay isa rin namang uri ng kontekstuwal na teolohiya, na hinubog ng kontekstong Greko-Romano. Ani nga ni Stephen Bevans (2003, 3):

There is no such thing as “theology”; there is only *contextual* theology: *feminist* theology, *black* theology, *liberation* theology, *Filipino* theology, *Asian-American* theology, *African* theology, and so forth. Doing theology contextually is not an option, nor is it something that should only interest people from the Third World, missionaries who work there, or ethnic communities within dominant culture. The contextualization of theology – the attempt to understand Christian faith in terms of a particular context – is really a theological imperative. As we have come to understand theology today, it is a process that is part of the very nature of theology itself.

Ganito rin ang tindig ni Andrew Walls (1990, 19):

No one ever meets universal Christianity in itself; we only ever meet Christianity in a local form, and that means a historically, culturally conditioned form. We need not fear this; when God became man, He became historically, culturally conditioned man, in a particular time and place. What he became, we need not fear to be. There is nothing wrong with having local

forms of Christianity – provided that we remember that they are local.

Mabilis na kumalat ang ganitong paniniwala sa hanay ng mga Ebanghelikal na teologo sa iba't ibang panig ng daigdig, at tulad sa ibang bansa, nagsimula itong pumasok sa kamalayan ng mga Ebanghelikal sa Pilipinas. Isa sa maituturing na kauna-unahang aklat ukol sa kontekstuwalisasyon na nailimbag sa bansa ay ang *Theology in Philippine Setting* ni Rodrigo Tano (1981). Ito ay isang eksposisyon sa teolohikal na kaisipan ng ilang piling Pilipinong teologo tulad nina Carlos Abesamis, Catalino Arevalo, Edicio de la Torre, Emerito Nacpil at Vitaliano Gorospe. Ayon kay Tano, ang kanilang mga teolohikal na kaisipan ay kolektibong bumubuo sa isang kontekstuwal na teolohiya sa Pilipinas. Ngunit matapos ang pagkakalimbag ng mapanghawang-landas na akdang ito ni Tano ay hindi na niya ito nasundan ng iba pang aklat na nagtatangkang paunlarin ang kanyang teoretisasyon ukol sa kontekstuwalisasyon. Mayroon na lamang siyang naisulat na manaka-nakang mga sanaysay sa iba't ibang dyornal at aklat na inuulit ang ilang mga punto na una na niyang nailahad noong 1981. Kalaunan, tinipon ni Romel Bagares ang mga sanaysay na ito at inilimbag sa ilalim ng titulong *This Complicated and Risk Task: Selected Essays on Doing Contextual Theology from a Filipino Evangelical Perspective* (Tano 2006). Ang maituturong dahilan marahil kung bakit kaunti lamang ang kanyang naisulat ukol sa kontekstuwalisasyon ay ang kanyang kaabalahan sa iba niya pang gampanin, tulad ng pagiging pangulo o dekano ng iba't ibang paaralan tulad ng Ebenezer Bible College, Alliance Biblical Seminary, at Asia Graduate School of Theology, pagkakaroon ng administratibong posisyon sa mga organisasyon tulad ng Philippine Association of Bible and Theological Schools, Asia Theological Association, at Philippine Council of Evangelical Churches, liban pa sa pagiging obispo ng kanyang denominasyon.

Ngunit may mga mas nakababatang Ebanghelikal na teologong nagpatuloy sa sinimulang adhikain ni Tano sa kontekstuwal na Teolohiyang Pilipino. Ang maituturing na pinakaprominente sa mga ito ay si Melba Padilla Maggay. Nakaugalian na ni Maggay na magbigay ng pagtatatwa sa ilan niyang sulatin na hindi siya isang teologo (Maggay 1988, 62; Maggay 2004, 17). Sa isang banda, marahil ay dahil ito sa kawalan niya ng pormal na digri sa teolohiya (ang kanyang mga nakamit na digri ay BA Mass Communication, MA English Literature, at PhD Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas). Ngunit sa kabilang banda ay maaaring mas malalim kaysa rito ang dahilan ng pagtatatwa ni Maggay, tulad ng opinyon ni Andrea Roldan (2018, 26):

It is popularly said that Maggay dislikes being called a theologian, having perhaps in mind arm-chair theologians holed up in their academic offices with a narrow window to the world.

Ang kontekstuwal na teolohiya ni Maggay ay hindi lamang isang teolohiyang nakasulat sa aklat, kundi isang teolohiyang isinasabuhay. Siya ang pangulo ng Institute for Studies in Asian Church and Culture (ISACC), isang organisasyon na bukod sa paglilimbag ng samu't saring pag-aaral ukol sa kontekstuwal na teolohiya ay nagsasagawa ng mga panlipunang programa na tumutulong sa mga mahihirap at api. Naitatag ang ISACC noong 1978 bilang reaksyong sa kaguluhang dala ng diktadurang Marcos. Sa kasagsagan ng Himagsikan ng Kapangyarihang Bayan sa EDSA noong 1986, sa pangunguna ni Maggay ay pinaanyayahan ng ISACC ang iba't ibang simbahang Ebanghelikal na sumama sa EDSA upang labanan ang diktador (Maggay 2004, 108-118). Hanggang sa kasalukuyan ay aktibo ang ISACC sa pagkilos tuwing mayroong umiiral na paniniil mula sa estado. Halimbawa, sa gitna ng rebisyonistang kasaysayan ng rehimeng Duterte na nagtatangkang pagandahin ang alaala ng diktador, inilimbag ng ISACC ang akdang *Dark Days of Authoritarianism: To Be in History* (Maggay 2019), na koleksyon ng personal na naratibo ng ilang mga indibiduwal ukol sa kanilang karanasan sa ilalim ng Batas Militar. Sa kasalukuyang panahon ng pandemya, naglunsad din ang ISACC ng serye ng mga *webinar* (mga panayam sa *social media*) ukol sa samu't saring makabuluhang kontemporaryong paksa tulad ng awtoritarianismo, demokrasya, aktibismo, kagutuman, depresyon, malayang pamamahayag,

pulitikal na pagbatikos, at marami pang iba. Ang lahat ng ito ay kanilang tinalakay na may kalakip na repleksyon mula sa Kristiyanong pananaw.

Sistematikong inilatag ni Maggay ang kanyang kaisipan ukol sa Kristiyanong pakikilahok sa katarungang panlipunan sa kanyang *Transforming Society* (Maggay 2004). Naglahad siya rito ng tipolohiya ng Kristiyanong pakikilahok sa lipunan, kung saan ipinangkat niya sa ilalim ng apat na kategorya ang samu't saring panlipunang pagkilos ng mga Kristiyano sa agos ng kasaysayan ng simbahan (Maggay 2004, 64-92). Ang una – na tinatawag niyang *community model* – ay isang dulog kung saan nilalayong magdulot ng pagbabago ng mga Kristiyano, hindi sa pamamagitan ng tuwirang pakikialam sa lipunan bagkus ay sa pamamagitan ng banal na pamumuhay bilang isang komunidad. Inaasahan nila na sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malinis na pamumuhay ay magsisilbi silang ilaw at asin sa mas malawak na lipunan, na hahantong sa unti-unting pagbabago nito. *Cultural consensus model* ang ikalawang dulog, na naniniwalang magiging epektibo ang impluwensya ng simbahan sa lipunan kung papalaganapin ang Kristiyanong pananaw-pandaigdig sa iba't ibang sektor ng pamumuhay tulad ng sining, agham, agham panlipunan, pilosopiya, pulitika, negosyo, at iba pa. Ang ikatlong modelo ay tinawag ni Maggay na *power relations model*. Sa ilalim ng kategoryang ito ay nakapaloob ang mga Kristiyanong naniniwala na istruktural ang suliranin – kaya maraming naghihirap ay dahil hindi patas ang distribusyon ng kapangyarihan sa lipunan. Kaya naman sistematiko rin ang kinakailangang lunas. Kailangan ng malawakang reorganisyong sosyo-ekonomiko upang makabuo ng isang makatarungang lipunan. Ang panghuling kategorya ay ang *compassion model*, ang maituturing marahil na pinakapamilyar na modelong alam ng mga Kristiyano. Tumutukoy ito sa paglulunsad ng simbahan ng mga programang pangkawang-gawa tulad ng pagpapakain sa mga nagugutom, pagbibigay ng serbisyong medikal, planong pangkabuhayan, at pagtuturo sa mga batang walang kakayahang pumasok sa pormal na paaralan. May kanya-kanyang kalakasan at kahinaan ang bawat modelong ito, at naniniwala si Maggay na sa halip na paglaban-labanin ang mga ito, mas mainam na sabay-sabay itong isagawa ng mga Kristiyano na iisa lang naman ang layunin – ang mailantad sa lipunan ang pag-ibig ng isang makatarungang Diyos.

Sa kasalukuyan ay marami nang mga paaralang pang-Biblia at seminaryong Ebanghelikal na nagtataguyod ng kontekstuwalisasyon. Isa sa nangunguna sa mga ito ay ang Asian Theological Seminary (ATS). Noong 2017, inilunsad ng ATS ang *PhD Contextual Theology*, ang kauna-unahang doktorado sa kontekstuwal na teolohiya sa buong bansa. Ilang taon na ring ipinagpupunyagi ng ATS ang kontekstuwalisasyon. Mula 2005 ay nagsimulang magpasinaya ang ATS ng taunang kumperensya ukol sa kontekstuwal na teolohiya, na kalaunan ay inilalathala nila bilang aklat. Ngunit sa serye ng walong aklat na kanilang inilimbag, isa lamang ang ukol sa kontekstuwal na Teolohiyang Pilipino – ang *Doing Theology in the Philippines* (Suk 2005). Ang mga sumunod dito ay patungkol na sa samu't saring isyu sa mas malawak na Teolohiyang Asyano tulad ng pakikipagdayalogo sa ibang relihiyon (Gorospe 2006), mga espirituwal na kapangyarihan (Bautista et al 2007), kahirapan (Wanak 2008), pangangalaga sa kalikasan (Gener at Gorospe 2011), espirituwalidad (Ringma at Hollenbeck-Wuest 2014), migrasyon at globalisasyon (Ringma et al 2015), at mga sakuna (Gorospe et al 2017).

May isang tradisyong teolohiko na mas matanda ng isang dekada kaysa sa kontekstuwalisasyon, na unang nagpakilala sa mga teologo ukol sa napakalaking halaga ng katarungang panlipunan sa pagteteolohiya. Lumitaw sa rehiyong Latino Amerikano noong 1960s, naging tanyag ito sa taguring *liberation theology*. Isinilang ang *liberation theology* bilang reaksiyon sa napakalubhang sosyo-ekonomikong kalagayan ng lipunang Latino Amerikano, dulot ng piyudalismo, kapitalismo, neokolonyalismo, at mga represibong estado. Liban sa pagbibigay-daan sa inkulturasyon, Ang mga dokumento rin ng Ikalawang Konsehong Vaticano ang naging palabinhian ng mga kaisipan ukol sa panlipunang gampanin ng simbahan. Bilang tugon sa panawagan ng konseho, naganap ang makasaysayang pagpupulong ng mga Latino Amerikanong obispo sa Medellin, Colombia noong 1968 (Dyrness 1990, 80). Nagbunga ito ng paglalabas nila ng isang pormal na deklarasyong kumokondena sa patuloy na paghahari ng mga banyagang imperyalistang bansa, na siyang dahilan ng patuloy na paghihirap ng rehiyon. Ang pagpupulong na ito sa Medellin ang itinuturing ng marami bilang panahon ng kapanganakan ng *liberation*

*theology*. Ngunit ang unang aktuwal na pagbanggit sa terminong ito ay matatagpuan sa isang panayam na ibinahagi sa Switzerland noong 1969 ng paring Peruvian na si Gustavo Gutierrez (Dyrness 1990, 80), dahilan kung bakit tinatagurian siya ng ilang manunulat bilang ama ng *liberation theology*. Pinalawak ni Gutierrez ang panayam na ito at inilimbag bilang isang aklat, ang *A Theology of Liberation* (Gutierrez 1988), na unang lumitaw sa wikang Espanyol noong 1971. Ang aklat ni Gutierrez ang nagsilbing unang pormal na manipesto ng kilusang *liberation theology* sa Latin Amerika. Sa aklat na ito ay inugat niya ang pagsisimula ng *liberation theology*, ang pagkakaiba nito sa tradisyunal na teolohiya, ang mga pangunahing prinsipyo't paniniwala nito, at ang unti-unti nitong pag-unlad sa rehiyon. Sa sumunod na mga taon, ang *A Theology of Liberation* ni Gutierrez ay nasundan ng pagkakalimbag ng mga akda ukol sa *liberation theology* ng iba pang mga teologo sa Latin Amerika tulad nina Leonardo Boff ng Brazil, Juan Segundo ng Uruguay, at Jon Sobrino ng El Salvador (Murray 1993, 108).

Naging mabilis ang paglaganap ng *liberation theology* sa labas ng Latin Amerika hanggang sa makarating ito sa mga bansa sa Asya at Aprika. Sa partikular, ang masalimuot na kalagayang panlipunan ng Pilipinas sa ilalim ng diktadurang Marcos, na may pagkakahawig sa karanasan ng mga Latino Amerikano, ang dahilan kung bakit hindi nakapagtataakang naging matabang lupa ang lipunang Pilipino para sa pagdating ng *liberation theology* sa bansa noong 1970s (Rufo 2013, 162). Ani ni Robert Youngblood (1990, 70), maraming ebidensyang nagpapakita ng malaganap na impluwensya ng *liberation theology* sa Pilipinas – nariyan ang mga deliberasyon ng Latin American Episcopal Conference at iba pang materyales galing Latin Amerika na matatagpuan sa mga akademikong dyornal sa Pilipinas, at sulatin ng mga Pilipinong teologo at pari na sumasalamin sa mga kaisipan ng *liberation theology*. Sa nabanggit nang aklat ni Tano (1981) ukol sa kontekstual na teolohiya sa Pilipinas, apat sa limang teologong kanyang tinalakay ay nanguna sa pagpopook ng *liberation theology* sa konteksto ng lipunang Pilipino – sina Carlos Abesamis, Catalino Arevalo, Edicio de la Torre, at Emerito Nacpil. Sa apat na ito, ang tila pinakamadala na nababanggit sa mga literatura ng *liberation theology* sa Pilipinas ay si de la Torre, na para kay Jillian Baker (2013, 52) ay maaaring ituring bilang ang katumbas ni Gutierrez sa Pilipinas.

Kasama si Padre Luis Jalandoni, itinatag ni Padre de la Torre noong 1972 ang Christians for National Liberation (CNL), isang organisasyon ng mga pari, madre, seminarista at mga kabataan na nagnanasang ilapat ang kanilang pananampalataya sa pagbabagong panlipunan. Matapos ang pagdedeklara ni Marcos ng Batas Militar, nagpasya si de la Torre at mga kasapi ng CNL na ipailalim ang organisasyon sa kilusang pambansa-demokratiko, na pinamumunuan ng Communist Party of the Philippines (Harris 2006, 84). Dahil sa pagiging aktibo sa gawain ng pagmumulat sa masa at pagtatanggol sa mga magsasaka, isa si de la Torre sa mga dinakip at ikinulong ng diktadura noong 1974. Para kay de la Torre, yamang panlipunan ang suliranin, dapat na humiram ang mga teologo ng metodo ng pagsusuri mula sa agham panlipunan upang maunawaan nang mabuti ang kalagayan ng Pilipinas, yamang ang panlipunang pagsusuri ang unang hakbang tungo sa pagbabagong panlipunan (Tano 1981, 111-112). Dito papasok ang kahalagahan ng Marxismo bilang isang uri ng pagsusuring panlipunan para kay de la Torre. Sa pamamagitan ng mga aral ng Marxismo, mapapagtanto ng teologo na ang kahirapan at mga in hustisyang kanyang napapagmasdan ay malalim na nakaugat sa tunggaliang pang-uri, sa pananamantala ng mga makapangyarihan sa mga walang kapangyarihan.

Naniniwala rin si de la Torre na hindi magkasalungat ang pagiging Kristiyano at pagiging makabayan, dahil ang nasyonalismo bilang pagtuligsa sa pang-aapi ay isang anyo ng pag-ibig sa kapwa at pagpapahalaga sa dignidad nito. Ngunit taliwas sa ibang Marxista at nasyonalista, sa halip na armadong pakikibaka, naniniwala si de la Torre na maaaring makamit ang pagbabago sa pamamagitan ng pagmumulat sa masa at pagmobilisa sa kanila upang magkaisa (Tano 1981, 113-114). Mahigit kumulang limang dekada mula nang simula niyang tahakin ang napiling landas noong 1970s, sumulat si de la Torre ng isang artikulo kung saan nagbabalik-tanaw siya sa kanyang mga napagdaanang karanasan. Mainam na sipiin ang isang bahagi nito, na nagpapakita ng 'di-natitinag na katapatan ni Padre de la Torre sa kanyang prinsipyo bilang isang Pilipinong Kristiyanong aktibista:

After 50 years, what do I believe in? I believe in the Incarnation as central to my understanding of my Christian faith. As in the beginning of my theological journey, I believe that we must contextualize our faith in our Philippine reality and culture . . . I believe in exercising a “preferential option for the poor” as a Gospel imperative. This does not only mean taking sides with the poor in their struggles. It also means believing in their potential as human beings and helping them fully develop their potential. I believe in the spirit of the saying attributed to St. Irenaeus of Lyons that the glory of God is human beings fully alive. And in Christ’s words in John 10: “I have come to give life, and life in its fullness.” (de la Torre 2018, 100).

Ang apat na ito – inkulturasyon, Pilipinisasyon, kontekstuwalisasyon, at *liberation theology* – ang maituturing nating mayayamang batis na pinagsalukan ng mga Pilipinong teologo upang makabuo ng isang Teolohiyang Pilipino. Ang magkakaibang pinagmulan, katangian at diin ng apat na ito ang dahilan kung bakit mayroong samu’t saring anyo at direksyon ang Teolohiyang Pilipino bilang isang nagpapatuloy na proyekto sa kasalukuyan. Ang apat din na ito ang matutukoy natin bilang batayang pangkasaysayan ng teolohiyang malaya at teolohiyang mapagpalaya. Tulad ng nabanggit na, ang inkulturasyon at Pilipinisasyon ang batayan ng isang teolohiyang malaya. Ang dalawang ito ang nagbigay ng reyalisasyon sa mga teologo na mahalaga ang kalinangan sa proseso ng pagteteolohiya, at mawawalan ng sagsay para sa mga Pilipino ang teolohiya kung hindi ito ipopook sa kanilang kultura. Habang ang inkulturasyon ay nagtuturo sa kahalagahan ng kalinangan, ang Pilipinisasyon naman ay nagtuturo sa kahalagahan ng pagiging Pilipino. Napagtanto nilang anumang hiram ay masikip o maluwang, kaya naman hindi maaaring makuntento na lamang tayo sa isang angat-patong na uri ng teolohiya. Ito ang nagmulat sa mga teologo sa isang uri ng teolohiyang malaya mula sa Kanluran.

Samantala, ang kontekstuwalisasyon at *liberation theology* naman ang batayang pangkasaysayan ng teolohiyang mapagpalaya. Pinaunawa ng kontekstuwalisasyon sa mga teologo ang kahalagahan ng bawat kontekstong kinapapalooban ng kontemporaryong Kristiyano – ito man ay konteksto ng uri, kasarian, o lahi. Itinuturo nito na bagaman mahalaga ang kalinangan, marami pang konteksto sa kasalukuyan na kailangang isaalang-alang sa pagteteolohiya. Kahawig nito, pinaunawa naman ng *liberation theology* sa mga Pilipinong teologo ang kagyat na kahalagahan ng katarungang panlipunan. Bitbit nito ang katotohanan na ang pagteteolohiya ay hindi lamang basta isang akademiko at teoretikal na gawain. Bagkus, ito ay dapat na maging instrumento upang usigin ang mga ‘di-makatarungang istruktura sa lipunan. Ang payak na dayagramo sa ibaba ay nagbibigay-buod sa mga puntong ito:



Dayagramo 2

Apat na Batis ng Teolohiyang Pilipino bilang Teolohiyang Malaya at Mapagpalaya

**Integrasyon sa Pagitan ng Teolohiyang Malaya at Teolohiyang Mapagpalaya**

Tulad ng nabanggit na, dahil sa magkakaibang batis na pinagmulan ng Teolohiyang Pilipino, nagkaroon ito ng samu’t saring anyo. Ang samu’t saring anyong ito ay maaari nating ipangkat sa

dalawang magkaibang kategorya – ang teolohiyang malaya sa isang banda na may tendencyang gumamit ng pagsusuring pangkalinangan, at teolohiyang mapagpalaya sa kabilang banda na kumakasangkapan sa pagsusuring panlipunan. Magkahiwalay na umunlad at nagkaroon ng sari-sariling direksyon ang dalawa sa agos ng kontemporaryong kasaysayan ng teolohiya sa Pilipinas (de Mesa 2003, 28). Bagaman dapat igtalang ang awtonomiya ng pagsusuring pangkalinangan at pagsusuring panlipunan mula sa isa't isa dahil sa magkakaiba nilang metodo at halagahin, para kay de Mesa (2003, 129) ay dapat na magsagawa ng integrasyon sa pagitan ng dalawa:

Since each type of analysis has something distinctive to offer in the understanding of reality, the suggestion to dialogue has merit and deserves a hearing. A formula like “*in the light of*” can be useful when appended to each of the approaches to reality: Cultural analysis in the light of social analysis and vice-versa. Cultural analysis should be done in such a way that it becomes aware of the fact that what is considered “traditional” and “indigenous” is not necessarily life-giving. If culture is for the enhancement of life, consciousness, and action against death-dealing elements in the culture must be fostered, even if such elements are considered traditional. Moreover, this type of analysis must recognize the presence of conflictual elements within the culture itself . . . Social analysis in the light of cultural analysis will be carried out in a manner that utilizes indigenous cultural constructs rather than importing other models as well as language which are foreign . . . Indigenous culture should not be assumed to be bereft of analytic rationality just because it is not Western.

Samakatuwid, kailangan ng teolohiyang malaya at teolohiyang mapagpalaya na matuto mula sa isa't isa. Sa pamamagitan ng pagkatutong ito maisasagawa ang kanilang integrasyon upang makabuo ng isang malaya at mapagpalayang Teolohiyang Pilipino. Sa ganang ito ay malaki ang matututunan ng Teolohiyang Pilipino sa Sikolohiyang Pilipino. Ayon sa tagapagtatag nito (Enriquez 1992, 33-34), ang Sikolohiyang Pilipino ay isang sikolohiyang malaya at mapagpalaya. Bilang isang sikolohiyang malaya, nilalayan nito ang dekolonisasyon ng diwang Pilipino tungo sa pagbubuo ng isang matatag na bansa. Bilang isang sikolohiyang mapagpalaya, ninanasa nitong makaalpas ang sikolohiya sa pagiging isang uri ng obhektibong agham na ang layunin lamang ay teoretikal at akademiko. Kumikiling ito sa isang sikolohiyang maaaring maging kasangkapan para sa pagtataguyod sa kapakanan ng mga mahihirap na bansa ng Ikatlong Daigdig tulad ng Pilipinas. Hindi kuntento ang Sikolohiyang Pilipino sa pagiging isang sikolohiyang malaya mula sa Kanluran. Para sa mga tagapagtataguyod nito, ang pagpiglas sa Kanluraning sikolohiya ay unang hakbang pa lamang. Matapos ang pagpiglas mula sa mga dating mananakop, kailangan nitong tulungan ang sambayanang Pilipino sa patuloy nitong pagpupumiglas laban sa iba't ibang uri ng pang-aapi, na kadalasan ay isinasagawa mismo ng mga kapwa Pilipino – mga oligarko at pulitikong nagsasabwatan sa pagsasamantala sa bayan. Subalit hindi rin naman maaari na umiral ang isang sikolohiyang nagpapalaya nga sa bayan ngunit nananatili namang nakagapos sa mga konsepto, teorya, metodolohiya at pananaw ng Kanluran. Hindi payag ang Sikolohiyang Pilipino na maging malaya lamang, o mapagpalaya lamang; kinakailangang sabay na umiral dito ang pagiging malaya at mapagpalaya.

Ganito rin ang marapat na asamin ng mga tagapagsulong ng Teolohiyang Pilipino. Siryosong usapin ang integrasyon sa pagitan ng teolohiyang malaya at teolohiyang mapagpalaya, dahil sa katunayan ay mapanganib kapwa ang teolohiyang malaya ngunit hindi mapagpalaya, at teolohiyang mapagpalaya ngunit hindi malaya. Bagaman nabanggit sa unang bahagi ng sanaysay na ang isang teolohiyang malaya ay mas malamang na magresulta sa isang teolohiyang mapagpalaya (taliwas sa teolohiyang kolonyal na nagluluwal ng teolohiyang konserbatibo), posibleng umiral ang teolohiyang malaya at teolohiyang mapagpalaya nang magkahiwalay at magkasalungat sa isa't isa.

Ang teolohiyang malaya (may pagsusuring pangkalinangan) ngunit hindi mapagpalaya (walang pagsusuring panlipunan) ay isang uri ng teolohiya na nakawala na sa Kanluraning pagkakagapos, nakaangkop na sa kulturang Pilipino, ngunit hindi naman nangingialam sa mga kasalukuyang isyung panlipunan. Mananatili paring walang saysay ang ganitong uri ng teolohiya sa Pilipinas. May tendencya ang ganitong uri ng teolohiya na ituon ang buong atensyon sa neokolonyalismo/imperyalismo (hal. Amerikano o Tsino), mga banta mula sa labas ng bansa,



ngunit nagiging bulag sa mga pang-aaping isinasagawa ng mga makapangyarihang kapwa Pilipino sa loob ng bansa (hal. mapaniil na pamahalaan laban sa mga mamamayan, mga gahamang korporasyon laban sa mga manggagawa, mga mararahas na kalalakihan laban sa mga kababaihan, mga mapagsamantalang nakatatanda laban sa mga bata, mga mapang-abusong tao laban sa kalikasan, mga etnosentrikong Kristiyanong Tagalog/Bisaya laban sa mga Muslim ng Mindanao). Nagagamit minsan ang retorika ng pagkakaisa ng bansa at nasyonalismo laban sa mga banyaga, upang pagtakpan ang pag-iral ng mga mapang-aping elemento sa loob mismo ng bansa (Claudio 2013; Hau 2014, 48-49). Sa ganang ito ay maaari ring kasangkapin ng mga makapangyarihan sa lipunan ang Teolohiyang Pilipino bilang teolohiyang malaya para mapanatili ang mga mapang-aping sistema sa bansa.

Magandang ilustrasyon dito ang tendensya sa kasalukuyan ng ilang nasyonalistang intelektuwal na gamitin ang pagsusuring pangkalinangan upang bigyang-katwiran ang mga programa at aksyon ng rehimeng Duterte. Una nang nabanggit na isa sa mga kilusang Pilipinisasyon na umusbong noong Dekada Sitenta ay ang Pantayong Pananaw na pinasimulan ni Zeus Salazar sa larangan ng kasaysayan. Isa sa mga prominenteng tagapagsulong nito ay si Vicente Villan ng UP Departamento ng Kasaysayan, na sa kasalukuyan ay isa sa mga masugid na tagasuporta ng administrasyong Duterte (taliwas sa tindig ni Salazar at iba pang tagapagsulong ng Pantayong Pananaw laban kay Duterte). Bagaman hindi pa isinusulat ni Villan ang kanyang mga kaisipan ukol sa rehimeng Duterte sa anumang pormal na publikasyon, hayagan at sistematiko ang kanyang mga paskil sa *social media* ukol dito, gamit ang kanyang *facebook account* na “Madias Ng Mga Pindatos.” Halimbawa, sa pag-alala sa anibersaryo ng kapanganakan ni Andres Bonifacio noong Nobyembre 30, 2020, maraming mga paskil sa *social media* na nagsilitawan mula sa mga progresibong estudyante’t kaguruan. Ang kanilang kasalukuyang aktibismo laban sa rehimeng Duterte ay iniuugat nila sa ‘di-pa-tapos na himagsikan ni Bonifacio, yamang hindi pa natutupad ang pinapangarap niyang isang lipunang Pilipinong puno ng kaginhawaan, katuwiran at katarungan. Bilang tugon sa mga ito ay gumawa rin ng isang paskil si Villan (Madias Ng Mga Pindatos 2020d):

Layunin nina Bonifacio at ng Katipunan na pagbuklurin ang mga Indios, Moros y Ynfiles (IPs ngayon ang tawag) upang maging mga Anak ng Bayan para mabuo ang Republika. Sapagkat nakasalalay lamang sa pagbubuklod ng mga Anak ng Bayan ang kaparaanan para matimawa sila mula sa pagkaalipin. Ibig sabihin, nakatuon sa pambansang integrasyon ang tunguhin ng Katipunan at hindi upang pagwatak-watakin ang bansa sa pamamagitan ng class struggle bilang diwa ng makakaliwang aktibismo. Sa madaling sabi, lihis na lihis ito sa simulaing itinaguyod ni Bonifacio ang pagkaladkad sa kaniya ngayon ng mga woke sa ating panahon. Huwag nating idamay ang malinis, matayog at marangal na pangalan niya sa makitid na ideolohiya at pulitikang itinataguyod.

Makikita natin dito ang domestikasyon ng radikal/rebolusyonyong Bonifacio sa ngalan ng isang konserbatibong Bonifacio na ang layunin lamang ay pagkakaisa ng buong bansa. Malinaw na isa itong taktika upang mahubaran ng lehitimasyong pangkasaysayan ang mga kritikal na boses laban sa pamahalaan. Tulad ng nabanggit na, ang labis na pagbibigay-diin sa pagkakaisa ay isa sa mga panganib ng nasyonalismo, dahil maaari itong magbunga ng pagsasawalang-bahala sa mga tunggalian at kaapihan na umiiral sa pagitan ng mga grupong nakapaloob sa isang bansa. Ang mga kaapihan na dinaranas ng mga sektor tulad ng mga magsasaka, manggagawa, minoryang kultural at kababaihan ay madaling ipagpalagay na sekondarya na lamang, dahil ang pangunahing layunin ay ang kapakanan ng buong bansa. Sa loob ng lohikang ito, madaling sabihin na kalimutan na muna ang “maliliit” na sigalot sa pagitan ng mga Pilipino, dahil ang totoong kalaban ay ang mga imperyalista sa labas ng bansa tulad ng Estados Unidos. May panganib din na gamitin ang retorika ng pagka-Pilipino ng mga nang-aapi upang pagtakpan ang kanilang paniniil. Madaling maikakatwiran na Pilipino rin ang mga kapitalista, panginoong may-lupa, at ang mga pulitikal na pinuno ng bansa, kaya naman hindi sila ang tunay na kalaban. Ang lohika rin na ito ang ginagamit upang tawaging “pasaway”, “rebelde” at “reklamador” ang mga bumabatikos sa pamahalaan. Ipinipinta ng mga nasyonalistang nasa

panig ng administrasyon ang mga kritikal na indibiduwal bilang tagapaghasik ng kaguluhan, dahil pinapagwatak-watak nila ang mga Pilipino na dapat ay magkaisa. Maaalalang pagkakaisa rin ang ginamit na retorika ng diktadurang Marcos upang bigyang-katwiran ang represyon nito sa mga sektor na ipinagpapalagay na banta sa kapakanan ng buong bansa – ang mga aktibistang mag-aaral, mga unionistang manggagawa, at mga Muslim sa Mindanao.

Bukod sa labis na pagtuon sa pagkakaisa, isa pa sa mga kapansin-pansing tendensya ng mga nasyonalistang tagasuporta ng rehimeng Duterte ay ang pagturing sa anumang konseptong ginagamit ng oposisyon laban sa rehimeng Duterte bilang Kanluranin at samakatuwid ay hindi balido sa kontekstong Pilipino. Mauunawaan muli natin ito gamit ang isa pang paskil ni Villan (Madia-as Ng Mga Pintados 2020c) bilang kasong senaryo. Sa isang paskil na pinamagatan niyang *Paglilinanaw sa Maling Unawa at Gamit ng Pasismo sa Pilipinas*, inisa-isa niya ang mga katangian ng isang pasistang estado, batay sa ehemplo ng Italya ni Mussolini at Alemanya ni Hitler: 1. Isang partido lamang na hawak ng pamahalaan ang umiiral, 2. Masugid ang pagtugis at paghuli sa mga bumabatikos sa pamahalaan, 3. Naglalaho ang mga demokratikong institusyon, 4. Ang buong ekonomiya ay hawak ng estado, at 5. Kaliwa't kanan ang mga gradiosong parada at palabas bilang propaganda ng estado. Bilang konklusyon, isinaad niya na yamang hindi umiiral ang mga sitwasyon na ito sa Pilipinas, hindi mailalapat sa atin ang konsepto ng pasismo, at samakatuwid ay mali ang Kaliwa sa pagtawag kay Duterte bilang pasista.

Kailangang linawin na sa hanay ng oposisyon ay walang pagkakasundo kung matatawag na bang pasista si Duterte o hindi. May ilan sa oposisyon tulad ni Walden Bello (2017, 77-78) na naniniwalang maituturing na nating pasista si Duterte, bagaman ang pasismo niya ay hindi identikal sa klasikal na pasismo nina Mussolini at Hitler. Aniya, maituturing nating pasista si Duterte kung ilalarawan natin ang pasista bilang: 1. Karismatikong pinuno na may tendensyang maging awtoritaryo, 2. Humuhugot ng lakas mula sa masa at gitnang uri, 3. Sumasangkot sa sistematikong paglabag sa karapatang pantao, at 4. Nagsusulong ng mga proyektong taliwas sa mga pagpapahalaga ng demokrasya. Gayunman, may iba ring nasa oposisyon na hindi pa handang tawaging pasista si Duterte, tulad ni Claudio (2017) na nagsabing hindi pa nagtataglay ang rehimeng Duterte ng katangian ng isang pasistang pamahalaan tulad ng pagkakaroon ng organisado at marahas na gitnang uri at masa.

Ngunit anu't ano pa man, ang tindig ni Villan ukol sa pasismo ay isa lamang sa marami pang halimbawa ng pagbabansag sa anumang konseptong laban kay Duterte bilang Kanluranin. Katulad din nito ang lohikang ibinato ng isa pang tagapagsulong ng Pantayong Pananaw na si Vicente Angel Ybiernas, na tulad ni Villan ay aktibo rin sa pagpapaskil sa *social media* ukol kay Duterte. Sa isa kong personal na paskil na nagpapaliwanag sa kahalagahan ng pag-iral ng oposisyon bilang pagbabalanse para sa isang malusog na demokrasya, nagbigay ng komento si Ybiernas na galing lamang sa Kanluran ang sistema ng pamahalaang may oposisyon, dahil sa sinaunang pamayanang Pilipino ay wala namang umiiral na oposisyon laban sa pamumuno ng mga datu.

Taliwas dito, ang mga konsepto naman na pabor sa rehimeng Duterte ay mabilis nilang itinuturing na nakapaloob na sa kontekstong Pilipino. Isang halimbawa na rito ang konsepto ng oligarkiya. Noong magtagumpay ang administrasyon sa pagpapasara sa ABS-CBN na pagmamay-ari ng mga Lopez, nagpahayag si Duterte na nagtagumpay siyang pabagsakin ang oligarkiya nang hindi nagdedeklara ng Batas Militar (Esguerra 2020). Marami sa mga tagasuporta ni Duterte ang nagbunyi at naniniwala sa tagumpay ni Duterte laban sa oligarkiya, katulad ni Villan. Ngunit nang sabihin ng ilan sa oposisyon na maging si Duterte ay mayroon din namang mga kaalyadong oligarko sa loob ng pamahalaan, ikinatwiran ni Villan na hindi si Duterte ang nagtalaga sa mga ito, bagkus ay ang taumbayan mismo sa pamamagitan ng paghalal sa kanila (Madia-as Ng Mga Pintados 2020b).

Malinaw din ang paggamit sa ilang mga dalumat mula sa kalinangang Pilipino upang bigyang-katwiran ang ilang aksyon ni Duterte. Nang murahin at insultuhin ni Duterte ang pisikal na hitsura ni Jose Manuel “Chel” Diokno, marami sa oposisyon ang hindi natuwa sa naging asal ng pangulo sa harap ng pambansang telebisyon. Sa isa muling paskil ni Villan (Madia-as Ng Mga Pintados 2020a), sinabi niyang mauunawaan ang naging asal ni Duterte gamit ang Bisayang

dalumat ng “bugoy.” Tumutukoy ito sa isang taong magaling magpatawa, manuya, mangantiyaw, at sa pamamagitan nito ay nagagawa niyang manakot at manindak ng kalaban. Nauunawaan daw umano ng bayan ang naging asal ni Duterte dahil pamilyar sila sa konsepto ng bugoy. Samantala, nagalit naman daw ang oposisyon kay Duterte sapagkat hindi nila nauunawaan ang wika ni Duterte, yamang ang punto-de-bistang moral ng oposisyon ay alinsunod sa wika ng elit.

Makikita sa mga ehemplong ito ang selektibong paggamit sa kalinangang Pilipino upang ipagtanggol ang rehimeng Duterte. Kanluranin ang turing sa mga konseptong ginagamit ng mga kritikal sa pamahalaan tulad ng pasista at oposisyon, ngunit nakapaloob naman sa kalinangang Pilipino ang mga konseptong pabor kay Duterte tulad ng oligarkiya, bugoy, at pagkakaisa. Sumasalamin ang mga ito sa panganib ng isang nasyonalismong may pagsusuring pangkalinangan ngunit walang pagsusuring panlipunan. Kung walang pagbusisi sa mga istrukturang pangkapangyarihan at mga sistema ng pang-aapi, madaling makakasangkapan ang pagsusuring pangkalinangan upang bigyang-katwiran ang kapangyarihan ng mga mapaniil na elemento sa lipunan.

Maaaring ituring ng Teolohiyang Pilipino ang mga puntong ito bilang babala sa panganib na dala ng isang teolohiyang malaya ngunit hindi mapagpalaya. Matututunan natin mula rito na hindi sapat ang teoretisasyon na nakabatay sa mga dalumat ng kalinangang Pilipino, o ang paggamit ng wikang Filipino, dahil ang kalinangan at wikang Filipino ay maaaring makasangkapan ng mga indibiduwal o grupong ang layunin ay taliwas sa mismong kaginhawaan ng bayan. Maaalalang kinasangkapan noon ng diktadurang Marcos ang kalinangang Pilipino upang magkaroon ng bisa sa taumbayan ang kanyang retorikal na pangakong ibangon ang dangal ng Pilipinas bilang isang lahi. Nagpagawa siya ng mga gusaling nakabatay sa arkitekturang Pilipino, sinuportahan ang produksyon ng mga maka-Pilipinong sining at pelikula, at nag-imbiba ng mga intelektuwal mula sa Unibersidad ng Pilipinas upang magsagawa ng mga pag-aaral ukol sa kalinangang Pilipino, magkaroon ng solidong pangkalinangang batayan ang kanyang Bagong Lipunan. Tatlung taon matapos ang Batas Militar, ganito rin ang taktikang ginagawa ng rehimeng Duterte. Napakalinaw ng pagkasangkapan ni Duterte sa kalinangang Pilipino, na makikita sa paggamit niya sa imahe ng ama na dumidisciplina sa mga anak (“Tatay Digong”), husay sa pagkukuwento, pananamit at pagkilos na parang pangkaraniwang tao, pagiging kontra-elit at kontra-Amerikano, at pag-astang parang siga (Sebastian at Santos 2017). Maging ang kanyang paggamit sa komyunalismo ng mga Pilipino laban sa indibiduwalismo ng mga Kanluranin – upang ipagtanggol ang kanyang kampanya kontra droga laban sa mga banyagang kritiko na nababahala sa kalagayan ng karapatang pantao sa bansa – ay may pagkakahawig sa pangangatwiran ni Marcos, noong batikusin siya ng mga banyaga ukol din sa isyu ng karapatang pantao (Marcos 1977).

Ang mga sintomas ng teolohiyang malaya ngunit hindi mapagpalaya ay mapapansin sa ilang mga simbahan sa Pilipinas. Isa na rito ay ang Iglesia ni Cristo (INC). Maipagmamapuri ang pagiging maunlad ng INC sa usapin ng paggamit ng wikang pambansa. Ani nga ni Salazar (2000, 239-240):

Mas maunlad tungo sa pagsasa-Pilipino/pagiging Pilipino kapwa kaysa sa mga konserbatibong anyo/hanay na ito ng protestantismo at laluna kaysa sa “Marxismo” ang ilang sekta/simbahang “Protestante” o “di-Katoliko” gaya ng Iglesia ni Cristo (INC) na nakaugat na sa Kapilipinuhan hindi lamang sa wika at talastasan kundi gayundin sa doktrina at batayang teolohiya, bunga ng maagang pagkakasalin ng Bibliya sa Tagalog . . . Mababanggit ang pangyayaring ang mga banyagang nais maging ministro ng INC sa kani-kanilang bansa ay dapat/kailangang mag-aral ng Tagalog o P/Filipino dahil nga sa nasa wikang ito ang Doktrina at mga batayang kasulatan.

Kapag nangangaral ang ministro, tumutugon sila sa pamamagitan ng pagsasabi ng “opo” o “siyanga po.” Tinatawag nila ang isa’t isa na “kapatid.” “Manggagawa” o “boluntaryo” ang taguri sa mga nagtuturo ng katekismo. Ang mga ministro na saklaw ng iisang dibisyon ay nakapailalim sa “tagapamahala,” habang ang mga ito naman ay nasa ilalim mismo ni Ka Manalo. Ang pag-aaral naman ng salita ng Diyos ay tinatawag nilang “pagbubulay-bulay” (Guanzon 1977, 129-130).

Gayunpaman, sa kabila ng pagkakaugat ng INC sa kalinangang Pilipino at maunlad na paggamit ng wikang pambansa, kapansin-pansin ang tendensya nitong kumatig sa mga pinunong awtoritaryo at mala-awtoritaryo. Ayon kay Moreno (2006, 74), makailang ulit na bumisita si Marcos sa punong-tanggapan ng INC sa lungsod ng Quezon noong mga huling taon niya sa puwesto. Ang pagtangkilik ni Marcos sa INC ay tinugunan ng simbahan sa pamamagitan ng pag-endorso ng mga pinuno nito sa kanya noong halalan ng 1986. Buo rin ang suporta na ibinigay ng INC sa kandidatura ni Joseph Ejercito Estrada noong 1998 (Moreno 2006, 75). Sa katunayan, noong mapaalis sa puwesto si Estrada sa pamamagitan ng EDSA Dos, malaki ang ginampanan ng INC sa pagmobilisa ng EDSA Tres bilang pagbibigay-suporta kay Estrada (Moreno 2006, 131). At sa kasalukuyan, sa paglitaw ng isa na namang mala-awtoritaryong lider sa katauhan ni Duterte, suportado muli ito ng INC. Bukod kay Duterte, sinuportahan din ng INC ang kandidatura sa pagkabise-pangulo ng anak ng diktador na si Ferdinand “Bongbong” Marcos Jr. (Nicolas 2016).

Bukod sa mga simbahan, magagamit ding ehemplo ang ilang mga pinunong pangrelihiyon na bagaman nagsusulong ng teolohiyang malaya ay sumusuporta sa represibong administrasyon. Isang halimbawa na ang pastor ng Day by Day Christian Ministries na si Ed Lapid, na isa sa pinakapopular na Kristiyanong manunulat at tagapagsalita sa hanay ng mga Pilipinong Ebanghelikal. Pinakasistematikong inilatag ni Lapid ang kanyang kaisipan ukol sa Pilipinisasyon ng Kristiyanismo sa kanyang aklat na *Pagpapahiyang: Redeeming Culture and Indigenizing Christianity* (Lapid 2010), na pinainam na bersyon ng kanyang bi-lingguwal na akdang *Paano Maging Pilipinong Kristiano: Becoming a Filipino Christian* (Lapid 1997). Nagkamit ng doktorado sa larangan ng *Philippine Studies* sa Unibersidad ng Pilipinas, si Lapid ang isa sa mga pinaka-aktibong Ebanghelikal sa pagsasa-Pilipino ng liturhiya sa Pilipinas. Sa kanyang pinamumunuang simbahan ay gumagamit ang mga Kristiyano ng mga katutubong sayaw, awitin, at mga instrumentong pangmusika sa kanilang pagsamba. Nagsagawa rin ang kanilang simbahan ng pag-aangkin sa tradisyon ng pista, na tinagurian nilang *National Feast for Jesus* o “Pistang Kristiano” (Lapid 2010, 184, 271). Para kay Lapid, mahalaga ang pagkakaroon ng Kristiyanismong likas at hiyang sa mga Pilipino, dahil sa pamamagitan lamang nito magkakaroon ng tunay na pagkakapatiran at pagkakapantay sa pagitan ng mga Pilipinong Kristiyano, na pinaghihiwalay ng pagkakahating panlipunan – mga napasas-Kanlurang mayayamang Pilipinong Kristiyano sa isang banda at mga mahihirap na Pilipinong Kristiyano na nakaugat sa katutubong kalinangan sa kabilang banda (Lapid 2005, 192-193).

Subalit, sa kabila ng ‘di-matatawarang ambag ni Lapid, isang pangkaraniwang kaalaman sa hanay ng mga Ebanghelikal na teologo ang kanyang pagsuporta sa rehimeng Duterte. Bagaman hindi siya ganoong aktibo sa pagpapahayag nito sa kanyang mga pormal na pagsusulat at pagsasalita, isang payak na pagtala lamang ng salitang “Duterte” sa *search bar* ng kanyang *facebook account* ay magsisilitawan na ang marami-rami niyang mga paskil na naglalaman ng papuri at pagtatanggol sa pangulo. Halimbawa, sa isang paskil noong Setyembre 20, 2016, ipinahayag niya ang pagkadismaya sa pagdemonisa ng lokal at internasyunal na midya kapwa kina Duterte at dating pangulong Marcos. Aniya, ginagawa nila ito sapagkat hindi umano nila parehong napaluhod sina Marcos at Duterte sa kanilang mga amo (mga Amerikano at mga oligarko?) (Lapid 2016).

Mapanganib ang hayagang pagsuporta ng mga teologo’t pinunong pangrelihiyon sa mga represibong rehime, lalo na kung sila ay kasing tanyag ni Lapid. Sa kanilang pagsuporta kay Duterte ay lalo nilang nabibigyang-katwiran ang imahe nito sa persepsyon ng mga Pilipinong Ebanghelikal. Lalo lamang nitong napapalala ang umiiral na teolohiyang konserbatibo, na nangingibabaw pa rin hanggang sa kasalukuyan sa kamalayan ng maraming Pilipinong Ebanghelikal. Nakapagbibigay ito ng teolohikal na batayan sa pamumuno ng isang lider na sumusuporta sa paglabag sa karapatang pantao. Kaya hindi nakapagtataka na marami ring progresibong Kristiyano ang nagpahayag ng pagkadismaya noong nagpasinaya ang Victory Christian Fellowship (VCF) – isa sa mga pinakamalaking Ebanghelikal na simbahan sa Pilipinas – ng isang okasyon, kung saan inimitahan nila ang tagapagsalita ng pangulo na si Harry Roque

upang makasama nilang manalangin. Bilang reaksyon dito, naglimbag ng artikulo ang *Rappler* na isinulat ng sosyolohistang si Jayeel Cornelio at teologong si Rico Villanueva (2020), na bumabatikos sa ginawa ng VCF. Mainam na sipiin dito ang ilan sa kanilang mga pahayag:

Prayer is never neutral . . . According to Psalm 146:7, God “upholds the cause of the oppressed” (Psalm 146:7). Clearly, God has his own preferred social group — the marginalized. God, in other words, takes the side of the weak and the vulnerable. His words are unmistakable: “Do not take advantage of the widow or the fatherless. If you do and they cry out to me, I will certainly hear their cry” (Exodus 22:22-23). By the same token, God never takes the side of those who oppress the poor. In fact, even the prophet Jeremiah was told by God not to pray for those who abuse the powerless and who shed innocent blood: “So do not pray for this people nor offer any plea or petition for them; do not plead with me, for I will not listen to you” (Jer 7:16). Take note of God’s pronouncement: “I will not listen to you.” This leads us to only one conclusion. If God will not hear us when we pray *for* oppressive people, how can he even hear us when we pray *with* them?

Sa pamamagitan ng pagtukoy sa INC, VCF at kay Ed Lapiz bilang ehemplo, makikita nating buhay na buhay ang teolohiyang konserbatibo sa Pilipinas. Sapat itong dahilan kung bakit kagyat ang pangangailangan natin para sa isang teolohiyang mapagpalaya. Sa partikular, ang kaso ng INC at ni Lapiz ang nagpapakita na hindi sapat ang teolohiyang malaya. Walang garantiya na ang paggamit sa kalinangang Pilipino at wikang Filipino ay awtomatikong magluluwal sa isang uri ng pagteteolohiya na nag-aambag para sa pagbuo ng isang makatarungang lipunan. Sa halip, maaari pa ngang makasangkapan ng ilang sektor ang teolohiyang malaya upang bigyan ng lehitimasyong teolohikal ang kapangyarihan ng mga mapang-aping elemento sa lipunan. Sakatuwid, kailangan ng malay na pagbuo ng isang teolohiyang hindi lamang malaya kundi mapagpalaya rin.

Samantala, kung paanong mapanganib ang teolohiyang malaya ngunit hindi mapagpalaya, dapat ding ikabahala ang teolohiyang mapagpalaya ngunit hindi malaya. Ang teolohiyang mapagpalaya (may pagsusuring panlipunan) ngunit hindi malaya (walang pagsusuring pangkalinangan) ay kinakarakterisa naman ng isang uri ng teolohiya na lumalaban para sa katarungan (pangkasarian man, pang-uri, pangkalikasan, pangmamamayan, o iba pa), ngunit nananatili namang nakagapos sa teolohikal na tradisyon ng mga banyaga. Ang ganitong teolohiya ay may ilusyon na matutugunan nang maayos ang mga suliraning panloob sa pamamagitan lamang ng pangongopya sa mga solusyong galing sa labas. Pinahahalagahan ng ganitong teolohiya ang sektoral na karapatan ng iba’t ibang grupo ng mga tao sa loob ng Pilipinas, ngunit hindi nakikita ang kahalagahan ng katatagang pambansa para tugunan ang banta ng neo-kolonyalismo o imperyalismo galing sa labas. Sa ganang ito, bagaman nagsusulong ng katarungan, may tendensyang maging kolonyal, mapagwatak-watak, at mapangwasak ng bansa ang ganitong uri ng teolohiya.

Nakasanayan ng ilang mga teologong gumagamit ng pagsusuring panlipunan na bumatay sa wika at mga categoryang banyaga. Halimbawa, ang mga Pilipinong teologo na nagsusulong ng kontekstuwalisasyon at *liberation theology* ay madalas na nagsusulat sa wikang Ingles. Sa partikular, ang mga teologo ng *liberation theology* sa Pilipinas ay kalimitang puro hiram ng mga konsepto galing sa Latin Amerika. Bagaman kailangan naman talaga nating matuto mula sa teolohikal na tradisyon ng ibang bansa (lalo na kung may pagkakatulad ang karanasang panlipunan nila sa atin), kailanman ay hindi magiging atin ang kanilang sariling paraan ng pagteteolohiya (Bevans 2003, 5). Mas malala pa, may panganib na ang mga teologong ito na nagsusulat sa Ingles at gumagamit ng mga banyagang konsepto ay mapawalay sa diwa ng mismong bayan na nais nilang ipagtanggol at palayain. Sa pamamagitan ng pagteteolohiya sa wika at mga categoryang banyaga, mas napapalubha lamang nila ang tinatawag ni Salazar (1997b, 101, 112, 114) na “dambuhalang pagkakahating pangkalinangan.” Tumutukoy ito sa dibisyon na umiiral sa pagitan ng mga mayayaman at edukadong Pilipinong elit na nagsasabi ng Ingles, at ng nakararaming bilang ng masang Pilipino na nagsasalita ng Filipino. Isa ang dambuhalang pagkakahating pangkalinangan sa nagpapanatili ng ‘di-patas na kalagayang

panlipunan ng bansa. Dahil dito ay patuloy na namomonopolisa ng elit ang kapangyarihan ng lipunan, yamang Ingles pa rin ang nangingibabaw na wika ng edukasyon, pulitika, at komersyo. Samakatuwid, sa pamamagitan ng pagteteolohiya sa wika at mga kategoryang banyaga, nakapag-aambag ang mga Pilipinong teologo sa 'di-patas na kalagayang ito.

Ayon kay de Mesa (2003, 128), yamang banyaga at elitista ang wika ng mga teologong ito, kadalasang hindi nauunawaan ng bayan ang resulta ng kanilang mga pananaliksik, na sa katunayan ay nilalayon ng mga teologo na pakinabangan nila. Kailangang maunawaan ng bayan ang teolohiyang naglalayong magpalaya sa kanila, sapagkat hindi magpapalaya sa kanila ang anumang bagay na hindi nila nauunawaan. Sa katunayan, kung hindi nila ito nauunawaan, maaari pa ngang ituring ito na isang anyo ng karahasang pangkamalayan, dahil ipinipilit na ilapat sa kanila ang mga konseptong banyaga na hindi nila itinuturing bilang sa kanila. Ito ang isa sa mga pangunahing punto ng klasikong *Pedagogy of the Oppressed* ni Paulo Freire (1982). Ang tunay na kalayaan ay laging nagmumula mismo sa mga api. Kailangan umangon ng mga manggagawang panlipunan at mga intelektuwal ang kanilang “kamalayang tagapagligtas,” ang kaisipan na sila ang magpapalaya sa mga api. Dapat nilang mapagtanto na sila’y katuwang lamang ng masa sa pagpapalaya nito sa sarili. Kaya naman sa proseso ng pagpapalaya, hindi maaaring ipagduldulan ng mga manggagawang panlipunan ang kanilang kaisipan at mga konsepto sa masa. Kailangang sa kalinangan mismo ng masa manggaling ang mga konseptong kanilang makakasangkapan sa pagpapalaya sa sarili.

Dito papasok ang sagsay ng isang anyo ng Teolohiyang Pilipino na binuo ng isang pangkat ng mga teologo noong 1988 – ang teolohiya ng kapangyarihang bayan (*theology of people power*) o TKB. Nabuo ang teolohiyang ito bunga ng pagmumuni-muni ng mga teologo ukol sa naganap na Himagsikan ng Kapangyarihang Bayan sa EDSA noong 1986. Inilimbag ang pagmumuni-muni ng mga teologong ito – na kinabibilangan nina Vitaliano Gorospe, Jose de Mesa, Melba Padilla Maggay at iba pang teologo – sa isang aklat na pinatnugutan ni Douglas Elwood (1988), isang Amerikanong teologo na nagpakadalubhasa sa Teolohiyang Pilipino at Teolohiyang Asyano. Ang TKB ay tumutukoy sa isang uri ng teolohiya na nagmumula at kumakatawan mismo sa bayan (Elwood 1988, 4). Ito ang dahilan kung bakit ang mga kontributor ng aklat ay nagsagawa ng teolohikal na repleksyon sa mga konseptong nagmumula mismo sa kalinangang Pilipino (tulad ng lakas, kapangyarihan, awa, ganda, at malasakit).

Sa kasalukuyan, mayorya ng mga tagapagsulong ng Teolohiyang Pilipino ay nagteteolohiya na gamit ang mga kategoryang mula mismo sa kalinangang Pilipino. Ang suliranin na lamang sa kasalukuyan ay ang reyalidad na karamihan pa rin sa kanila ay nagteteolohiya sa wikang Ingles. Magkaiba ang pagteteolohiya gamit ang mga kategoryang Pilipino, at pagteteolohiya sa wikang Filipino. Maaaring magteteolohiya ang mga teologo gamit ang mga kategoryang Pilipino tulad ng lakas, ganda at malasakit, ngunit ang kanilang wikang ginagamit sa pagsulat ay Ingles pa rin. Isang halimbawa nito ang mga kontributor ng pinatnugutang aklat ni Elwood ukol sa TKB.

Gamit ang mga historiograpikal na konsepto ni Salazar ng pangkayo, pangkami, pansila, at pantayong pananaw (Salazar 1997a, 70-77; Salazar 1999, 6) bilang teoretikal na balangkas, maaari tayong gumawa ng isang tipolohiya ng pagteteolohiya sa Pilipinas batay sa usaping pangwika:

**1. Pagteteolohiya sa Ingles gamit ang mga kategoryang banyaga.** Ito ang uri ng pagteteolohiya na nagkataon lamang na sa Pilipinas isinulat at inilimbag ngunit wala talagang kinalaman sa Pilipinas. Nakapaloob dito ang mga akda na isinulat ng mga Pilipino o banyagang teologo upang dalhin sa Pilipinas ang mga teolohikal na konseptong galing sa ibang bansa. Kadalasang halimbawa nito ang mga teksbuk na ginagamit sa mga seminaryo sa Pilipinas. Ngunit dahil nakasulat sa wikang Ingles, mga kapwa elit sa Pilipinas lamang din ang kinakausap ng mga manunulat ng mga akdang ito. Sa ganang ito, hindi maituturing na nakapaloob sa Teolohiyang Pilipino ang ganitong uri ng pagteteolohiya. Dito maihanap ang *Church History for Church Leaders*, isang teksbuk na inilimbag sa Makati ng Amerikanong teologo na si D. Leslie Hill (1996), na patungkol sa kasaysayan ng simbahan sa Europa, kalakip ng ilang

**2. Pagteteolohiya sa Ingles gamit ang mga kategoryang Pilipino.** Ito ang pagteteolohiya na nagsasagawa ng pagdadalumat gamit ang mga konseptong nagmumula sa kalinangang Pilipino, ngunit ang wikang ginagamit sa pagsulat ay Ingles. Bagaman maituturing nang nakapaloob sa ilalim ng Teolohiyang Pilipino dahil sa paggamit sa mga konseptong Pilipino, limitado pa rin sa mga elit ang mga ganitong akda. Bukod sa nabanggit nang pinatnugutan ni Elwood, maihalimbawa rito ang *Kaloob ni Kristo: A Filipino Christian Account of Conscience* ni Dionisio Miranda (2003). Isa itong pag-aaral sa larangan ng teolohiyang moral gamit ang Pilipinong dalumat ng “kalooban”, ngunit nakasulat sa wikang Ingles.

**3. Pagteteolohiya sa Filipino gamit ang mga kategoryang banyaga.** Tulad ng unang uri, ang pagteteolohiyang ito ay naglalayong maipakilala sa Pilipinas ang mga banyagang konseptong teolohikal. Ngunit naiiba ito sa unang uri dahil wikang Filipino ang ginagamit nito sa pagpapakilala ng mga banyagang konsepto. Maipapailalim natin ito sa Teolohiyang Pilipino, yamang sa pamamagitan nito ay naipapasok sa talastasan ng bayan ang mga banyagang konsepto. Sa ganang ito, maaaring gamiting halimbawa rito ang mga banyagang akda sa ibang wika na isinalin sa wikang Filipino. Isa na rito ang *Masuyo at Malaya: Teolohiya ng Babaeng Asyano*, na isinulat ng Indonesian na si Marianne Katoppo sa wikang Ingles at isinalin sa Filipino ni Lualhati Bautista. Sa apat na uri ng pagteteolohiya, ito ang maituturing na pinakamadalang na isagawa sa Pilipinas.

**4. Pagteteolohiya sa Filipino gamit ang mga kategoryang Pilipino.** Isa itong uri ng pagteteolohiya na gumagamit ng mga kategoryang Pilipino sa pagdadalumat, at isinasagawa ang mismong pagdadalumat na ito gamit ang wikang Filipino. Ito ang maituturing na pinakaganap na anyo ng Teolohiyang Pilipino. Magagamit na ehemplo rito ang aklat nina de Mesa et al (2017) na *Ang Maganda sa Teolohiya*, na paglalapat ng Pilipinong konsepto ng “maganda” sa iba’t ibang sangay ng teolohiya, at ang pagdidiskurso ay ginagawa mismo sa wikang pambansa.

Siyempre ay mas masalimuot kaysa sa tipolohiyang ito ang buong reyalidad ng pagteteolohiya sa Pilipinas. Halimbawa, hindi maipapasok nang saktong anuman sa apat na ito ang mga akda ng mga Pilipinong teologo ukol sa Teolohiyang Asyano na nasa wikang Ingles, sapagkat ang Teolohiyang Asyano ay tila naiipit sa pagitan ng Pilipino at banyaga. Sa isang banda ay hindi ito Pilipino lamang dahil may ibang bansang Asyanong kasama rito, ngunit sa kabilang banda ay hindi rin maituturing na purong “banyaga” ang Teolohiyang Asyano dahil saklaw din nito ang Teolohiyang Pilipino. Ang ekposisyon sa teolohikal na kaisipan ng mga Pilipinong teologo – tulad ng ginawa ni Tano (1981) – ay maituturing din na isang buong hiwalay na uri ng pagteteolohiya, sapagkat hindi awtomatikong ukol sa mga kategorya ng kalinangang Pilipino ang laman ng pagteteolohiya ng isang Pilipinong teologo (halimbawa, isang Pilipinong teologo na ang kadalubhasaan ay ukol sa Teolohiyang Aleman). Kailangang lumikha ang mga teologo ng isang mas masaklaw na tipolohiya ng pagteteolohiya sa Pilipinas, tulad ng ginawa ni F.P.A Demeterio (2013) sa larangan ng Pilosopiyang Pilipino. Ngunit dahil usaping pangwika lamang sa pagteteolohiya ang tuon natin dito, sapat na ang apat na nakasalansang uri sa itaas.

Tulad ng nabanggit na, mayorya ng mga aklat sa Teolohiyang Pilipino ay maikakategorya sa ikalawang uri – pagteteolohiya sa Ingles gamit ang mga kategoryang Pilipino. Sa aking pakiwari, sa usapin ng bilang ng mga limbag na aklat at artikulo sa wikang Filipino, nahuhuli ang Teolohiyang Pilipino sa hanay ng mga kilusang Pilipinisasyon, kung ikumpara sa mas maunlad na pagpi-Filipino ng Pantayong Pananaw, Sikolohiyang Pilipino, at Pilosopiyang Pilipino. Sa natalakay na apat na batis ng Teolohiyang Pilipino, ang mga akda sa kontekstual na teolohiya at *liberation theology* ay halos nakasulat lahat sa wikang Ingles. Ito ang makapagpapaliwanag kung bakit ang teolohiyang mapagpalaya sa Pilipinas ay salat sa pagiging malaya sa wikang banyaga.



Isang mahalagang gampanin sa kasalukuyan ang pagsasa-Filipino para sa pagbuo ng isang teolohiyang mapagpalaya at malaya rin. Esensyal ito para sa pag-aambag ng Teolohiyang Pilipino sa pagbibigay-lunas sa suliranin ng dambuhalang pagkakahating pangkalinangan sa lipunang Pilipino. Upang mangyari ito, dapat na mas pagtuunan ng pansin ng mga Pilipinong teologo ang ikatlo at ikaapat na uri ng pagteteolohiya – ang pagteteolohiya sa wikang Filipino gamit ang mga categoryang banyaga, at pagteteolohiya sa wikang Filipino gamit ang mga categoryang Pilipino. Kung nais nating pakinabangan ng bayan ang teolohikal na kaisipan ng mga Kanluraning teologo tulad nina Karl Barth, Karl Rahner, H. Richard Niebuhr, D.A. Carson, at iba pa, mainam kung magkakaroon ng pagsasalin sa Filipino ng kanilang mga publikasyon, bukod pa sa eksposision ng kanilang mga kaisipan sa wikang pambansa. Ngunit higit pa rito, kinakailangan ng mas maraming Pilipinong teologo na nagsasagawa ng pagdadalumat ng mga konsepto ng kalinangang Pilipino gamit ang wikang Filipino. Sa aking palagay ay magiging kapaki-pakinabang tungo rito kung magkakaroon ng sanaysay o aklat na magsisilbing isang kritikal na bibliograpiya, o imbentaryo ng mga teolohikal na akda sa wikang Filipino (na nakapaloob sa ikatlo at ikaapat na uri ng pagteteolohiya) – ito man ay artikulo sa dyornal, aklat, tesis o disertasyon. Magandang modelo ang inilimbag na aklat ng Sentro ng Wikang Filipino (Rodriguez 2018), na kalipunan ng mga abstrak ng mga tesis at disertasyon sa UP-Diliman na nakasulat sa wikang Filipino. Makatutulong ang ganitong uri ng proyekto sa Teolohiyang Pilipino upang maimapa ang pag-unlad at kasalukuyang estado ng pagpi-Filipino sa teolohiya, at upang maging bukas din sa mas nakararaming mananaliksik ang mga batis na natutulong lamang sa aklatan ng mga seminaryo’t unibersidad.

Samantala, liban sa usaping pangwika, isa rin sa suliranin ng teolohiyang mapagpalaya ay ang tendensya nitong makaligtaan ang halaga ng katatagang pambansa, dahil sa labis na pagtuon sa katarungang panlipunan. Bagaman totoo ang kasiryoohan ng pang-aapi ng mga mapagsamantalang elemento sa loob ng bansa tulad ng mga panginoong may-lupa, oligarko, at represibong estado, hindi rin maisasawalang-bahala ang banta ng neokolonyalismo at imperyalismo, sa anyong ekonomiko-pulitikal man o hegemonyang kultural. Hindi sapat ang paglaban sa mga in hustisyang nagmumula sa loob ng bansa, kailangan ding pansinin ang neokolonyalismong Amerikano, at ang kontemporaryong banta ng imperyalismong Tsino. Dahil dito, mahalaga ang pagpapatatag ng bansa, kapwa sa aspektong pulitikal at pangkalinangan. Sa aspektong pangkalinangan, nabanggit na ang unti-unting pagbura ng dambuhalang pagkakahating pangkalinangan sa pamamagitan ng pagsasa-Filipino ng mga akademikong disiplina tulad ng teolohiya, upang mas mapagkaisa ang buong bansa. Ngunit ang pagkakaisang ito ay iba sa artipisyal at hungkag na pagkakaisang ipinapanawagan ng mga nasyonalistang tagasuporta ng represibong estado. Hindi nangangailangan ang pagkakaisang ito ng pagkalimot sa mga umiiral na tunggalian sa loob ng bansa. Maaaring pagsabayin ang paglaban sa umiiral na mga in hustisya, habang ipinapalaganap ang kaisahang pangkalinangan ng buong bansa sa pamamagitan ng pagsusulong ng Pilipinisasyon.

Ilustratibo sa pagsakripisyo ng kaisahang pambansa sa ngalan ng katarungang panlipunan ang mainit na palitan na naganap sa pagitan ni Zeus Salazar at Patricio Abinales sa *facebook* ukol sa isyu ng Mindanao noong Hulyo 2010. Naganap ito sa *facebook account* ni Adonis Elumbre (2010), na kalaunan ay tipinon ni Michael Charleston “Xiao” Chua (2010) sa isang ‘di-limbag na manuskrito. Pinuna ni Abinales dito ang para sa kanya’y etnosentrisong Tagalog ng Pantayong Pananaw, na naglalayong magkaroon ng kaisahan ang buong bansa sa ilalim ng kalinangan at wikang Tagalog. Aniya, ang retorika ng pagkakaisang ito – na napakinabangan ng diktadurang Marcos – ay nagiging bulag sa mga kaapihang nagaganap sa loob ng bansa, tulad na lamang ng rehiyunalistang pang-aapi ng estadong Tagalog at Kristiyano sa Mindanao. Ang pagtuon ng Pantayong Pananaw sa pagkakaisang pambansa ay maaari pa umanong makasangkapan upang maipagpatuloy ang pananamantala sa Mindanao. Subalit ang labis na pagtuon ni Abinales sa kapakanan ng Mindanao ay humantong sa kanyang pag-amin na sang-ayon siya sa paghiwalay nito sa Pilipinas, dahil wala naman daw itong napapala sa Republika mula pa man noong panahon ni Manuel Quezon. Tumugon dito si Salazar na mapangwasak ng bansa ang adhikain ni Abinales, at sa katunayan ay nakatutulong pa lalo ang

kanyang separatistang tindig sa interes ng ilang mga banyagang bansa na nais na humiwalay ang Mindanao upang lalong mapagsamantalahan ang kahinaan ng Pilipinas.

Ang tindig ni Abinales ay isang malinaw na ehemplo ng diwang kinakatawan ng teolohiyang mapagpalaya ngunit hindi malaya. Ito’y isang akto ng pag-aalay ng pambansang interes sa kapakanan ng katarungang panlipunan, na sumasalamin sa pagpapabaya sa teolohiyang malaya sa ngalan ng teolohiyang mapagpalaya. Maaari nating itanong: ang paghiwalay lamang ba ng Mindanao sa Pilipinas ang tanging paraan upang maabot nito ang katarungang matagal nang ipinagkakait ng represibong estado? Wala bang ibang alternatibong proyekto, kung saan maisusulong ang kapakanan ng Mindanao habang pinapanatili pa ring matatag ang teritoryal na integridad ng buong bansa? Malamang na mas masalimuot ang “alternatibong proyekto” na ito, kaysa sa simplistikong pagpili sa pagitan ng paghiwalay ng Mindanao (para sa katarungang panlipunan) o pagpapatuloy ng pananamantala ng estado sa Mindanao (para sa pambansang pagkakaisa). Ngunit ‘di-hamak na mas kapaki-pakinabang ang ganitong uri ng proyekto, dahil sinisikap nitong i-balanse ang kapakanan kapwa ng buong bansa at ng isang aping sektor sa loob ng bansa.

Ito rin ang dahilan kung bakit mas mainam na kapasyahan ang pagsusulong ng isang malaya at mapagpalayang Teolohiyang Pilipino, sa halip na pumili sa pagitan ng teolohiyang malaya o teolohiyang mapagpalaya. Sa aking palagay ay hindi tayo dapat mamili, yamang nakita natin kung gaano ka-mapanganib kapwa ang teolohiyang malaya ngunit hindi mapagpalaya, at teolohiyang mapagpalaya ngunit hindi malaya. Hindi natin kailangan ng isang teolohiyang malaya nga mula sa teolohikal na tradisyon ng Kanluran, ngunit nakakasangkapan naman ng mga makapangyarihan upang mapanatili ang isang ‘di-patas na lipunan. Hindi rin natin kailangan ng isang teolohiyang mapagpalaya nga sa mga inaaping sektor ng lipunan, ngunit nananatili namang nakagapos sa Kanluran, at nakatutulong pa sa pagkawasak ng bansa. Ang kailangan natin ay isang maayos na integrasyon sa pagitan ng dalawa. Ang integrasyong ito ang pinakapanawagan ng kasalukuyang sanaysay na ito. Kung paanong aktuwal na maisasagawa ang integrasyong ito ay isang hamon sa mga susunod na pananaliksik sa Teolohiyang Pilipino.

### Bibliograpiya

- Agpalo, Remigio E. *Adventures in Political Science*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996.
- Alatas, Syed Farid. *Alternative Discourses in Asian Social Science: Responses to Eurocentrism*. New Delhi: Sage Publications India Pvt Ltd, 2006.
- Aquino, Clemen C. “Panlipunang Pagbabanghay: Piling Usapin sa Pag-unawa sa Sariling Lipunan.” *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* 19, 2 (2013): 133-167.
- Arevalo, C.G. “Notes for a Theology of Development.” *Nasa What Asian Christians are Thinking: A Theological Source Book*, pat., Douglas J. Elwood, 398-424. Quezon City: New Day Publishers, 1976.
- Baker, Jillian Sarah. *Seeds of Hope, Seeds of Liberation: An Exploration of the Growth of Liberation Theology in the Philippines*. 2013. Boston College, Thesis.
- Bautista, Lualhati. *Dekada '70*. Mandaluyong City: Anvil Publishing Inc., 2018.
- Bautista, Violeta V., John F. Baxter, Mona P. Bias, Larry W. Caldwell, Rene Chanco, Dale G. Custodio, Edgar B. Ebojo, Grace S. Koo, Wonsuk Ma, Noli P. Mendoza, Derek Newton, Amanda Shao Tan. *Principalities and Powers: Reflections in the Asian Context*. Metro Manila: OMF Literature Inc., at Asian Theological Seminary, 2007.
- Bello, Walden. “Rodrigo Duterte: A Fascist Original.” *Nasa A Duterte Reader: Critical Essays on Rodrigo Duterte's Early Presidency*, pat., Nicole Curato, 77-91. Quezon City: Bughaw, 2017.
- Bevans, Stephen B. *Models of Contextual Theology*, Revised and Expanded Edition. Manila: Logos Publications Inc., 2003.
- Cacho, Rebecca R. “Re-articulating Soteriology Using Ginhawa (Total Well-Being of Persons) as a Model of an Inculturated Theology of Salvation for Filipinos.” *Nasa The Bible in the*

- 21<sup>st</sup> Century Philippine Context: A Compendium of Papers Presented During the 1<sup>st</sup> Philippine Bible Forum, mga pat., E.B. Ebojo, D.C. Monera, R.U. Yu. Manila: Philippine Bible Society, 2008. 179-194.
- Carson, D.A. *The Gagging of God: Christianity Confronts Pluralism*. Grand Rapids, Michigan: Zondervan Publishing House, 1996.
- Chua, Michael Charleston. "Ang Akademikong Debate/Talastasan ng Dekada, Nasa Facebook!!!" Isang 'di-limbag na manuskrito.
- Claudio, Lisandro E. "Postcolonial Fissures and the Contingent Nation: An Antinationalist Critique of Philippine Historiography." *Philippine Studies* Vol. 61, No. 1 (2013): 45-75.
- \_\_\_\_\_. "Basagan ng Trip with Leloy Claudio: Is Duterte a Dictator, a Fascist, or a Populist?" *Rappler*. December 6, 2017. <https://www.rappler.com/voices/thought-leaders/basagan-ng-trip-leloy-claudio-duterte-dictator-fascist-populist>. Inakses noong January 21, 2021.
- Cornelio, Jayeel, Rico Villanueva. "Praying with Harry Roque." *Rappler*. September 8, 2020. <https://www.rappler.com/voices/thought-leaders/opinion-praying-with-harry-roque>. Inakses noong January 22, 2021.
- David, Randolph S. *Understanding Philippine Society, Culture, and Politics*, pat.. Laura L. Samson. Mandaluyong City: Anvil Publishing Inc., 2017.
- De la Torre, Edicio G. "The Spirit of 1968." *Verbum SVD* 59:1-2 (2018): 83-103.
- De Leon, Emmanuel C. *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino: Ang Intelektuwal na Pamana ng mga Pangunahing Tomasinong Pilosoper sa Kasaysayan ng Pamimilosopiyang Filipino*. Maynila: Aklat ng Bayan, 2019.
- De Mesa, Jose M. *Why Theology is Never Far from Home*. Manila: De La Salle University Press, Inc., 2003.
- \_\_\_\_\_. *Mga Aral sa Daan: Dulog at Paraang Kultural sa Kristolohiya*. Manila: De La Salle University Press, Inc., 2004.
- \_\_\_\_\_. *Bakas: Retrieving the Sense of Sacramentality of the Ordinary*. Pasig City: Anvil Publishing Inc., 2008.
- \_\_\_\_\_. *Jose de Mesa: A Theological Reader*. Manila: De La Salle University Publishing House, 2016.
- \_\_\_\_\_. *Adequate, but not Enough: A Filipino Reflection on the Triune God; Sapat, Ngunit Kulang pa rin: Isang Kultural na Pagmumuni-muni sa Hiwaga ng Santatlo*. Quezon City: Claretian Communications Foundation, Inc., 2018.
- De Mesa, Jose M., Rebecca G. Cacho. *In Love with God: Doing Theology for Students*. Manila: St. Scholastica's College, 2012a.
- \_\_\_\_\_. *Jesus: God's Way of Friendship*. Manila: St. Scholastica's College, 2012b.
- \_\_\_\_\_. *Becoming Church, Being Sacrament: A Filipino Ecclesiology for College Students*. Manila: St. Scholastica's College, 2012c.
- \_\_\_\_\_. *When Beauty Reckons: Theological Ethics of Filipino Aesthetics*. Manila: St. Scholastica's College, 2012d.
- De Mesa, Jose M., Estela P. Padilla, Levy L. Lanaria, Rebecca G. Cacho, Yuri D. Cipriano, George N. Capaque, Timoteo D. Gener. *Ang Maganda sa Teolohiya*. Quezon City: Claretian Communications Foundation, Inc., 2017.
- Demeterio, Feorillo P.A. III. "Status of and Directions for 'Filipino Philosophy' in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co." *Φιλοσοφία* Volume 14, No. 2 (2013): 186-215.
- Dyrness, William A. *Learning about Theology from the Third World*. Grand Rapids, Michigan: Zondervan Publishing House, 1990.
- Elumbre, Adonis. July 6, 2010, 18:51. <https://www.facebook.com/adonis.elumbre/posts/141409345873092>. Inakses noong January 23, 2021.
- Elwood, Douglas J. pat. *Toward a Theology of People Power: Reflections on the Philippine February Phenomenon*. Quezon City: New Day Publishers, 1988.
- Enriquez, Virgilio G. *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*.

- Quezon City: University of the Philippines Press, 1992.
- \_\_\_\_\_. "Kapwa: A Core Concept in Filipino Social Psychology." *Nasa Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw*, mga pat., Atoy M. Navarro at Flordeliza Lagbao-Bolante, 23-33. Quezon City: C&E Publishing, Inc., 2007.
- Esguerra, Darryl John. "Duterte: I dismantled oligarchy in PH without declaring martial law", *Inquirer.Net*. Hunyo 14, 2020. <https://newsinfo.inquirer.net/1306511/duterte-i-dismantled-oligarchy-in-ph-without-declaring-martial-law>. Inakses noong 16 Nobyembre 2020.
- Freire, Paulo. *Pedagogy of the Oppressed*. New York: The Continuum Publishing Corporation, 1982.
- Gener, Timoteo D. "Re-Visioning Local Theology: An Integral Dialogue with Practical Theology: A Filipino Evangelical Perspective." *Journal of Asian Mission* 6:2 (2004): 133-166.
- Gener, Timoteo D., Adonis Abelard O. Gorospe. mga pat. *The Earth is the Lord's: Reflections on Stewardship in the Asian Context*. Metro Manila: OMF Literature Inc., at Asian Theological Seminary, 2011.
- Gorospe, Adonis Abelard O. *Naming the Unknown God*. Metro Manila: OMF Literature Inc., at Asian Theological Seminary, 2006.
- Gorospe, Athena E., Charles Ringma, Karen Hollenbeck-Wuest. mga pat. *Why, O God? Disaster, Resiliency, and the People of God*. Metro Manila: OMF Literature Inc., at Asian Theological Seminary, 2017.
- Gorospe, Vitaliano R. "Power and Responsibility: A Filipino Christian Perspective." *Nasa Toward a Theology of People Power: Reflections on the Philippine February Phenomenon*, pat., Douglas J. Elwood, 17-36. Quezon City: New Day Publishers, 1988.
- Gripaldo, Rolando M. *Filipino Philosophy: A Critical Bibliography, 1774-1997*, 2<sup>nd</sup> Edition. Manila: De La Salle University Press, 2000.
- Guanzon, Ma. Angeles C. "An Analysis of Religious Leadership in the Iglesia ni Kristo." *Nasa Filipino Religious Psychology*, pat., Leonardo Mercado, 127-140. Tacloban City: Divine Word University Publications, 1977.
- Gutierrez, Gustavo. *A Theology of Liberation*, Revised Edition with New Introduction, isinalin at pinatnugutan nina Sister Caridad Inda at John Eagleson. Maryknoll, New York: Orbis Books, 1988.
- Harris, Anne. "The Theology of Struggle: Recognizing Its Place in Recent Philippine History." *Kasarinlan: Philippine Journal of Third World Studies* 21: 2 (2006): 83-107.
- Hau, Caroline Sy. "Privileging Roots and Routes: Filipino Intellectuals and the Contest over Epistemic Power and Authority." *Philippine Studies* Vol. 62, No. 1 (2014): 29-65.
- Hill, D. Leslie. *Church History for Church Leaders, Volume 1: New Testament Times to AD 1500*, Revised Edition. Makati City: Church Strengthening Ministry, 1996.
- Ileto, Reynaldo C. *Knowledge and Pacification: On the U.S. Conquest and the Writing of Philippine History*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017.
- \_\_\_\_\_. "Horacio de la Costa, SJ, the Filipino Historian, and the Unfinished Revolution." *Nasa Reading Horacio de la Costa, SJ: Views from the 21<sup>st</sup> Century*, pat., Soledad S. Reyes, 117-142. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017.
- Lapiz, Ed. *Paano Maging Pilipinong Kristiano: Becoming a Filipino Christian*. Makati City: Kaloob, 1997.
- \_\_\_\_\_. "'Pagbabalik sa Sarili: Pagsambang Likas at Hiyang sa Filipino'; Return to Self: Doing Worship in an Indigenous, Filipino Context." *Nasa Doing Theology in the Philippines*, pat., John Suk, 175-194. Metro Manila: OMF Literature Inc., at Asian Theological Seminary, 2005.
- \_\_\_\_\_. *Pagpapahiyang: Redeeming Culture and Indigenizing Christianity*. Philippines: Kaloob, 2010.
- \_\_\_\_\_. September 20, 2016, 07:16. <https://www.facebook.com/edlapiz/posts/10154627167471392>. Inakses noong January 22,

2021.

- Lumbera, Bienvenido. "Film Under the Marcos Dictatorship." *Nasa Memory, Truth-telling, and the Pursuit of Justice: A Conference on the Legacies of the Marcos Dictatorship*, pat., Center for Media Freedom and Responsibility. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 2001.
- Madia-as Ng Mga Pintados. April 4, 2020, 20:23, <https://www.facebook.com/hangayaw.pintados/posts/628822197966754>. Inakses noong January 21, 2021.
- \_\_\_\_\_. *Tugon sa Ideya ng "Oligarkiya" ng mga Kontra Gobyerno*. July 17, 2020b, 06:14. <https://www.facebook.com/hangayaw.pintados/posts/702594090589564>. Inakses noong January 21, 2021.
- \_\_\_\_\_. *Paglilinaw sa Maling Unawa at Gamit ng "Pasismo" sa Pilipinas*. November 20, 2020c, 12:23. <https://www.facebook.com/hangayaw.pintados/posts/804448320404140>. Inakses noong January 21, 2021.
- \_\_\_\_\_. *Tungkol sa Magkasalungat na Simulain ni Gat Andres Bonifacio at Makakaliwang Aktibismo*. December 2, 2020d, 21:58. <https://www.facebook.com/hangayaw.pintados/posts/813727802809525>. Inakses noong January 21, 2021.
- Magalit, Isabelo F. "Rightful Rule: Romans 13 for the Philippines Today." *Nasa Doing Theology in the Philippines*, pat., John Suk, 131-149. Mandaluyong City: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2005.
- Maggay, Melba Padilla. "Signs of the Presence of the Kingdom in the February Revolution." *Nasa Toward a Theology of People Power: Reflections on the Philippine February Phenomenon*, pat., Douglas J. Elwood, 62-71. Quezon City: New Day Publishers, 1988.
- \_\_\_\_\_. "Theology, Context and the Filipino Church." *Nasa Communicationg Cross-Culturally: Towards a New Context for Missions in the Philippines*, pat., Melba Padilla Maggay, 55-61. Quezon City: New Day Publishers, 1989.
- \_\_\_\_\_. "The Indigenous Religious Consciousness: Some Implications for Theological Education." *Nasa Theological Education in the Philippine Context*, pat., Lee Wanak, 53-82. Manila: Philippine Association of Bible and Theological Schools at Mandaluyong: OMF Literature Inc., 1993.
- \_\_\_\_\_. *Pahiwatig: Kagawiang Pangkomunikasyon ng Filipino*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2002.
- \_\_\_\_\_. *Transforming Society: Reflections on the Kingdom and Politics*. Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 2004.
- \_\_\_\_\_. *A Clash of Cultures: Early American Protestant Missions and Filipino Religious Consciousness*. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc., 2011.
- \_\_\_\_\_. "Introduction; The Task of Contextualization: Issues in Reading, Appropriating, and Transmitting the Faith." *Nasa The Gospel in Culture: Contextualization Issues through Asian Eyes*, pat., Melba Padilla Maggay, 5-22. Metro Manila: OMF Literature Inc., at Institute for Studies in Asian Church and Culture, 2013a.
- \_\_\_\_\_. "A Religion of Guilt Encounters a Religion of Power: Missiological Implications and Consequences." *Nasa The Gospel in Culture: Contextualization Issues through Asian Eyes*, pat., Melba Padilla Maggay, 24-56. Metro Manila: OMF Literature Inc., at Institute for Studies in Asian Church and Culture, 2013b.
- \_\_\_\_\_. pat. *Dark Days of Authoritarianism: To Be in History*. United Kingdom: Langham Global Library, 2019.
- Mangulabnan, Lito A. "Ang Epekto ng Paggamit ng Wika at Katayuan sa Buhay sa Pakikipag-ugnayan o *N-aff* ng Ilang Pilipinong Mag-aaral sa Kolehiyo." *Nasa Ulat ng Ikatlong Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino*, mga pat., Antonio, Pe, at Villanueva, 171-176. Quezon City: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 1978.
- Marcos, Ferdinand E. *The Philippine Experience: A Perspective on Human Rights and the Rule of the Law*. Manila: Department of Public Information, 1977.

- Santos | Teolohiya, Katarungan, at Pagkabansa
- Mercado, Leonardo N. *Elements of Filipino Philosophy*. Tacloban City: Divine Word University Publications, 1974.
- \_\_\_\_\_. *Elements of Filipino Theology*. Tacloban City: Divine Word University Publications, 1975.
- \_\_\_\_\_. pat. *Filipino Religious Psychology*. Tacloban City: Divine Word University Publications, 1977.
- \_\_\_\_\_. *Inculturation and Filipino Theology*. Manila: Divine Word Publications, 1992.
- \_\_\_\_\_. pat. *Doing Filipino Theology*. Manila: Divine Word Publications, 1997.
- \_\_\_\_\_. *Essays on Filipino Philosophy*. Manila: Logos Publication Inc., 2005.
- Miranda, Dionisio M. *Kaloob ni Kristo: A Filipino Christian Account of Conscience*. Manila: Logos Publications, Inc., 2003.
- Moreno, Antonio F. *Church, State, and Civil Society in Postauthoritarian Philippines: Narratives of Engaged Citizenship*. Quezon City: Ateneo de Manila University press, 2006.
- Murray, Mary Charles. "The Development of Liberation Theology." *Renaissance and Modern Studies*, 36:1 (1993): 108-121.
- Navarro, Atoy M., Flordeliza Lagbao-Bolante. mga pat. *Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw*. Quezon City: C&E Publishing, Inc., 2007.
- Nicolas, Fiona. "Duterte, Marcos get INC endorsement for May 9 polls." *CNN Philippines*. May 2, 2016. <https://cnnphilippines.com/news/2016/05/05/Iglesia-ni-Cristo-endorsement-duterte-marcos-May-9-elections.html>. Inakses noong January 22, 2021.
- Peñalosa, Ma. Carmen. "The Philippine Bureaucracy: Prospects for Administrative Reform and Indigenization." *Philippine Journal of Public Administration* Vol. LVIII (July-December 2014): 195-221.
- Phillips, Richard D. "Can We Know the Truth?" Nasa *The Gospel as Center: Renewing our Faith & Reforming our Ministry Practices*, mga pat., D.A. Carson at Timothy Keller, 23-39. Mandaluyong City: OMF Literature Inc., 2019.
- Que, Nemesio S., Agustin Martin G. Rodriguez. mga pat. *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.* Quezon City: Office of Research and Publications, School of Arts and Sciences, Ateneo de Manila University, 1997.
- Ringma, Charles. "Liberation Theologians Speak to Evangelicals: A Theology and Praxis of Serving the Poor." Nasa *The Church and Poverty in Asia*, pat., Lee Wanak, 7-53. Mandaluyong City: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2008.
- Ringma, Charles, Karen Hollenbeck-Wuest. *Walking with God: Christian Spirituality in the Asian Context*. Metro Manila: OMF Literature Inc., at Asian Theological Seminary, 2014.
- Ringma, Charles, Karen Hollenbeck-Wuest, Athena O. Gorospe. mga pat. *God at the Borders: Globalization, Migration and Diaspora*. Metro Manila: OMF Literature Inc., at Asian Theological Seminary, 2015.
- Rodriguez, Rommel B. pat. *Anotasyon ng mga Tesis at Disertasyon sa Filipino*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman, 2018.
- Rodriguez-Tatel, Mary Jane B. "Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar: Muhon ng Kilusang Pilipinisasyon sa Akademya (Pilipinolohiya, Sikolohiyang Pilipino, at Pilosopiyang Pilipino)." Nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, mga pat., Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, Vicente C. Villan, 140-160. Quezon City: Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan/Bagong Kasaysayan, Inc., 2015a.
- \_\_\_\_\_. "Philippine Studies/Araling Pilipino/Pilipinolohiya sa Wikang Filipino: Pagpopook at Pagdadalumat sa Loob ng Kapantasang Pilipino (Philippine Studies/Araling Pilipino/Pilipinolohiya in Filipino: Redefining Context and Concept within the Filipino Scholarly Tradition)." *Humanities Diliman* 12:2 (July-December 2015): 110-179.
- Roldan, Andrea. "The Gospel in the Filipino Context: José M. de Mesa and Melba P. Maggay."

- Mission Round Table* Vol. 13, No. 1 (January-April 2018): 24-30.
- Rufo, Aries C. *Altar of Secrets: Sex, Politics, and Money in the Philippine Catholic Church*. Pasig City: Journalism for Nation Building Foundation, 2013.
- Salazar, Zeus A. "Ilang Batayan para sa Isang Sikolohiyang Pilipino." *Nasa Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo, at Gamit; Filipino Psychology: Theory, Method and Application*, pat., Rogelia Pe-Pua, 45-55. Quezon City: University of the Philippines Press, 1989.
- \_\_\_\_\_. "Ang Pantayong Pananaw sa Agham Panlipunan: Historiograpiya." *Nasa Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan; Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*, mga pat., Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan, 67-78. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 1997a.
- \_\_\_\_\_. "Ang Pantayong Pananaw bilang Diskursong Pangkabihasnan." *Nasa Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan; Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*, mga pat., Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan, 79-126. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 1997b.
- \_\_\_\_\_. *Wika ng Himagsikan, Lenguwahe ng Rebolusyon*. Quezon City: Bagong Kasaysayan Inc., 1999.
- \_\_\_\_\_. Tagasalin at patnugot, Karl Marx, Friedrich Engels. *Manifesto ng Partido Komunista*. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2000.
- Sebastian, Raul Roland, Mark Joseph P. Santos. "Ang Retorika ng Rehimeng Duterte at ang Kulturang Pilipino: Isang Kasong Pag-aaral sa Pagbabanggaan ng Burukrasya at Kultura." *Historical Bulletin* Vol. 51 (2017): 50-92.
- Suk, John. *Doing Theology in the Philippines*. Mandaluyong City: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2005.
- Tan, Allen. "Values Research in the Philippines." *Philippine Studies* Vol. 45, No. 4 (1997): 560-569.
- Tano, Rodrigo D. *Theology in the Philippine Setting: A Case Study in the Contextualization of Theology*. Quezon City: New Day Publishers, 1981.
- \_\_\_\_\_. *This Complicated and Risk Task: Selected Essays on Doing Contextual Theology from a Filipino Evangelical Perspective*, pat., Romel Regalado Bagares. Quezon City: Alliance Graduate School, 2006.
- Timbreza, Florentino T. *Sariling Wika at Pilosopiyang Filipino*. Quezon City: C&E Publishing Inc., 2008.
- Velunta, Revelation, pat. *Anumang Hiram Kung Hindi Masikip Ay Maluwang (Anything Borrowed is Either Too Tight or Too Loose): Iba't Ibang Anyo ng Teolohiyang Pumipiglas*. Manila: Union Theological Seminary Centennial Publications, 2006.
- Veric, Charlie Samuya. *Children of the Postcolony: Filipino Intellectuals and Decolonization, 1946-1972*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2020.
- Walls, Andrew F. "The American Dimension in the History of the Missionary Movement." *Nasa Earthen Vessels: American Evangelicals and Foreign Missions, 1880-1980*, mga pat., Joel Carpenter at Wilbert R. Shenk. Grand Rapids: Eerdmans, 1990.
- Wanak, Lee. pat. *The Church and Poverty in Asia*. Metro Manila: OMF Literature Inc., at Asian Theological Seminary, 2008.
- Youngblood, Robert L. *Marcos Against the Church: Economic Development and Political Repression in the Philippines*. Ithaca: Cornell University, 1990.

### **May-akda**

Si Mark Joseph Pascua Santos ay Lecturer sa Departamento ng Filipino, De La Salle University, Manila.



## ARTICLE

### Si Jaime Bulatao at ang kanyang natatanging Pamimilosopiya

Mary Sarah L. Angoluan

**Received:** 02/20/2023; **Accepted:** 02/14/2024; **Published:** 11/25/2024

**Abstrak:** Si Jaime Bulatao ay isang Pilipinong iskolar na bantog sa larangan ng sikolohiya at kilala bilang isa sa mga tagapagtaguyod ng Sikolohiyang Pilipino. Bukod sa kanyang ambag sa akademya, mahalaga rin ang kanyang mga ideya sa pagbibigay-diin sa ugnayan ng sikolohiya at pilosopiyang nakaugat sa kulturang Pilipino. Sa layuning masuri ang malalim na kaisipan ni Bulatao, gagamitin ng papel na ito ang labindalawang diskurso ng Pilosopiyang Filipino na ipinanukala ni Demeterio bilang isang analitikal na balangkas. Ang mga diskursong ito ay magiging gabay sa pagsusuri ng mga napiling obra ni Bulatao upang mapalutang ang namumukod-tanging pilosopiya na matatagpuan sa kanyang mga akda.

Dahil ang pamimilosopiya ay laging nakaugnay sa konteksto ng kasaysayan, kultura, at personal na karanasan, bibigyang-pansin din sa pag-aaral na ito ang talambuhay ni Bulatao. Sa pamamagitan ng pagbalik sa mga mahahalagang yugto ng kanyang buhay—mula sa kanyang edukasyon at bokasyon bilang isang pari, hanggang sa kanyang kontribusyon sa larangan ng akademya—mas malilinaw ang mga ugat ng kanyang mga ideya at ang kahalagahan nito sa kontekstong Pilipino. Layunin ng papel na ipakita kung paanong ang kanyang mga gawaing akademiko at pilosopikal ay nagiging tulay para sa mas malalim na pag-unawa sa ugnayan ng sikolohiya, pilosopiya, at kulturang Pilipino.

**Susing Salita:** *Filipino Philosophy, Demeterio, Bulatao, split-level, psychology*

**Abstract:** Jaime Bulatao is a Filipino scholar renowned in the field of psychology and recognized as one of the pioneers of Filipino Psychology (Sikolohiyang Pilipino). Beyond his contributions to academia, his ideas are significant for emphasizing the connection between psychology and philosophy rooted in Filipino culture. To explore Bulatao's profound thought, this paper will utilize the twelve discourses of Filipino Philosophy proposed by Demeterio as an analytical framework. These discourses will serve as a guide in analyzing selected works of Bulatao to highlight the distinct philosophy present in his writings.

Since philosophy is always linked to the context of history, culture, and personal experience, this study will also give attention to Bulatao's biography. By revisiting key stages of his life—from his education and vocation as a priest to his contributions to academia—the roots of his ideas and their importance in the Filipino context will become clearer. The paper aims to demonstrate how his academic and philosophical endeavors serve as a bridge for a deeper understanding of the relationship between psychology, philosophy, and Filipino culture.

**Keywords:** *Filipino Philosophy, Demeterio, Bulatao, split-level, psychology*

## Panimula

Ang mithiin ng papel na ito ay ipakita ang pagkakaugnayan ng mga aklat ni Fr. Jaime C. Bulatao, S.J., at tuklasin ang mga prinsipyong pinanghahawakan niya bilang kanyang pilosopiya o pangunahing prinsipyo sa pagsusulat ng mga aklat na ito. Ang mga aklat na ginamit ng mananaliksik para sa pagsusuri ay ang mga sumusunod:

- *The Self and the Group: Theory and Techniques of Self-Discovery Groups* (1967)
- *Consciousness Mapping: Exploring Your Relationship Through Star Matrix* (2010)
- *Split-Level Christianity: Renewal of Pilipino Values* (1967)
- *Hypnosis and Hypnotherapy* (2000)



- *The Technique of Group Discussion* (1964)
- *Manileno's Mainsprings* (1973)

Upang maipaliwanag nang maayos ang layunin ng mananaliksik, hahatiin ang papel sa mga sumusunod na bahagi: Una, *Fr. Bulatao bilang Isang Pilosopo*, na tatalakay sa dahilan ng pagpili sa kanyang mga akda at ang kahalagahan ng kanyang pilosopiya; Pangalawa, *Talambuhay ni Fr. Bulatao*, na maglalahad ng mahahalagang detalye ng kanyang buhay upang maipakita ang pinagmulan ng kanyang mga ideya at kontribusyon; Ikatlo, *Praksiyolohiyal na Katauhan ni Bulatao*, na susuri sa mga karanasan at pangyayaring nakaimpluwensya sa kanyang pilosopikal na pananaw; Ikaapat, *Konsepto ng Sarili*, na tatalakay sa kanyang pag-unawa sa sarili at kung paano ito naipakita sa kanyang mga aklat. Susundan ito ng ikalimang bahagi, *Prosesong Paikid*, ika-anim, *Consciousness Mapping*, ika-pito, *Split-level Phenomenon*, ika-walo, *Diyanamiko ng Split-level Christianity*, at ika-siyam, *Pagbabago sa Edukasyon*, na magpapalalim sa pagtalakay ng kanyang mga pangunahing konsepto, at ang ikasampung bahagi, *Konklusyon*, na magbuod ng mga natuklasan at kahalagahan ng pag-aaral. Sa bawat bahagi, magsisilbing gabay ang mga pilosopikal at sikolohikal na konsepto ni Fr. Bulatao upang maipakita ang kanyang mahalagang kontribusyon sa Sikolohiyang Pilipino at pilosopiya.

### **Mga Diskurso ng Pilosopiyang Pilipino**

Maaaring marami ang magtaka kung bakit ko isinasalang-alang si Fr. Jaime Bulatao bilang isang pilosopo. Sa bahaging ito, nais kong isama ang pananaw ni Dr. Feorillo Demeterio mula sa kanyang akda *Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy* (2014, 191), kung saan itinuturing niyang isang pilosopo si Fr. Bulatao. Ayon kay Demeterio, may labing-dalawang diskurso na maaaring magsilbing pinagmulan ng pilosopiyang Pilipino.

Sa unang diskurso, *Filipino Philosophy as the Exposition of Foreign Systems*, nakatuon ito sa mga akda nina Quito, Abulad, Gripaldo, at Go, kung saan tinalakay ang 46% ng mga publikasyong Pilipino na naglalahad ng mga dayuhang sistema ng pilosopiya. Itinuturing itong pinaka-karaniwan at malamang ay pinakaunang uri ng pamimilosopiya sa bansa, kung saan tanging paglalahad ng mga ideya ng mga banyagang pilosopo ang nilalaman ng mga akda. Sa ikalawang diskurso, *Filipino Philosophy as the Application of Logical Analysis*, ayon kay Demeterio, ang diskursong ito ay nagsimula kay Ricardo Pascual sa Universidad ng Manila dahil siya ay naging estudyante ni Bertrand Russell. Tanging 8% lamang ng mga iskolar ang sumusunod sa diskursong ito.

Ang ikatlong diskurso, *Filipino Philosophy as the Application of Phenomenology and Hermeneutics*, ay isang pagsasama ng mga metodo ng phenomenology at hermeneutics, kung saan kilala sina Mary John Mananzan ng Saint Scholastica's College, Florentino Hernando ng Ateneo de Manila University, at Rainer Ibana ng ADMU sa paggamit ng mga metodolohiyang ito. Ang 12% ng mga Pilipinong iskolar ay naglathala ng ganitong uri ng pamimilosopiya.

Ang ikaapat na diskurso, *Filipino Philosophy as the Appropriation of Foreign Theories*, ay inilathala nina Timbreza, Quito, Abulad, at Gripaldo. Ayon kay Gripaldo, ang mga ideya mula sa Kanluran at Silangan ay maaaring iangkop at baguhin upang magkasya sa lokal na kalagayan, at nagbukas ng pinto sa Filipino East-West comparative philosophy. Ang diskursong ito ay sumasaklaw sa 85% ng mga lathala ng Pilipinong pilosopo.

Sa ikalimang diskurso, *Filipino Philosophy as Revisionist Writing*, ipinagpapalagay na dapat lumikha ng sarili nating pilosopiya sa bansa, isang bagong landas na tinatahak upang mas mapalalim at mapalawak ang ating kasalukuyang kaalaman sa pilosopiya.

Ang ikaanim na diskurso, *Filipino Philosophy as Academic Critical Analysis*, ay nakatuon sa pagsusuri ng mga istruktura ng politika at ekonomiya ng Pilipinas, na nag-ugat mula sa mga ideya nina Karl Marx, Vladimir Lenin, at Mao Zedong. Ang diskursong ito ay nagbigay tuwa sa 85% ng mga Pilipinong pilosopo, tulad nina Agustin Martin Rodriguez, Mananzan, at Vitaliano Gorospe.

Ang ikapito naman, *Filipino Philosophy as the Interpretation of the Filipino Worldview*, ay nagsasagot sa mga tanong ukol sa kung sino ang Pilipino at ano ang pananaw nila sa mundo. Bagamat hindi ito kasing-lawak ng ibang diskurso, may 27% ng mga lathala mula rito, at sina

Francisco Demeterio at Leonardo Mercado ang mga kilalang pilosopo sa larangang ito.

Sa ikawalong diskurso, *Filipino Philosophy as Research on Filipino Ethics and Values*, ang diskursong ito ay tinalakay ni Mabaquiao, na nagbigay-diin sa masusing pag-unawa ng Filipino worldview at mga birtud at etikang Pilipino. Ang 42% ng mga lathala ay nagmula rito.

Ang ika-siyam na diskurso, *Filipino Philosophy as the Appropriation of Folk Spirit*, ay nagbibigay-pansin sa epistemolohikal na kahalagahan ng pag-aaral sa Filipino worldview. Tanging 4% lamang ng mga lathala ay tumutok sa diskursong ito, na isinagawa nina Dionisio Miranda at iba pa.

Sa ika-sampung diskurso, *Filipino Philosophy as the Study on the Presuppositions and Implications of the Filipino Worldview*, hindi maraming pilosopo ang nagsagawa ng ganitong uri ng pagsusuri, kaya't wala masyadong lathala sa larangang ito.

Ang ika-labing isang diskurso, *Filipino Philosophy as the Study of the Filipino Philosophical Luminaries*, ay nakatuon sa pag-aaral ng mga kilalang Pilipinong pilosopo at kanilang mga ideya, na nagsilbing gabay sa pagbuo ng isang natatanging pilosopiyang Pilipino.

Sa huling diskurso, *Filipino Philosophy in the Filipino Language*, tinalakay ni Mabaquiao ang kahalagahan ng wika sa pagpapalaganap ng kamalayang Pilipino, na nagsusulong ng isang mas malalim na pag-unawa sa kultura at tradisyon ng bansa.

Kung titingnan ang mga akda ni Leslie Liwanag, tulad ng *Ang Pilosopiya ni Sr. Mary John Mananzan, OSB* (2015) at *Ang Pilosopiya ni Emerita S. Quito* (2016), makikita na batay sa diskursong ito ang kanyang pagsusuri sa pilosopiya ng mga nabanggit na pilosopo, na nagpapakita ng akmang aplikasyon ng mga diskurso ni Demeterio sa kanilang mga ideya.

Ayon kay Demeterio, si Fr. Jaime Bulatao ay kabilang sa mga pilosopong nag-aambag sa tatlong diskurso ng pilosopiyang Pilipino: *Filipino Philosophy as Research on Filipino Ethics and Values*, *Filipino Philosophy as Interpretation of the Filipino Worldview*, at *Filipino Philosophy as Academic Critical Analysis*. Bagamat nakatuon sa sikolohiya, ang mga akda ni Fr. Bulatao ay may pilosopikal na halaga at tumatalakay sa mga isyung kultural at panlipunan ng Pilipinas, na may malalim na ugnayan sa pilosopiyang Pilipino.

Ang mga akda ni Fr. Bulatao tulad ng *Inculturation, Faith and Christian Life* (1976-1978), *When Roman Theology Meets an Animistic Culture* (n.d.), *A Social-Psychological View of the Philippine Church* (1965), at iba pa, ay napabilang sa mga diskursong ito. Sa ganitong paraan, makikita natin ang kanyang kontribusyon sa mas malalim na pag-unawa ng ating kultura at panlipunan, na siyang nagbigay tuwa sa pilosopiyang Pilipino.

### **Kasaysayang Buhay ni Fr. Jaime C. Bulatao, S.J.**

Si Father Jaime C. Bulatao ay ipinanganak noong ika-22 ng Setyembre, 1922 sa Paco, Manila, sa isang pamilya ng mga guro. Ang kanyang ama, si Dr. Emilio Bulatao, ay isang propesor sa Physiology Department sa Unibersidad ng Pilipinas College of Medicine, habang ang kanyang ina, si Encarnacion Ungson, ay isang guro sa pampublikong paaralan. Lumaki si Fr. Bulatao sa isang pamilyang may malalim na kaugnayan sa pananaliksik, dahil ang kanyang ama ay isang kilalang mananaliksik (Montiel, 295).

Nag-aral si Jaime sa St. Theresa's College sa San Marcelino, Manila, noong siya'y 9 taong gulang. Ayon sa kanya, noong panahong iyon, wala pang priskul sa Ateneo, kaya't karamihan ng mga batang nag-aaral noon ay nagsimula sa St. Theresa's College. Dito siya nag-aral hanggang ika-4 na baitang (Nebres, 314). Dahil nais ng kanyang mga magulang na mag-aral siya sa La Salle, kung saan nag-aaral ang kanyang nakatatandang kapatid, pinili ni Fr. Bulatao na magpatuloy sa Ateneo. Ang pagbabago ng kanyang magulang na mag-aral siya sa Ateneo ay dulot ng kanilang pagkakakilala kay Fr. John Hurley, na naging isa sa mga pangunahing impluwensya kay Fr. Bulatao na maging isang Jesuit priest (315). Sa ilalim ni Fr. Hurley, napakilala sa kanya ang Ignatian Spirituality, isang pananaw na nagtuturo na ang Panginoon ay laging kasama sa bawat hakbang ng ating buhay, na may layuning magtaguyod ng magandang buhay sa pagtulong sa kapwa (Loyola Press).

Sa Ateneo, itinaguyod ni Fr. Bulatao ang malayang pag-aaral at pinahalagahan ang male spirituality, isang sistema ng edukasyon na nagbigay sa kanila ng kalayaan na mag-aral nang

mag-isa, pati na rin ang hindi pagsusuot ng uniporme (Nebres, 317). Ang guro niyang si Juan Javier ang nagpakilala sa kanya ng mga tula tulad ng "The Deathbed of Benedict Arnold," mula sa kung saan nakuha ni Fr. Bulatao ang pariralang "give me liberty or give me death." Sa kanyang klase, naging kaklase ni Fr. Bulatao sina Ramon Cabrera at Horacio Consing, na parehong naging martir (319).

Si Fr. Bulatao ay nagtapos bilang Valedictorian ng kanyang high school sa Ateneo de Manila at naging Jesuit Novitiate sa Novaliches sa edad na 16. Nag-aral siya ng teolohiya sa Woodstock College sa New York (Montiel, 295) at na-ordain bilang pari noong Hunyo 22, 1932. Kumuha siya ng Master's degree sa Experimental Psychology at Doctorate degree sa Clinical Psychology mula sa Fordham University (Montiel, 297), at nakapagtapos din siya ng Pilosopiya (Nebres, 329).

Noong 1960, bumalik si Fr. Bulatao sa Pilipinas at itinalaga bilang Tagapangulo ng Central Guidance Office ng Adamson University. Isa rin siya sa nagtatag ng Department of Psychology sa Ateneo at ng Psychological Association of the Philippines noong 1962. Kabilang sa mga co-founder niya ang mga kinikilalang personalidad mula sa Unibersidad ng Pilipinas, Far Eastern University, at Philippine Women's University (Ateneo de Manila University).

Malaki ang naging ambag ni Fr. Bulatao sa Sikolohiya sa Pilipinas. Sa mga internasyonal na pakikipanayam, nakipag-ugnayan siya sa mga propesor mula sa Stanford University noong 1967, University of Hawaii noong 1969, Xiamen University noong 1987, Tien Educational Center noong 1989, at Taiwan's Fujen Catholic University noong 1997. Dahil dito, lumawak ang kanyang interes sa mga banyagang wika tulad ng Pranses, na naging kapakipakinabang sa kanyang mga estudyanteng tulad ni Susan Cellano noong panahon ng Marcos (Montiel, 297).

Si Fr. Bulatao ang nagpakilala ng group dynamics sa Pilipinas at sumulat ng aklat na *The Techniques of Group Discussion* noong 1965. Isa rin siya sa mga nagtaguyod ng kahalagahan ng pag-aaral ng Pilipino psyche, at pinag-aralan ang kulturang Pilipino at mga phenomena ng espirituwalidad at kamalayan ng mga Pilipino. Ang mga pagsisiyasat na ito ay nagbunsod sa paglalathala ng kanyang aklat na *Phenomena and Their Interpretation: Landmark Essays 1957-1989* noong 1992. Bilang isang klinikal na sikologo, nagsagawa siya ng mga eksperimento at naghanap ng mga karapat-dapat na terapwika para sa mga Pilipino, na pinagsasama ang kaalaman mula sa Kanluran at ang kanyang mga lokal na karanasan. Gumamit din siya ng hypnosis upang tuklasin ang mga paranormal na karanasan at nag-aral ng altered states of consciousness, na nagbunsod sa kanyang aklat na *Hypnosis and Hypnotherapy*. Pagtungong ng siglo, pinagtuunan ni Fr. Bulatao ang paggamit ng mga numerikal na pamamaraan upang mapadali ang pagkilala sa sarili, na nagbunsod sa kanyang aklat na *Consciousness Mapping: Exploring Your Relationship Through Star Matrix*.

Bagaman nakatanggap si Fr. Bulatao ng maraming parangal dahil sa kanyang mga kontribusyon sa Sikolohiya, nanatili siyang mapagkumbaba at itinuturing ang kanyang pinakatagumpay sa larangan ng pagtuturo (Ateneo de Manila University). Isang malungkot na balita ang bumagsak sa mga mag-aaral ng Ateneo at sa mga tagasuporta ni Dr. Jaime C. Bulatao nang pumanaw siya noong Pebrero 10, 2015 sa edad na 92. Siya ay inilibing sa Jesuit's Sacred Heart Novitiate Cemetery sa Novaliches (Doyo, 2015).

### **Praksiyolohikal na Katauhan ni Fr. Bulatao**

Tatlong pangunahing prinsipyo ang pinanghahawakan ni Fr. Bulatao na may malalim na epekto sa kanyang praktisyolohikal na pananaw: ang mga pariralang "go beyond borders," "just do it," at "transcend" (Montiel, 297).

Bilang isang taong lumaki sa isang tradisyong malaya at bukas sa mga bagong ideya, makikita sa mga akda ni Fr. Bulatao ang kanyang pananaw na "go beyond borders." Sa mga akdang ito, pilit niyang inaalang ang mga tradisyonal na kombensiyon ng pagiging Katoliko at ang mga nakagawiang kahalagahan ng pagiging Pilipino (298). Halimbawa, sa kanyang mga akda tulad ng *Split-Level Christianity* (1966), *Four Readings on Philippine Values* (1979), at *Inculturation, Faith and Christian Life* (1978), makikita ang kanyang pagsusuri at paglalantad ng

mga limitasyon sa mga tradisyunal na paniniwala. Ipinakita rin ni Fr. Bulatao ang kanyang malalim na paggalang sa mga faith healers at hinihikayat niya ang kanyang mga estudyante na makiisa sa mga pamilya na dumaranas ng poltergeist at mga pagkukulam. Isa pa, naging tagasuporta rin siya ng paggamit ng kontraseptibo at binigyan ng diin ang personal na kahalagahan ng sariling desisyon, na taliwas sa tradisyunal na pananaw ng Katolisismo (297). Malaki rin ang impluwensiya ng kanyang amang si Emilio Bulatao sa kanyang intelektwal na pag-unlad. Si Emilio ang nagpakilala kay Fr. Bulatao sa hypnosis bago pa man siya pumasok sa larangan ng sikolohiya. Gayundin, ang mga aklat tulad ng mga isinulat nina Blair at Robertson, pati na rin ang mga historikal na aklat, ang nagbigay sa kanya ng masusing pag-aaral sa sapi at hypnosis (334).

Bilang isang klinikal na sikolohista, ang pangunahing layunin ni Fr. Bulatao ay magbigay ng tamang at angkop na paggamot para sa mga Pilipino. Itinataguyod niya ang kahalagahan ng malalim na pag-unawa sa Pilipino psyche at ang paggalugad sa mga aspeto ng kultura, mga pagpapahalaga, at mga kababalaghan ng espirituwalidad at diwa ng mga Pilipino. Ipinakita ito sa kanyang aklat na *Phenomena and Their Interpretation: Landmark Essays 1957–1989* (1992) (Psychreg).

Dahil sa kanyang malawak na interes na hindi limitado sa mga tradisyonal na konvensiyon, nagkaroon si Fr. Bulatao ng malalim na pag-aaral sa mga hindi karaniwang phenomena na itinuturing ng agham bilang hindi intelektwal at ng simbahan bilang hindi kaayon ng doktrina. Isa siya sa mga unang nag-aral sa mga esoteric fields ng cognitive psychology at transpersonal psychology (Doyo).

### **Konsepto ng Sarili ni Fr. Bulatao**

Si Fr. Bulatao ay kilala sa mga akdang nakatuon sa konsepto ng sarili, tulad ng *Conscious Mapping: Exploring Your Relationship Through the Star Matrix* (2010), *Split-Level Christianity: Christian Renewal of Filipino Values* (1966), *Hypnosis and Hypnotherapy* (2000), *The Self and the Group: Theory and Techniques of Self-Discovery Groups* (1967), *The Manileno's Mainsprings* na bahagi ng *Four Readings on Philippine Values* nina Frank Lynch at Alfonso de Guzman (1973), *The Direction of Aggression in Clinically Depressed Women* (1949), at *The Technique of Group Discussion* (1964).

Pinakamahalagang tema ng mga akda ni Fr. Bulatao ang konsepto ng sarili bilang instrumento para sa pagtulong sa komunidad. Sa kanyang mga akda, makikita ang mga temang "pagkilala sa sarili," "pangangalaga sa sarili," at "pagtulong ng sarili sa komunidad na kanyang kinabibilangan."

Sa akda niyang *The Self and the Group: Theory and Techniques of Self-Discovery Groups* (1967), isinulat niya ito kasama si Gg. Eugene Moran, S.J. upang mapabuti ang sarili sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga grupo. Ang layunin ng akdang ito ay magbigay gabay sa mga indibidwal sa kanilang pag-unawa sa sarili, at sa mga sumunod na taon, masusumpungan ang konsepto ng sarili na paulit-ulit na itinatampok ni Fr. Bulatao sa kanyang mga pagsasaliksik. Ayon sa mga manunulat, ang pag-unlad ng tao ay nakatali sa dalawa: una, sa indibidwal, at pangalawa, sa grupo o komunidad. Sinasabi nilang, "Walang tao ang sumisibol sa pamamagitan ng sarili lamang," at walang lipon ng tao ang magiging matagumpay maliban kung ang bawat miyembro ay magtataglay ng mga katangian na magtutulungan sa pag-unlad ng buong grupo. Ibinabatay sa ganitong pananaw ang ideya na walang bansa ang uunlad kung ang bawat mamamayan nito ay hindi rin magkakaroon ng indibidwal na pag-unlad. Sa ganitong konteksto, nakatali ang kalagayan ng bawat isa sa kolektibong kabutihan (Bulatao and Moran, 1). Sinasabi ng mga manunulat na isang katangian ng isang hindi pa ganap na mamamayan ang pagiging pasibo o kawalan ng pakikialam, hindi lamang sa pagtutulungan para sa pag-unlad ng grupo, kundi pati na rin sa pagkakaroon ng emosyonal na koneksyon sa grupong kinabibilangan. Ang mga ganitong indibidwal ay madalas hindi tumutok sa mga pambansang isyu at nagiging bulag sa mga kahinaan ng tradisyon. Ang mga hindi nakikialam ay hindi nakakaranas ng tunay na pag-unlad, dahil hindi nila kayang magkaroon ng sariling pananaw na makikinabang ang

buong komunidad.

Ayon pa sa kanila, ang isang “immature citizen” ay madalas naninisi sa mga external na salik tulad ng kahirapan, politika, o masamang kapalaran. Kung ang mga mamamayan ay walang malasakit o hindi aktibong nakikibahagi sa mga isyung pambansa, mahihirapan ang isang bansa na magtagumpay. Kaya’t ang mga mag-aaral at kabataan ay kailangang matutong suriin at pagnilayan ang mga nakuha nilang paniniwala upang matutunan nilang tuklasin ang kanilang sariling mga kakayahan (1).

Tulad ng kanilang sinabi: "One can enumerate several specific ends that may be laid down for Philippine education today, like fostering patriotism, national discipline, etc. But the specific end of which we have the most fundamental and comprehensive need is that of self-discovery, self-knowledge, self-understanding, and self-empowerment" (2).

Upang tunay na umunlad, kinakailangan ng bawat isa na matutunan ang tunay na kahulugan ng kanilang identidad, magtaglay ng social consciousness, at makamit ang self-actualization at isang well-functioning personality. Sa ganitong proseso, ang kaalaman sa sarili at ang sariling pag-unawa ay mga susi sa personal na pag-unlad (2).

Kung tutuusin, ang pagtutok sa sariling pag-unawa ay hindi lamang upang magtagumpay sa buhay, kundi upang matutunan ang pagkakaroon ng tamang desisyon para sa hinaharap. Ang mga mag-aaral na hindi nakararanas ng tunay na self-discovery ay maaaring magmukhang sumusunod lamang sa mga pamantayan, ngunit hindi nila tunay na nauunawaan ang kanilang lugar sa lipunan. Ang simpleng pagsunod sa mga panuntunan ay hindi nagbubunga ng pag-unlad ng sarili.

Ayon kay Fr. Bulatao at Gg. Moran, ang konsepto ng sarili ay mas malawak kaysa sa ego. Maaaring may mga bagay tayong ginagawa na hindi natin batid, ngunit may mga bagay na malinaw sa atin hinggil sa ating pagkatao, tulad ng ating pagtingin sa ating sarili bilang isang estudyante o miyembro ng isang komunidad. Ang "self-image" ay nakaugnay sa ating mga karanasan at ang pag-unawa natin sa ating sarili.

Ang sarili ay may mahalagang papel sa ating mga desisyon at sa kung paano natin ipinapakita ang ating pagkatao sa iba. Ang ating imahen sa sarili ay sumasalamin sa kung paano natin nakikita ang ating papel sa grupo. Para kay Fr. Bulatao, ang imahen ng sarili ay nabubuo sa pamamagitan ng ating mga karanasan—kung tayo ay minamahal, tinatanggap, o dinadomina ng ibang tao. Ang bawat karanasang ito ay humuhubog sa ating imahen at nagiging sanhi ng ating pagiging sensitibo sa mga damdamin tulad ng pagmamahal o galit.

Ang pagtuklas sa sarili ay isang alternatibong paraan ng pamumuhay. Maraming tao ang nalulugmok sa paulit-ulit na gawain na hindi nakakatulong sa kanilang pag-unlad. Ang pagtuklas sa sarili ay isang proseso ng pag-alam at pagpapalawak ng ating mga kakayahan, na hindi nakatali sa mga nakaraang karanasan. Kapag natutunan ng isang tao na tuklasin ang kanyang sariling potensyal, magbubukas ito ng daan patungo sa pagbabago at personal na pag-unlad.

Ayon kay Fr. Bulatao at Gg. Moran, ang pag-unlad ng indibidwal ay nauugnay sa kanyang mga karanasan at pakikisalamuha sa grupo. Ang interpersonal na relasyon ay isang mahalagang salik sa paghubog ng sarili, dahil ito ay nag-uudyok sa indibidwal na magbago at tumugon sa mga pangangailangan ng komunidad. Ang grupo ay isang katalista para sa personal na pagbabago, na nagsisilbing puwersa upang ang bawat isa ay magtagumpay sa kanilang sariling pag-unlad.

### **Ang Prosesong Paikid**

Nagsisimula ang paikid na proseso sa pagharap sa sarili, o self-confrontation. Ito ay parang pagtingin sa salamin na maaaring magdulot ng pagkabahala. Sa madaling salita, ang pagharap sa sarili ay ang pagpapahayag ng mga saloobin nang tapat at walang takot—“the truth, the whole truth, and nothing but the truth,” ayon kay Fr. Bulatao at Gg. Moran. Nangangahulugan ito ng pagiging tapat sa nararamdaman, at hindi nakakatulong ang pagsunod sa mga panuntunan ng komunidad, kundi ang pagiging bukas sa grupo tungkol sa tunay na nararamdaman.

Pagkatapos ng pagharap sa sarili, nagkakaroon ng pansariling batid o self-awareness. Ang pansariling batid ay iba sa kamalayang pansarili, o self-consciousness, na nakatutok sa kung paano nakikita ng iba ang sarili. Ang pansariling batid ay ang kamalayan ng pagkakaiba ng sarili

sa iba, isang proseso ng pag-unawa sa sariling karanasan at katangian. Ito ay nangyayari sa loob ng grupo, kung saan natututo ang indibidwal na tanggapin ang iba't ibang pananaw, kahit na hindi ito laging tumutugma sa kanya.

Mula sa pagtanggap ng pagkakaiba, nagsisimula ang indibidwal na tanggapin ang sarili. Ang pagtanggap sa sarili ay hindi lamang ang pagkilala sa sariling kaibahan kundi ang pagiging bukas at positibo sa ideya na hindi lahat ay sasang-ayon sa iyo. Ayon kay Fr. Bulatao at Gg. Moran, ang pagtanggap sa sarili ay may kinalaman sa pagpapakumbaba sa pagkakaiba ng iba. Tinulungan ng grupo ang indibidwal na matutong tanggapin ang sarili at ang grupo sa kanilang kabuuan.

Mula sa pagtanggap sa sarili, nagiging pamumuhunan sa sarili (self-investment) ang indibidwal. Ito ay nangangahulugang pagpapabuti ng sarili mula sa dati niyang kalagayan patungo sa mas mataas na antas ng pag-unlad. Halimbawa, mula sa pagiging mahiyain, ang indibidwal ay natututo nang makisalamuha sa ibang tao. Ang grupo rin ay may papel sa pamumuhunan sa sarili, sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga ideya at karanasan.

Subalit, may mga takot at kaba ang indibidwal sa proseso ng pamumuhunan sa sarili, tulad ng pag-aalala kung tatanggapin siya ng grupo. Minsan, ito ay magdudulot ng kalituhan at takot na magpumilit magbago, kaya't ang indibidwal ay mag-iingat. Gayunpaman, kung tatanggapin siya ng grupo, magkakaroon siya ng lakas ng loob na magpatuloy sa pamumuhunan sa sarili at mas higit pang umunlad.

Kapag hindi siya tinanggap, maaaring magdulot ito ng resentment o sama ng loob, na nagiging sanhi ng pakiramdam ng pagiging hindi bahagi ng grupo. Subalit, ang pagtanggap ng grupo ay maaari ring magbukas ng pagkakataon para sa personal na pag-unlad—ang paikid na proseso patungo sa kaunlaran. Kung hindi matanggap, maaaring magbunga ito ng paikid na proseso patungo sa pagmamatyag at pagrereserba ng sarili.

Ang pagmamatyag ay isang reaksiyon ng indibidwal sa pagtanggap, kung saan iniwasan niyang muling makisalamuha sa grupo. Ayon kay Fr. Bulatao at Gg. Moran, ito ay isang normal na reaksiyon ng indibidwal sa hindi pagtanggap, at ang mga kasunod na pangyayari ay magreresulta sa withdrawal, o pag-iiwas, kapag hindi na muling bumalik sa proseso ng pag-unlad.

Sa huli, ang paikid na proseso ay isang mahalagang aspeto ng pag-unlad ng indibidwal, hindi lamang sa loob ng isang grupo kundi pati na rin bilang miyembro ng isang bansa. Ayon kay Fr. Bulatao at Gg. Moran, ang isang bansa ay hindi uunlad kung ang bawat mamamayan nito ay hindi rin magtatamo ng personal na pag-unlad sa tulong ng kanilang komunidad.

### **Consciousness Mapping**

Ayon kina Fr. Bulatao at Gng. Maron sa kanilang aklat na *The Self and the Group: Theory and Techniques of Self-Discovery Groups*, binibigyang-diin ang kahalagahan ng pagkilala sa sarili dahil ito ang nagtutulak sa isang indibidwal patungo sa mas malalim na proseso ng pag-unlad. Ang ganitong uri ng pagkilala ay makikita rin sa aklat ni Fr. Bulatao na *Consciousness Mapping: Exploring Your Relationship Through the Star Matrix*, na isinulat kasama si Gng. Gilda Dans-Lopez at nailimbag noong 2010.

Ayon kay Fr. Bulatao, ang consciousness maps ay mga mapa na naglalarawan ng kaugnayan ng isang indibidwal sa iba, lalo na sa mga tao na bahagi ng kanyang nakaraan. Sinabi ni Fr. Bulatao na ang consciousness maps ay nagsimula mula pa sa ating pagkabata, mula sa mga unang karanasan sa pagsuso, at patuloy na nagbabago habang tayo'y lumalaki (Bulatao at Dans-Lopez 4). Ipinapakita ng mga akda ni Fr. Bulatao na ang pagkilala sa sarili ay hindi lamang isang personal na hakbang patungo sa pag-unlad kundi isang mahalagang proseso na tumutulong sa pagtanggap sa mga nakaraang karanasan. Dahil dito, bumuo siya ng isang metodo na gumagamit ng makabagong teknolohiya upang mapadali ang pagkilala sa sarili. Ayon kay Edna Franco sa kanyang paunang salita, ang akdang ito ni Fr. Bulatao ay isang 'magnum opus' na naglalarawan ng kahusayan niya bilang isang klinikal na psychologist at siyentipiko (vii).

Ayon kay Fr. Bulatao, mula pa sa ating pagiging sanggol, nagsisimula nang bumuo ng mga ugnayan ang isang tao, kahit na wala siyang malay sa mga ugnayang ito. Ang mga

karanasang ito mula sa magulang at mga mahal sa buhay ay nagsisilbing batayan ng mga mapa ng isang indibidwal, kung saan nakabatay ang kanyang mga pananaw at pakikisalamuha sa mga tao sa kanyang paligid (4).

Inilalarawan ni Fr. Bulatao ang dalawang uri ng reyalidad: ang obhektibong reyalidad at ang subhektibong reyalidad. Ang obhektibong reyalidad ay ang mga bagay na maaari nating siyasatin, mailarawan, at masukat, habang ang subhektibong reyalidad ay ang ating mga personal na reaksyon, kaisipan, damdamin, at mga desisyon patungkol sa mga bagay at karanasan (Bulatao 3). Ayon kay Fr. Bulatao, ang subhektibong reyalidad ay personal at makabuluhan, habang ang obhektibong reyalidad ay mas malayo at hindi gaanong personal (Bulatao at Dans-Lopez 5).

Ang *consciousness mapping* ay nakatuon sa pagsusuri ng subhektibong reyalidad ng isang indibidwal, lalo na sa kanyang mga nakaraang karanasan at ugnayan sa mga tao. Bagamat ang mga ugnayan ay maaaring mailarawan sa mga pisikal na aspeto tulad ng trabaho, kita, at lugar kung saan nakilala ang isang tao, ito ay obhektibong reyalidad. Ang subhektibong reyalidad ay nakasentro sa kung ano ang nararamdaman ng isang tao at kung paano niya nauunawaan ang kanyang personal na karanasan kasama ang mga taong ito. Kapag isinulat natin ang mga ito, nagsisimula tayong bumuo ng mapa ng ating subhektibong reyalidad.

Ang *consciousness mapping* ay hindi lamang tungkol sa paglalatag ng ating mga pananaw tungkol sa mga tao sa ating buhay, kundi pati na rin ang pagkakaroon ng kamalayan sa mga pattern ng ating pakikisalamuha. Ayon kay Fr. Bulatao, ang kamalayan sa mga pattern na ito ay mahalaga sapagkat ito ang nagdidikta kung paano tayo makikisalamuha at magpapakita ng mga emosyon—kung tayo ay magiging bukas, magaan, o negatibo sa mga tao sa ating paligid (5).

Ang pagkakaroon ng kamalayan sa sarili ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng self-discovery, kung saan ang mga indibidwal ay natututo kung paano magmuni-muni at pagnilayan ang kanilang mga nararamdaman. Ayon kay Fr. Bulatao, mayroong iba't ibang pamamaraan upang makamit ito, kabilang ang hypnosis, Thematic Apperception Test (TAT), at ang "Draw-a-Person" test, na ginagamit upang magbigay-liwanag sa subhektibong reyalidad ng isang tao (Cohen at Swerdlik).

Ayon kay Fr. Bulatao, gaya ng obhektibong reyalidad na nasusukat gamit ang mga numero, maaari ring masukat ang subhektibong reyalidad sa pamamagitan ng mga numero. Halimbawa, ang pagsusukat ng kasidhian ng isang tao sa relasyon sa iba ay maaaring gamitan ng mga numerong sumasalamin sa kanyang mga damdamin at reaksyon sa mga taong nakapaligid sa kanya (7).

Ang pag-aaral ng subhektibong reyalidad ay muling sumik sa mga gawa ni George Kelly, na siyang nagbigay ng malaking impluwensya sa pagbuo ng konsepto ng *consciousness mapping*. Ayon kay Kelly, ang subhektibong reyalidad ay isang mahalagang bahagi ng ating asal at ang personal constructs ay ginagamit upang suriin ang ating relasyon sa mga tao at ang ating mga reaksyon sa kanila. Ginagamit ni Kelly ang Repertory Grid upang makita ang pagkakaiba ng mga mahalagang tao sa buhay ng isang indibidwal, at magbigay ng numerikal na pagpapahalaga sa mga relasyon na iyon (8).

Ang *Star Matrix* ni Fr. Bulatao ay isang modernong pagsasama ng mga numerikal na iskala, kung saan ang mga numerong ginagamit ay nagpapakita ng kasidhian ng relasyon at ang tumpak na paglalarawan ng mga indibidwal sa ating buhay. Ang makabagong teknolohiya na ginagamit sa *Star Matrix* ay nagpapabilis sa proseso ng pagkilala sa sarili, na may layuning mapadali ang personal na pagsusuri at kamalayan (9).

Ayon kay Fr. Bulatao, kapag may kakulangan sa proseso ng pag-unlad at pagkilala sa sarili, maaaring magresulta ito sa isang *split-level phenomenon*, kung saan ang isang indibidwal ay nahihirapang magtaglay ng konsistensya sa kanyang mga relasyon at prinsipyo. Sa kanyang aklat *Split-Level Christianity*, ipinakita ni Fr. Bulatao na ang *split-level* ay isang kondisyon kung saan ang isang tao ay may magkasalungat na paniniwala at gawi, na maaaring magdulot ng pagkakabasag sa kanyang pagkakakilanlan at sa mga prinsipyo na pinaninindigan niya (Bulatao at Moran 11).

### **Pagbubuo ng Distansya**

Ang pagtataguyod ng distansya ng isang indibidwal mula sa mga awtoridad upang maiwasan ang "hiya" ay isang defense mechanism, kung saan inilalayo ng tao ang sarili mula sa presensya at pagmamasid ng mga may kapangyarihan (8). Isang halimbawa ni Fr. Bulatao ay ang kwento ng isang Protestante na nagbalik-loob sa Katolisismo. Ayon sa nagbalik-loob, ang dahilan ng kanyang pagbabalik-loob ay ang mas magaan na pamumuhay sa Katolisismo kumpara sa pagiging Protestante. "Pinapabayaan na lang nila kayo na gawin ang gusto ninyo, ngunit sa pagiging Protestante ko, maraming bawal."

Ayon kay Fr. Bulatao, ang distansya na ito ay may malalim na epekto, na nagiging dahilan upang maging malayo ang mga pari o obispo sa kanilang nasasakupan, kadalasan dahil sa kanilang asetiko (ascetic) na pamumuhay (9).

### **Dinamiko ng Split-level**

Saan nga ba nagmula ang paghahating ito? Ano ang nagpapanatili dito? Bakit hindi natin namamalayan ang paghahating ito? Ayon kay Fr. Bulatao, may dalawang lebel ang split-level. Ang itaas na bahagi ay kumakatawan sa pagiging Katoliko o Kristiyano, na natutunan sa mga paaralan at simbahan, sa mga katekismo at aral ng mga awtoridad. Ang ibabang bahagi naman ay ang mga paniniwala at asal na naipamana mula sa pamilya o komunidad, na umangkop sa pang-araw-araw na pamumuhay ng indibidwal. Ang ibabang bahagi ay madalas hindi konkretong naipapahayag, o kaya'y hindi batay sa malinaw na pamantayan—isang "unspoken philosophy" (10).

Ngunit bakit hindi natin namamalayan ang hindi pagkakasunduan ng mga ito? Ayon kay Fr. Bulatao, ang pangunahing dahilan ay maaaring dahil ang itaas na bahagi ng split-level ay itinuturing na mga konsepto o simbolo na walang matibay na kaugnayan sa realidad (Ibid, 1966). Para kay Fr. Bulatao, mahalaga ang pagkakaroon ng pag-aayon ng mga ito. Ayon pa sa kanya, maaaring may kakulangan sa kultura ng indibidwal na makatagpo ng tamang modelo o gabay, kaya't hinahayaan na lamang nilang magpatuloy ang hindi pagkakasunduan dahil ginagawa ito ng iba sa kanilang komunidad (11).

### **Bakit nagkakaroon ng paghihiwalay?**

Ayon kay Fr. Bulatao, mula sa pananaw ng makabagong sikolohiya, ang pagkatuto ay isang partikular na karanasan, at natututo tayo mula sa mga tiyak na stimulus. Subalit kung magkaiba ang stimulus ng dalawang bahagi, maaaring hindi magtaglay ng pagkakatantay-pantay. Ang itaas na bahagi ng split-level ay natutunan sa paaralan, samantalang ang ibaba ay natutunan sa lansangan at tahanan (11). Ipinapakita ni Fr. Bulatao na may distansya na pagitan ng dalawang stimulus bago pa man maiparamdam ng indibidwal ang distansya mula sa mga awtoridad dahil sa 'hiya.'

Ayon kay Fr. Bulatao sa kanyang aklat *The Self and the Group: Theory and Techniques of Self-Discovery Groups*, mahalaga ang relasyon ng indibidwal sa grupo: "Walang tao ang sumisibol sa pamamagitan ng sarili lamang; kahit ang mga lipon ng tao ay sumisibol bilang isang lipon maliban na lamang kung ang miyembro ng grupo ay umunlad, hindi sa dami kundi sa paraan na kung saan makatulong ito sa pag-unlad bilang lipon" (Bulatao and Moran, 1).

Sa split-level, hindi na lang distansya ang nagiging resulta ng hindi pagkakasunduan—sa halip, ito ang nagiging sanhi ng paghihiwalay. Ayon kay Fr. Bulatao, ang distansya o kaibahan ng awtoridad sa paaralan at tahanan ay nagtatakda ng dalawang magkahiwalay na sistema ng stimuli-response sa isang indibidwal (Bulatao, 12).

Makikita natin na batid na ni Fr. Bulatao ang ganitong problema ng hindi pagkakasunduan ng subhetibong at obhetibong realidad—ang hindi pagkakatugma ng mga prinsipyo mula sa simbahan at sa lansangan. Ang solusyon na nakita ni Fr. Bulatao sa problemang ito ay ang "pagkilala sa sarili," isang proseso patungo sa kaunlaran, na matutunghayan sa kanyang aklat *Consciousness Mapping at The Self and the Group*.



### **Pagkilala sa Sarili at Diyalogo**

Ano kaya ang solusyon ni Fr. Bulatao sa problema ng split-level sa pagitan ng mga prinsipyo ng simbahan at ng lansangan? Sa kanyang pananaw, isang mahalagang hakbang ay ang pagkakaroon ng diyalogo—pagpapahintulot na makipag-ugnayan ang dalawang bahagi ng split-level: ang itaas at ang ibaba. Ilalapat ang mga awtoridad ng simbahan sa mamamayan, at ilalabas sila mula sa kanilang asetiko o malayo na pamumuhay upang maging bahagi ng komunidad na kanilang pinaglilingkuran. Para kay Fr. Bulatao, upang umunlad ang indibidwal, kinakailangang maging bahagi siya ng isang grupo na tutulong sa kanyang pag-unlad, at ang grupo naman ay dapat mag-invest din sa kanyang kapakanan para sa kabutihan ng buong komunidad.

Ayon kay Fr. Bulatao, dapat magsimula sa mga pari ang inisyatiba na ito. Kung si Hesukristo ay nagkatawang tao at bumaba sa atin, dapat din ang mga awtoridad ng simbahan ay hindi matakot na maging bahagi ng komunidad. Bagamat mawawala ang kanilang asetiko na pamumuhay, magkakaroon naman sila ng mas malalim na pagtanggap mula sa mga tao na kanilang pinaglilingkuran (18).

### **Pagbabago sa Edukasyon**

Dahil sa nakikitang problema ni Fr. Bulatao, na maaaring magdulot ng withdrawal ang indibidwal sa isang grupo dahil sa hindi pagtanggap ng kanyang komunidad, isang solusyon upang maiwasan ang pagkakaroon ng split-level ay ang pagbabago sa edukasyon. Ayon kay Fr. Bulatao, ang pangunahing layunin ng simbahan sa larangan ng edukasyon ay upang maghatid ng pag-aaral na nakaayon sa mga aral ng simbahan, upang matulungan ang pagsasama ng dalawang lebel ng split-level—ang itaas at ibaba. Subalit kapag nabigo ito sa layuning ito, mawawala ang kahalagahan at kaugnayan ng simbahan sa komunidad (21). Ang pagkabigong ito ay nagiging sanhi ng split-level. Ayon pa kay Fr. Bulatao, dahil sa pagkawala ng bisa ng pilosopiya at teyolohiya sa edukasyon, nararapat lamang na magkaroon ng pagbabago rito (33).

Ayon kay Fr. Bulatao, ang tungkulin ng pilosopiya sa isang pamantasang Katolika ay tulungan ang mga mag-aaral na maunawaan kung ano ang ibig sabihin ng pagiging "isang tao namumuhay sa mundo" (human person in the world). Dapat matulungan ng pilosopiya ang mga indibidwal na makita ang kanilang sarili bilang bahagi ng komunidad, at magbigay-linaw kung paano sila magiging bahagi nito. Subalit, ang paraan ng pagtuturo ng pilosopiya sa nakaraan ay tila puro awtoritatibo at konseptuwal lamang. Ang mga konseptong itinuturo ay hindi nakatutok sa konkretong karanasan ng indibidwal bilang bahagi ng komunidad, kaya't nagiging kulang ito upang matugunan ang tungkulin ng pilosopiya sa edukasyon.

Dahil nga sa mga konseptong hindi nakakatulong sa komunidad, ang mga eklesyastikong pananaw na itinuturo sa mga paaralan, halimbawa ang pagiging Tomasian, ay hindi sapat upang maipaliwanag ang mga nangyayari sa paligid. Ang reyalidad ay puno ng kaalaman at patuloy na nagbabago (34). Kung ito ay ikukulong sa eklesyastikong pananaw, tila nakukulong din ang natutunan ng mag-aaral tungkol sa reyalidad. At kung may natutunan man, magiging mahirap itong iugnay sa mga problema ng komunidad dahil limitado ito. Dapat ang mga eklesyastikong pananaw ay manatiling bukas sa mga bagong kaalaman at pag-aaral (35).

Mahalaga rin na magkaroon ng pagbabago sa pag-aaral ng teyolohiya sa mga pamantasang Katolika. Kung ang pilosopiya ay nagbibigay kahulugan sa mag-aaral kung ano ang ibig sabihin ng pagiging "isang taong namumuhay sa mundo," ang teyolohiya naman ay nagbibigay ng kasagutan sa mga tanong tungkol sa kung ano ang ibig sabihin ng pagiging "anak ng Diyos." Halimbawa, ang teyolohiya ay dapat makatulong sa mga Pilipinong mag-aaral kung paano magmuni-muni tungkol sa kanilang pagiging Pilipinong Katolika, na saklaw ng Simbahang Katolika sa Pilipinas. Ang pagbabago sa pagtingin sa kahalagahan ng komunidad ay maaaring maganap lamang kung magsasagawa ng muling pagsusuri at revitalization ng mga kolehiyong teyolohikal sa bansa, upang mapanatili ang diwa at kahalagahan ng teyolohiya sa komunidad.

Ayon kay Fr. Bulatao, ang mga aklat na ginagamit sa paaralan ay hindi dapat puro konseptuwal, legalistik, minimalistik, at negatibo. Dapat magkaroon ng mga konseptong

nakasentro kay Kristo o Christ-centeredness—mga ideya na nakatuon sa Hesukristo at sa mga turo nito. Dapat gawing personal at pasulong ang pag-aaral ng moral na buhay ng isang Katoliko. At higit sa lahat, ang teyolohiya ay dapat maiangkop sa positibong pananaw na makakapukaw ng damdamin ng bawat indibidwal bilang bahagi ng komunidad upang magsanhi ng pagbabago (Ibid 1966, 35).

### **Kongklusyon at Lagom**

Sa kabuuan, ang artikulong ito ay nagtatalakay sa mga pananaw ni Fr. Bulatao hinggil sa mga isyung kinahaharap ng mga indibidwal sa kanilang pagbuo ng identidad sa loob ng mga komunidad, partikular na ang split-level na nagpapakita ng hindi pagkakasunduan sa pagitan ng mga ideolohiyang itinuturo ng simbahan at ng mga halaga at praktis na nagmumula sa komunidad. Ipinakita ni Fr. Bulatao na ang distansya o "hiya" na nararamdaman ng mga indibidwal mula sa mga awtoridad, tulad ng mga pari o obispo, ay nagiging hadlang sa mas malalim na koneksyon at ugnayan ng simbahan at ng komunidad. Ang split-level, o ang pagkakaroon ng magkaibang pananaw at prinsipyo sa loob ng isang tao, ay lumalabas mula sa magkahiwalay na stimulus at edukasyon na nakasalalay sa mga awtoridad ng paaralan at ng pamilya o komunidad.

Ayon kay Fr. Bulatao, ang solusyon sa problema ng split-level ay nakasalalay sa pagbabago ng edukasyon. Itinataguyod niya ang pangangailangan ng isang pilosopiya at teyolohiya na hindi lamang konseptuwal kundi nakapokus sa praktikal na aplikasyon ng mga aral ng simbahan sa tunay na buhay ng mga tao. Dapat magsanib ang mga aral ng simbahan at ang mga reyalidad ng komunidad upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral at ng mas malawak na lipunan.

Ang edukasyon sa mga Katolikong institusyon, ayon kay Fr. Bulatao, ay dapat magsilbing gabay sa mga mag-aaral hindi lamang sa kanilang teoretikal na kaalaman kundi sa kanilang praktikal na pag-unawa sa kanilang mga tungkulin bilang bahagi ng isang komunidad. Ang pilosopiya at teyolohiya ay may malaking papel sa paghubog ng tamang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa kanilang lugar sa mundo at sa kanilang relasyon sa Diyos at sa komunidad. Sa kabuuan, ang artikulo ni Fr. Bulatao ay nagpapakita ng pangangailangan ng malalim na pagbabago sa edukasyon at sa ugnayan ng simbahan at komunidad upang mapanatili ang kahalagahan at kabuluhan ng mga aral sa buhay ng bawat isa. Sa pamamagitan ng isang makatarungan at bukas na diyologo sa pagitan ng simbahan at komunidad, maaaring matugunan ang split-level at magtagumpay ang layunin ng edukasyon sa paghubog ng mga responsableng mamamayan at Kristiyano.

### **Talasanggunian**

- Montiel, Cristina Jayme. "Rev. Fr. Jaime C. Bulatao, S.J 1922-2015." *Philippine Studies Historical & Ethnographic Viewpoints* Jime 2015: 295-300.
- Ateneo de Manila University. *Jaime Bulatao*. 4 April 2015. 21 August 2017. <<http://www.psychreg.org/jaime-bulatao/>>.
- Loyola Press. *Waht is Ignatian Spirituality?* 2017. 22 August 2017. <<http://www.ignatianspirituality.com/what-is-ignatian-spirituality>>.
- Psychreg. *Jaime Bulatao*. 4 April 2015. 22 August 2017. <<http://www.psychreg.org/jaime-bulatao/>>.
- Doyo, Ceres. *Father Bu: Jedi Master of Unknown Universe*; 92. 15 February 2015. 23 August 2017. <<http://newsinfo.inquirer.net/672974/father-bu-jedi-master-of-unknown-universe-92>>.
- Bulatao, Jaime C. and Eugene Moran. *The Self and the Group: Theory and Techniques of Self-Discovery Groups*. 1967.
- Nebres, Bienvido F. *University Traditions: The Social Sciences Interviews*. Office for Missin and Identity and Organizational Development (OMIOD), 2010.
- Bulatao, Jaime C. and Gilda Dans-Lopez. *Consciousness Mapping: Exploring your Relationship*

- Through the Star Matrix*. Quezon city: Ateneo de Manila University Press, 2010.
- Merriam Webster Dictionary. "Hynosis." *Merriam Webster Dictionary* n.d.
- Cohen, Ronald Jay and Mark E. Swerdlik. *Psychological Testing and Assessment*. Boston: McGraw-Hill Companies Inc., 2002.
- Bulatao, Jaime C. *Split Level Christianity Renewal of Filipino Values*. Quezon City: Capitol Publishing House, Inc, 1966.
- . *The Technique of Group Discussion*. 1964.
- . *Hynosis and Hynotherapy*. Quezon City: Office of Research and Publications, 2000.
- Doyo, Ceres. *Father Bu: Jedi Master of Unknown Universe*; 92. 15 February 2015. 28 August 2017. <<http://newsinfo.inquirer.net/672974/father-bu-jedi-master-of-unknown-universe-92>>.
- Gripaldo, Rolando M. "Is there a Filipino Philosophy?" 21 January 2015. *Research Gate*. 20 November 2021. <[https://www.researchgate.net/profile/Rolando-Gripaldo/publication/237712262\\_Published\\_in\\_Rolando\\_Gripaldo\\_ed\\_2004\\_The\\_philosophical\\_landscape\\_Manila\\_Philippine\\_National\\_Philosophical\\_Research\\_Society\\_IS\\_THERE\\_A\\_FILIPINO\\_PHILOSOPHY1/links/54bfdea00cf28a632](https://www.researchgate.net/profile/Rolando-Gripaldo/publication/237712262_Published_in_Rolando_Gripaldo_ed_2004_The_philosophical_landscape_Manila_Philippine_National_Philosophical_Research_Society_IS_THERE_A_FILIPINO_PHILOSOPHY1/links/54bfdea00cf28a632)>.
- Demeterio, Feorillo. "Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy." *Philippiniana Sacra* (2014): 189-230.
- Mabaquiao, Napoleon. "Pilosophiyang Pilipino: Isamg Pagsusuri." *Philippine Social Sciences Review* (1998): 203-215.

#### ANG MAY-AKDA

Si Mary Sarah L. Angoluan ay Assistant Professor sa Departamento ng Humanidades at Pilosopiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas.



## ARTICLE

# Hay! Apu' Kung Kayêk: Pagbabakas, Pagpopook, at Pagbubuo sa Dororo Bilang Tagpuan ng Danas, Pangarap, at Pananampalataya ng Katutubong Ayta Ambala

Aeron James R. De Leon

**Received:** 01/15/2023; **Accepted:** 04/14/2024; **Published:** 05/31/2024

**Abstrak:** Sa mga panalangin nagkukubli ang danas, pangarap at pagkatao ng indibidwal. Pinagtitibay nito ang pananampalataya habang pinapatatag ang pagkatao. Ang pananaliksik na ito ay nagsusuri sa Dororo ng Ayta Ambala, isang katutubong panalangin na itinuturing na tagpuan ng danas, pangarap, at pananampalataya ng komunidad. Batay sa Maka-Pilipinong Pananaliksik, nakalap ang siyam na Dororo mula sa Sitio Mampuweng, lungsod ng Olongapo sa Zambales at natukoy ang tatlong uri: Dororong Ritwal, isang kolektibong panalangin para sa komunidad; Dororong Panganganito, isang ritwal sa pagpapagaling; at Pansariling Dororo, na personal na dalangin para sa pang-araw-araw na pangangailangan. Natukoy ang apat na temang nakapaloob sa mga panalangin: pasasalamat, proteksyon, masaganang ani, at pag-alala sa yumao. Ipinapakita ng mga Dororo ang kaugnayan ng mga Ayta Ambala sa kanilang kalikasan, pamayanan, at espiritualidad. Ang pananaliksik ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng dokumentasyon at pagpapasa ng kaalaman upang mapanatili ang isang kultural na pamana. Nagpapakita ang Dororo ng katatagan ng Ayta Ambala sa harap ng modernisasyon at impluwensiya ng ibang relihiyon habang pinangangalagaan ang kanilang tradisyonal na pagkakakilanlan.

**Mga Susing Salita:** *Dororo, Ayta Ambala, Katutubo, Panalangin, Ritwal*

**Abstract:** *In prayers lie the experiences, dreams, and identity of the individual. These strengthen faith while fortifying one's character. This research examines the Dororo of the Ayta Ambala, a native prayer considered a convergence of the community's experiences, aspirations, and faith. Using a Filipino-centric research approach (Maka-Pilipinong Pananaliksik), nine Dororo were gathered from Sitio Mampuweng, Olongapo City, Zambales, and classified into three types: Dororong Ritwal, a collective prayer for the community; Dororong Panganganito, a healing ritual; and Pansariling Dororo, personal prayers for daily needs. Four themes emerged within the prayers: gratitude, protection, abundant harvest, and remembrance of the deceased. The Dororo reflects Ayta Ambala's connection to nature, community, and spirituality. This research emphasizes the importance of documentation and knowledge transmission to preserve cultural heritage. The Dororo demonstrates the resilience of the Ayta Ambala amidst modernization and external religious influences while safeguarding their traditional identity.*

**Keywords:** *Dororo, Aeta Ambala, Indigenous, Prayer, Ritual*

## Panimula

Sa pananaw ng mga Kastila, ang relihiyong Pilipino ay hindi lehitimong relihiyon dahil ito ay walang mga pormal na istruktura tulad ng mga templo, banal na kasulatan, o organisadong pari. Sa halip, ito ay itinuring na isang labirinto ng mga paganong paniniwala na kailangang palitan ng Kristiyanismo. Gayumpaman, ang relihiyon ng mga sinaunang Pilipino ay higit pa sa simpleng animismo—ito ay mas malalim na sistema ng espiritwalidad na sumasalamin sa kanilang pagkakaugnay sa kalikasan, komunidad, at espirituwal na mundo (Hislop, 1971). Nakaangkla ito sa malapit na relasyon sa kalikasan, mga ninuno, at iba't ibang diyos at espiritu. Ang tatlong pangunahing konsepto—Diyos, kaluluwa, at kamatayan—ay nagsisilbing pundasyon ng katutubong pananaw sa espirituwal na mundo (Santos, 2008). Ayon kina Loarca, Morga, at Chirino, naniniwala ang mga sinaunang Pilipino sa iisang pangunahing Diyos. Ang tawag sa Diyos na ito ay nag-iiba depende sa rehiyon at wika: Bathala (Tagalog), Laon o Malaon (Bisaya), Kabunian (Ilokano), Gugurang (Bicolano), at iba pa. Si Bathala, ang pangunahing Diyos ng Tagalog, ay itinuturing na lumikha ng lahat ngunit hindi direktang sinasamba dahil naniniwala ang mga tao na hindi sila karapat-dapat na magbigay-papuri o makihalubilo nang tuwiran sa Diyos (Alipio 1998; Demetrio, 1978; Mercado, 1991).


Bukod sa Bathala, may mga pangalawang diyos na tinatawag na anito at diwata. Ang mga espiritong ito ay nagtataglay ng mas personal na papel sa pang-araw-araw na buhay ng tao, gaya ng pagbibigay ng proteksyon at paggabay. Ayon kay Isabelo de los Reyes (1909), ang paniniwala sa anito ay tinawag na *anitismo* o Bathalismo na nakaugat sa tradisyonal na sistema ng espiritwalidad na malalim na nakaugat sa lokal na kamalayan at malayong naiiba sa *animismo* (Paterno, 1915). Ang mga espiritong ito ay pinaniniwalaang nananahan sa mga bundok, ilog, kagubatan, at iba pang bahagi ng kalikasan. Bagaman ang pagsamba sa mga espiritu ng ninuno ay maaaring magbigay ng impresyon ng impluwensiyang Tsina, lalo na noong 1375 dahil sa pagbibigay ng impluwensiya ng isang emperador ng Tsina sa pagsamba ng mga taga-Sulu sa ilog, bundok at kagubatan, nanindigan si Blumentritt na ang *anitismong* Malay na nalalapit sa pinagmulan ng pananampalataya ng mga katutubo ay nagkakaiba sa relihiyong Tsina at may sariling pinagmulan (Hislop, 1971).

Bagaman walang mga permanenteng templo, ang sambayanan ang nagsisilbing sentro ng relihiyosong aktibidad. Ang bawat tahanan ay may altar na ginagamit para sa mga ritwal at pag-aalay. Para sa mas malalaking pagtitipon, ang mga kweba o di-permanenteng istruktura ay ginagamit bilang lugar ng pagsamba. Nagpapakita man ito ng kakulangan ng organisadong relihiyon, nagbigay-daan ito sa personal na ugnayan ng tao sa kanilang mga diyos at espiritu. Taliwas sa paniniwala ng mga Kastila sa kawalan ng tumatayong pari sa sinaunang relihiyon ng mga katutubo, ang mga *katalonan*, *babaylan*, *shaman* o lokal na pari ay nagsilbing tagapamagitan sa tao at espiritu. Bukod sa ritwal, sila rin ay gumaganap bilang manggagamot at tagapayo. Sa mga tribo tulad ng Kalinga, ang mga ito ay tumutulong sa pagbalik ng kaluluwa ng maysakit, samantalang sa Ifugao, nakatuon sila sa pag-aalay ng ritwal para sa pagpapasaya sa kanilang mga diyos (Santos, 2008; Hislop, 1971). Sa paglaganap ng Katolisismo sa bansa, inilarawan ang mga katutubong manggagamot bilang mga pagano na naghahasik ng kasamaan. Sa kabila nito, nanatili itong laganap sa mga liblib na lugar (Saydoven, 2009). Maraming pag-aaral ang nagtatanghal sa kanilang mga kasanayan katulad ng mga albularyo, manghihilot, *magluluop*, magtatawas, *Sorhana/o* at marami pang katutubong katawagan (Labastida, 2016 ; Rosales & Gepty, 2022).

Sa harap ng modernisasyon, umiiral pa rin ang *anitismo* sa iba't ibang katutubong komunidad kabilang ang mga Ayta na pinaniniwalaang unang katutubong pangkat na dumating sa bansa 20,000-30,000 taon na ang nakalilipas. Tinatawag din silang *Aeta*, *Agta*, *Alta*, *Atta*, *Ati*, at iba pang pangalan batay sa lokasyon at kasaysayan ng kanilang ugnayan sa ibang pangkat. Pinaniniwalaang naglakbay sila mula Borneo patungong Palawan at Luzon gamit ang mga tulay-lupang ngayon ay nakalubog na (The People of the World Foundation, 2020). Sa Luzon, matatagpuan sila sa kabundukan ng Zambales at Sierra Madre. Ang Zambales, na nasa kanlurang bahagi ng hilagang gitnang Luzon, ay kinabibilangan ng aktibong Bulkang Pinatubo. Sa hilaga nito, sa paligid ng Golpo ng Lingayen, naroon ang mga Abenlen Ayta; habang sa timog, sa

Tangway ng Bataan, matatagpuan ang natitirang pangkat ng Magbaken Ayta (Brosius 1990; Shimizu, 1989, 2001). Ayon sa *census* noong 2015, tinatayang mahigit 57,000 ang populasyon ng mga Ayta na ang pinakamalaking bilang ay matatagpuan sa Zambales (PSA, 2015). Kasama rito ang mga Ayta Ambala sa Barangay Bayanbayanan, Tubo-tubo, at Payangan sa Dinalupihan; sa Barangay Tipo, Mabiga, at Bamban sa Hermosa, Bataan; sa Lungsod ng Olongapo, mga bayan ng Castillejos at San Marcelino (KWF, 2018; Vermoortel, 2021). Noong dekada 90, naitala ni Headland (2003) ang 1,654 populasyon ng Ayta Ambala, habang noong 2010 ay nakapagtala ng higit 800 sa Gitnang Luzon (NSO, 2010 R-III). Ang Sitio Mampuweng sa lungsod ng Olongapo kung saan naninirahan ang mga Ayta Ambala ay binubuo naman ng 150-180 pamilya (Asistio et al., 2019).

Ang pananampalataya ng mga Ayta ay sentro ng kanilang kultura at pang-araw-araw na buhay. Sa kabila ng pagbabago dulot ng panlabas na impluwensiya, nananatili ang kanilang tradisyon sa espirituwal na aspekto ng kanilang pamayanan, na nagbibigay halaga sa kalikasan, koneksyon sa kanilang mga ninuno, at pagkakaisa ng komunidad. Sa pag-aaral ni Stephen Hislop (1971) muli nitong ipinakita sa papel ang padron ng pagsamba ng mga sinaunang katutubong Pilipino na iginuhit ng misyonerong si John A. Rich. Mula rito, tinangka ng mananaliksik na ilapat sa padron ang pagsamba ng mga Ayta partikular ng mga Ayta Ambala ng Sitio Mampuweng.



**Fig. 1** Padron ng Pagsamba ng mga Katutubong Ayta Ambala ng Sitio Mampuweng

Ang mga Ayta ay naniniwala kay Apo Namalyari, ang pinakamataas na diyos na kumokontrol sa lahat ng aspekto ng kalikasan na sa kasalukuyan ay kinikilala na rin ng mga Ayta Ambala bilang si Hesus o Apong Hesus, subalit ang anito, na bahagi ng mas mababang antas ng mga espirituwal na nilalang, ang higit na may direktang impluwensiya sa kanilang pang-araw-araw na buhay (Dizon, 2015). Ang anito ay maaaring espiritu ng kalikasan o espiritu ng mga ninuno (Griffin & Estioko-Griffin, 1985; Shimizu, 1989). Ang espiritu ng kalikasan ay naninirahan sa mga kagubatan, ilog, at bundok, samantalang ang espiritu ng mga ninuno ay may kaugnayan sa yumaong mga mahal sa buhay na nananatili upang gabayan o parusahan ang kanilang mga *inapo* (Henry, 1986). Kinikilala ang mabubuting *anito* bilang tagapagkaloob ng biyaya at mga *anunsyo* o babala na nagpoprotekta sa mga Ayta habang ang masamang *anito* ay nagpaparusa sa kanila sa pamamagitan ng *gunaw*.

Ang *kagun* ang nagsisilbing tagapamagitan ng mga Ayta sa mundo ng espiritu subalit sa paghahanap ng mga pag-aaral tungkol sa kanila, mababakas ang kawalan ng tala o pag-aaral sa mga ito. Maiuugnay sila sa *babaylan* o *catalonan* (Demetrio, 1978). Ang *kagun* ay maaaring isang lalake o babae na pinili ng mga espiritu upang mangasiwa sa mga ritwal at pagpapagaling. Ang tungkulin ng *kagun* ay hindi lamang espiritwal; ito rin ay naglalaman ng moral at pangkalusugang aspekto, na siyang nagpapakita ng kanilang awtoridad sa pamayanan.

## ANG RITWAL NG PANALANGIN NG MGA KATUTUBONG KOMUNIDAD

Ang mga *kagun* katulad ng mga katutubong Ayta ay nakikipag-ugnayan sa mga anito sa pamamagitan ng mga ritwal at panalangin na tinatawag na Dororo na maaaring nagkakaiba-iba ng anyo at paraan ng pagsasagawa. Bagaman, nag-iiba ang katawagan dito, mapapansin sa mga pag-aaral ang paggamit ng mga katutubong pangkat sa panalangin bilang behikulong nagdadala sa kanila patungo sa mundo ng mga anito. Batay sa iba't ibang pag-aaral, ang mga ritwal na ito ay may natatanging layunin at pagsasakatuparan, na naiimpluwensyahan ng lokal na kasaysayan, pananampalataya, at interaksyon ng mga katutubong paniniwala at dayuhang relihiyon.

Sa Isla ng Cagraray, ang mga *parasantigwar* ay gumagamit ng ritwal at panalangin bilang bahagi ng tradisyunal na panggagamot. Bukod sa mga halamang gamot, ang panalangin ay isang mahalagang bahagi ng proseso upang humingi ng tawad at gabay mula sa mga sobrenatural na nilalang na itinuturing na sanhi ng sakit (Bibon, 2021). Isa pang halimbawa ng ritwal na nakaangkla sa relihiyon at tradisyunal na paniniwala ay ang *kuraldal* sa Sasmuan, Pampanga. Inilalarawan ito bilang isang masiglang ritwal ng pagsayaw na may layuning magpagaling at magdala ng biyaya, partikular sa mga mag-asawang naghahangad ng anak. Ang ritwal ay nagpapakita ng pagsasanib ng Katolisismo at katutubong paniniwala, na inilalarawan bilang parehong *indigenized* at *Catholicized* na tradisyon (Tiatco, 2012). Gayundin, ang *panubad-tubad* ng mga Talaingod Manobo ay nagpapakita ng kanilang pananaw, kung saan ang mga ritwal ay isinasagawa upang magtaboy ng karamdaman, magbigay-pasalamat, o kahandaan sa paglalakbay (Malaya et al., 2014).

Sa mga T'boli, ang paghabi ng *t'nalak* ay hindi lamang isang gawaing pang-ekonomiya kundi isang banal na ritwal. Ang proseso ng pag-aani ng abaka ay sinasamahan ng panalangin kay Fu Dalu, ang espiritu ng puno ng abaka, upang magbigay-pugay at humingi ng pahintulot (Clariza, 2019). Ang mga panalangin ng Ibanag ay itinuturing naman na yaman ng kanilang kultura. Bukod sa pagiging ekspresyon ng kanilang pananampalataya, isinasalamin ng mga ito ang kanilang pananaw sa buhay, kamatayan, at relasyong panlipunan. Subalit, may panganib na mawala ang mga panalanging ito dahil sa kakulangan ng mekanismo para sa kanilang pagpasa sa mga susunod na henerasyon (Freyzer & Arao, 2022).

Ang mga Ati ng Panay, ayon kina Manzano (2021), Valdeavilla (2018), at Grey (2015), ay nagtataglay ng mga ritwal na pinamumunuan ng mga *Sorhana* o tradisyunal na manggagamot. Ang mga ritwal na ito ay naglalayong makipag-ugnayan sa mga hindi nakikitang elemento na sinasabing nananahan at nakikisalamuha sa mga tao (Bacabac, 2013; Cruz-Lucero et al., 2018). Isinasagawa nila ang *tuob* (*fumigation*), kung saan nililinis ang paligid mula sa masasamang espiritu (National Commission for Culture and Arts, 2022). Ang *boiling ritual* naman ay ginagawa upang patahimikin ang mga espiritu na pinaniniwalaang nagdadala ng sakit (Alleydog, 2022; Javier, 2018). Ang *Mangmang* ay isang panawagan sa *anito* upang humingi ng paggaling para sa maysakit (Philippine Alternative Medicine, 2017). Samantala, ang *pabulag sa palag* ay isang ritwal na naglalayong tuluyang palayain ang kaluluwa ng yumaong miyembro ng pamilya mula sa pagiging konektado sa mga buhay (Cruz-Lucero et al., 2018). Ang mga ritwal na ito ay nagpapakita ng malalim na koneksyon ng Ati sa espiritwal na mundo at ang kanilang paniniwala na ang balanse sa pagitan ng tao at espiritu ay mahalaga para sa kalusugan at kaayusan ng pamayanan.

Ipinakita sa mga pag-aaral na ito ang malayang pag-iral ng mga nabanggit na ritwal at panalangin sa kabila ng paglaganap ng relihiyong Kristiyanismo sa bansa. Sa pag-aaral nina Amtalao at Demeterio (2019), ipinapakita na ang pag-aangkla ng Kristiyanismo sa *Bogwa* ay hindi naging balakid upang tuluyang talikuran ng mga Ifugao ang kanilang tradisyon at paniniwala. Sa halip, naghahalinhinan ang mga paniniwala sa *Bogwa* at Kristiyanismo, na lumilikha ng isang natatanging pagkakaisa sa pagitan ng modernong pananampalataya at sinaunang kaugalian. Kaugnay nito, sa kaso naman ng mga katutubong Ayta Ambala, ipinakita sa pag-aaral nina Kriztine R. Viray at Joseph Reylan Viray (2024) na karamihan sa mga Ambala ay yumakap na sa Kristiyanismo bilang isa sa kanilang mga relihiyon. Gayumpaman, nananatili pa rin sa maraming Ayta Ambala ang kanilang tradisyunal na paniniwala sa relihiyon kasabay ng

kanilang pananampalatayang Kristiyano. Sa madaling salita, nagawa nilang umangkop sa Kristiyanismo habang pinangangalagaan ang ilan sa kanilang katutubong paniniwala, tulad ng pagbibigay-galang sa mga espiritu ng ninuno. Hindi man magtagumpay ang Kristiyanismo sa pagpapahina ng mga tradisyong ito, pinangangambahan naman sa isang ulat ng United Nations (2019) na nasa panganib ng pagkalipol ang kultura ng mga katutubo dahil sa mabilis na pagusbong ng teknolohiya at industriyalisasyon. Makikita ang kaso nito sa pag-aaral ni Manzano (2021), kung saan sinabi nito na ang Ati ng Numancia, Aklan, ay mabilis na nawawalan ng kanilang mga kultural at lingguwistikong katutubong tradisyon kumpara sa mga komunidad na nasa mga hindi urbanisadong lugar. Dagdag pa rito, ang kakulangan ng mga pag-aaral tungkol sa ritwal, paniniwala, at kasanayan sa panggagamot ng mga katutubong pangkat, partikular na ng Ati, ay isa sa mga salik na nag-aambag sa pagkawala ng kanilang kultura. Dagdag pa rito, ang mga pag-aaral tungkol sa mga katutubong panalangin ay madalas na naididikit lamang bilang tradisyunal na gawain sa panggagamot na kailangan ng pagbabaklas upang mabakas ang mas malalim nitong nilalaman. Ang pananampalataya at pagkatao ay magkaugnay. Pinapatatag ng pananampalataya ang pagkatao sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos ng Diyos habang ang matibay na pagkatao ay nagpapalakas sa kakanyahan ng taong sumampalataya. Dahil sa mga ito nag-iibayo ang paniniwala ng taong harapin ang mga pagsubok sa buhay. Mas lalo pang nagagamit ng tao ang kapangyarihan ng pananampalataya sa pagtatag ng pagkatao nito (Scott, 2010). Kung gayon sa mga panalanging ito maaaring hayagan o nagkukubli ang pagkatao ng nananalangin. Nakapaloob dito ang kaniyang paniniwala, pakikipagsapalaran, damdamin, at pangarap.

Sa ganitong konteksto, layunin ng pag-aaral na makalikom ng mga karagdagang impormasyon na tumatalakay sa malalim na pagsipat sa katutubong kaalaman at kultura sa mga panalangin o *Dororo* ng mga katutubong Ayta Ambala. Sinasagot ng pag-aaral ang mga sumusunod na tanong: (1) Ano-ano ang mga uri ng *Dororong lumalaganap* sa Sitio Mampuweng at paano ito nagkakaiba-iba?; (2) Batay sa mga nilalaman ng *Dororo* ng mga Ayta Ambala na maingat na isinalin mula katutubong wika tungo sa wikang Filipino, ano-ano ang mga temang lumulutang dito?; (3) Paano maituturing ang *Dororo* bilang tagpuan ng danas, pangarap, at pananampalataya ng katutubong Ayta Ambala

Ginamit ang Modelo nina Santiago at Enriquez (1976) na Maka-Pilipinong Pananaliksik upang maisagawa ang katutubong pananaliksik. Saklaw sa disenyong ito ang tatlong katutubong metodo sa Sikolohiyang Pilipino na pagtatanung-tanong, pakikipagkuwentuhan, at ginabayang talakayan. Nasa *purposive sampling* ang paraan sa pagpili ng impormante sapagkat isinaalang-alang ang mga sumusunod: (a.) ang mga impormante ay dapat na naninirahan sa Sitio Mampuweng, lungsod ng Olongapo; (b.) sila ay dapat na purong Aytang Ambala; (c.) sila ay nakapagsasalita ng wikang Ayta Ambala; at (b.) may kahandaan sa paglalaan ng oras para sa panayam. Sa pagtukoy sa mga impormante ay isinaalang-alang ang pagbibigay ng abiso, paghingi ng pahintulot bago ang panayam at ang anonimidad ng mga impormante. Nilikom ang mga *Dororo* sa pamamagitan ng pagrerekord nito, ang iba naman na may kakayahan sa pagsulat ay piniling isulat ito, samantala ang mga walang kakayahan ay idinidikta na lamang ng impormante sa mananaliksik at sa kasamang guro na kabilang sa pangkat ng mga Ayta Ambala. Nakalikom ng siyam na *Dororo* ang mananaliksik na siyang isinalin sa Filipino at tematikong sinuri at ginawan ng masusing interpretasyon upang masipat ang mahahalagang paksang nakapaloob at ang kultural na aspekto nito. Mahalaga ang pag-aaral na ito upang magamit na lunsaran sa pagkatuto at maging isang paraan upang lalo pang mapaunlad at mapreserba ang wika at panitikan sa tulong ng mga tala at naratibo na magsisilbing karagdagang kagamitan na magtatampok ng yaman at pagkakakilanlan ng mga Aytang Ambala sa nabanggit na komunidad.

## PAGBABAKAS, PAGPOPOOK, AT PAGBUBUO SA DORORO

Mababakas ang *Dororo* hindi lamang sa mga di-pangkaraniwang pagdiriwang sa Sitio kundi maging sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga miyembro ng katutubong komunidad. Mula rito, naganap ang pagpopook sa pamamagitan ng pagsasatitik ng mga *Dororo* at pagsasalin



nito mula sa katutubong wikang Ayta Ambala patungo sa Filipino. Sa mas akmang paggamit ng mga termino, maaaring gamitin ang salitang Cebuano para sa *salin* ng Tagalog na *hubad*, na nangangahulugang lutasin ang isang palaisipan, unawain ang isang misteryo, alisin ang pagkakabuhol, o hubaran. Ayon kay Mojares (2017), ang layunin ng pagsasalin ay hindi lamang upang ipaliwanag ang di-pamilyar at mahiwaga kundi upang mapalutang ang lantad na misteryo na dapat nananatili, sapagkat ito ang tunay na halaga ng sining ng pagsasalin. Mula rito, mabubuo ang Dororo. Nahahati sa tatlong uri ang mga pasalitang *Dororo* ng mga katutubong *Ayta Ambala* sa Sitio Mampuweng, ito ay ang mga sumusunod: (1) *Dororong Ritwal*; (2) *Dororong Panganganito*; at ang (3) *Pansariling Dororo*.

## **Dororong Ritwal**

Ang *Dororong Ritwal* ay isang uri ng mahabang panalangin na itinatanghal ng isang Ayta Ambala sa harapan ng lahat ng miyembro ng pangkat. Siya ang nagsisilbing pinunong tagapanalangin ng buong komunidad na magsisilbing boses ng lahat. Tumatagal ng isang oras ang pagtatanghal ng panalangin ito na binibigkas nang may kasamang alingawngaw o ang pabigla-biglang bulalas at pagsigaw sa ilang bahagi ng dasal habang sinasaliwan din ang mga piling bahagi ng tinatawag na indayog o tonong Ayta Ambala. Sa panimulang bahagi ng dasal ay nakagagawa ng tono ang pinuno na indikasyon ng pagtawag nito sa lahat ng *anito* sa kapaligiran tulad ng kabundukan, kagubatan, batisan at iba pang bahagi ng kalikasan. Ito man ay isang kumplikadong bahagi sapagkat may paniniwalang ang pagkakamali sa pagbigkas ng mga tonong ito ay maaaring makatawag ng masasamang elemento o lamanlupa.

Ang mga nakatatandang Ayta Ambala kasama ng mga pinuno ng tribo ang siyang namimili ng karapat-dapat na magtanghal ng *Dororong Ritwal*. Mabigat ang responsibilidad ng punong tagapanalangin sapagkat hindi basta-basta naipapasa ang uri ng *Dororong* ito. Dalawang taon ang iginugugol sa paglilipat ng tradisyong ito na nililimitahan lamang sa pagpili ng isa hanggang tatlong purong Ayta Ambala na sasanayin sa pagtatanghal ng ganitong panalangin. Walang iisang anyo o hindi direktang ipinapasa ang panalangin ito sapagkat sa bawat pagpili ng pinunong tagapanalangin ng *Dororong Ritwal* bumubuo ang mga kinatawan ng tribo ng bagong *Dororo* na siyang sinasaulo ng pinunong tagapanalangin at itatanghal hanggang sa dumating ang kanyang katandaan at hindi na makayanan pang *magdororo*. Bago pa man ang pagdating ng mga Amerikano sa lungsod ay isinasagawa na ang ganitong panalangin. Ang mga sinaunang nakatatandang Ayta Ambala ng Sitio ay nagtitipon sa iisang lugar, tahimik na nakayuko habang pinapakinggan ang panalangin ng pinuno at iniwasang tumawa sa tuwing biglaang sumisigaw ang nananalangin. Ang pagngiti, pagbungisngis o pagtawa habang nangyayari ang *Dororong Ritwal* ay isang indikasyon ng kawalan ng paggalang at pinaniniwalaan ng grupo na may kaparusahan na maaring humantong sa matinding pagkakasakit o pagmumulta ng karampatang halaga. Ito rin ang dahilan kung kaya't madalas na itinatago ang mga bata sa tuwing isasagawa ang *Dororong Ritwal*.

Sa paglipas ng panahon at pagpasok ng mga Ayta Sambal at mga tagapatag na tinatawag ding unat, tanging sa mga espesyal na pagdiriwang na lamang naririnig ang ganitong uri ng *Dororo*. Madalas itong hinihiling na maitanghal sa tuwing kapistahan ng lungsod, pagdiriwang ng buwan ng katutubo, programa sa paaralan at mga pambihirang okasyon sa Sitio. Sa kasalukuyan, pinaaalalahanan muna ng mga katutubo ang mga makakasaksing hindi miyembro ng tribo na igalang ang tradisyong ito sa pamamagitan ng paghinto sa ginagawa, pagyuko at hindi pagtawa habang isinasagawa ang *Dororo*. Walang naisusulat na *Dororong Ritwal* sapagkat kalakip nito ang panganib sa kalusugan ng magtatangkang magbasa o magtanghal sa maling paraan, oras at lugar.

## Dororong Panganganito

*Panganganito o pangangagun* ang tawag sa panggagamot ng alinmang hindi maipaliwanag na karamdaman na tinatawag na *gunaw* na madalas na idinidikit sa konsepto ng *nabati* (*being greeted*); *nausog* (*being touched*); at ang pinakamabigat ay ang *naanito* (*possession*). Ang mga nabanggit ay mga kaparusahang iginawad sa tao dahil sa pagkagambala nito sa *anitong* hindi nakikita o naninirahan sa iba't ibang anyo sa kapaligiran. Sa wikang Ayta Ambala tinatawag naman na *kagun'* ang mga manggagamot na ito na piniling pagpasahan ng kakayahang makapanggagamot at pinamanahan ng mga sagradong kagamitan sa *pangangagun*. Bukod sa rebulto ng *anito* na hindi pinahihintulutang ipakita sa mga hindi miyembro ng Ayta Ambala, mayroon din silang tinatawag na *u'nu'* o kuwintas na isinusuot ng *kagun* sa tuwing nanggagamot at ang paggamit ng *maw'dyêt'ya'kun'dêman* o pulang telang isinasaklob sa taong may sakit na siyang nagtataboy o nagpapagpag ng masamang elementong pumapasok sa katawan ng isang tao. Dahil sa pagpasok ng mga unat o mga Tagalog sa Sitio, nakikilala na ng mga tagasiyudad ang ritwal sa tuwing nararanasan ang mga hindi maipaliwanag na karamdamang dumapo sa kanila matapos ang pananatili sa mga bahagi ng Sitio. Subalit ang gawaing ito ay makukumpleto lamang at magkakaroon ng bisa sa pamamagitan ng paggamit ng isa pang uri ng panalangin na tinatawag na *Dororong Panganganito*. Makikita sa talahanayan ang naitalang halimbawa at ang salin nito sa wikang Filipino.

Sa Wikang Ambala	Sa Wikang Filipino
<p><i>Alêhên' muy' nay' atê' ya' nag'pahuk' Ha' anak'a atê'. Hay' mag'alêh' kawu'.</i>  <i>Hê'talagyu' mu' mag'alêh' ka'.</i>  <i>Mag'pakadayu' andê' ya'na' mag'balêk' kaytê ha' anak'.</i></p>	<p>Alisin mo na itong pumasok sa batang ito.          Alis! Umalis kayo! Anong pangalan mo?          Umalis ka! Magpakalayo at huwag nang bumalik dito sa bata!</p>

**Tal. 1.** Dororong Panganganito

Masasalamin sa salin ng *Dororong Panganganito* ang masidhing damdaming inilalakip sa pagbigkas ng panalangin ito. Matapos mapasapi sa *kagun* ang espiritu ng *anito* ay sasakluban niya ng pulang tela ang naanito, sasabayan niya ito ng pagbigkas ng *Dororo* na nasa tonong pautos at isinisigaw ng *kagun*. Kasabay ng malakas na pagsigaw sa salitang *Mag'alêh' kawu'!* (Umalis ka!) ay aalisin niya ang tela sa pagkakasaklob sa tao at iwawasiwas o ipapagpag palayo na senyales ng pagtataboy nito sa masamang *anitong* sumanib sa ginagamot. Sa iba pang pag-aaral ang pagkausog ay madalas na hindi dulot ng mga *anito* sa kapaligiran at mas pinaniniwalaang mula sa mga taong nakasalamuha sa paligid. Sa pag-aaral ni Torres (2012), itinuturing ng mga *Aeta therapists* ang hindi magandang asal at mga marahas na reaksyon ng isang tao bilang dulot ng pagtataglay ng masamang *anito*. Ayon sa kanilang paniniwala, ang isang tao na nagpapakita ng ganitong ugali ay hindi alam ang mga nangyayari sa kanyang buhay, kaya't kailangan itong mapagaling. Hindi kinakailangan ang parusa, kundi ang pagpapalayas sa espiritong nag-aalipin sa kanya sa pamamagitan ng panalangin. Ipinagpapalagay nilang ang reaksyong marahas ay maaaring magdulot ng pinsala sa espiritu ng isang tao, kaya't ang pagkakaroon ng pagkakasundo sa kapwa ay mahalaga sa kanilang proseso ng pagpapagaling.

Makikita na rin sa iba pang tradisyon ng mga patel ang pagiging maingat nila sa pagpili ng mga pagkaing inihahanda. Noon pa man ay itinuturing na ng mga katutubo na pista ang pagsasalusalo ng mga katutubo sa gilid ng ilog sa tuwing nakahuhuli ang mga nangangaso ng baboy-ramo. Kakatayin ito ng mga kalalakinan at iluluto ng mga kababaihan matapos ay sabay-sabay na kakainin ng mga katutubo. Hindi rin ito sasamahan ng iba pang lutuin sa takot na maranasan ang *gunaw*. Masama alinsunod sa kanilang paniniwala ang paghahain sa hapag ng mga nagkokontrahang pagkain tulad ng laman-gubat at laman-ilog. Kinagagalitan ito ng kalikasan na siyang nagpaparusa sa tao. Halimbawa, maaaring kumain ng iba't ibang uri ng laman-ilog sa isang

pagkakataon gaya ng hipon, palos at biya subalit hindi ito maaaring ihalo pa o isabay sa pagkain ng mga laman-bundok tulad ng kated, barak at *bakulaw* (unggoy).

Itinuturing naman na mababaw na *gunaw* ang pang-aabuso sa mga hayop sa kapaligiran, tulad ng paglapastangan o pangungutya sa kalikasan, hayop, o kapwa-tao. Ang paghinga sa kanilang palad at pagpahid nito mula noo hanggang likod ng ulo—ay isang pangontra sa *gunaw*. Bagaman, walang partikular na pangalan para sa ritwal na ito, ito ay kinikilala bilang isang paraan upang pigilan ang negatibong epekto ng kanilang sinabi o ginawa. Ang ritwal ay tila isang anyo ng paghingi ng paumanhin o pag-aalay ng respeto upang maibalik ang balanse at maiwasan ang masamang mangyayari.

Ang naunang dalawang uri ng *Dororo* ay binibigkas nang malakas, may layuning marinig ng tiyak na miyembro ng komunidad at nilalakipan ng mga orasyon o hakbangin bago maisakatuparan ang pinakalayunin nito. Sa kabilang banda, naiiba naman ang mga *Pansariling Dororo* na binibigkas lamang nang pabulong sa sarili o sa isipan. Hindi katulad sa naunang dalawang uri, walang pinipiling lugar, panahon o tao ang *Pansariling Dororo*. Ito ay mas malaya lalo pa't hindi ito nalilimitahan sa bilang ng salita o pangungusap at sa layunin ng pagsasagawa nito.

## Pansariling Dororo

Sa siyam na *Dororong* nakolekta ng mananaliksik, walo rito ang naisakategorya bilang *Pansariling Dororo*. Sinipat ng mananaliksik ang tema ng mga ito batay sa mensaheng lumutang matapos itong maisalin sa Filipino at nakapagtukoy ng apat: (1) *pagtatanim*; (2) *pangangalakal*; (3) *pasasalamat sa biyaya*; at (4) *pag-alala sa mga naglaho*. Mula sa walong naisaling pansariling *Dororo* ng mga Ayta Ambala na masasabing ang mga ito ay kapwa maiikling panalangin na may habang isa hanggang apat na pangungusap lamang at maaaring maglaman ng iba't ibang tema depende sa layunin ng *pagdodororo*.

### 1. Pagtatanim

Sa Wikang Ambala	Sa Wikang Filipino
<i>Apu' pangênuun' basbasan' muy' atêng' lutang' pag'gaha'kan' ya' mam' êng' masa'ganang' anê' buy' ma' épalêt' ha' ma' êkan'. Amên'.</i>	Apo Panginoon, basbasan mo itong lupang tataniman na magbigay ng masaganang ani at maipalit sa pagkain. Amen

Tal. 2. *Pansariling Dororo* Tungkol sa Pagtatanim

Makikita mula sa unang panalangin na naitala sa talahanayan ang paggamit ng *Dororo* upang ihiling sa *anito* ang pagkakaroon ng masaganang ani sa tulong ng pagbasbas sa lupang tatamnan na maging malusog at mabunga. Ang panalanging ito ay binibigkas sa tiyak na lugar kung saan isasagawa ang pagtatanim. Masasalamon sa *Dororong* ito ang matibay na paniniwala ng mga Ayta Ambala na anomang itatanim ay magbubunga nang masagana kung hihingin ang basbas ng Panginoon. Ang ganitong espiritwal na aksyon ay nagpapakita ng kanilang ugnayan sa kalikasan at ang kanilang paniniwala sa *reciprocity* o pagbabalik-loob sa kalikasan na siyang magbibigay ng masaganang biyaya. Ito ay tumutugma sa konsepto ng *ecological citizenship* kung saan ang isang tao ay hindi lamang tumatanggap ng biyaya mula sa kalikasan kundi nagbibigay-pugay at humihingi ng paumanhin at pagbasbas para sa anomang gamit o pagkonsumo ng kalikasan (Seño, 2017). Lalo pa itong tumibay sa mahigpit na pagkapit ng mga katutubo sa prinsipyong hindi pagkonsumo ng higit sa kinakailangan (De la Rosa, 2013).

### 2. Pangangalakal

Mula sa pagtatanim na isa sa pangunahing kinabubuhay ng mga Ayta Ambala, hindi rin mawawala sa tema ng kanilang panalangin ang gawaing-pangangalakal o ang paghahanap ng mga produkto sa kapaligiran na maaaring kainin at maibenta sa baba ng bundok. Bago pa man gawin

ang paglalakad o ang pangangalakal ay ibinubulong ng mga katutubo ang *Dororo* sa kanilang sarili upang maiadya sila sa lahat ng kapahamakan sa daan.

Sa Wikang Ambala	Sa Wikang Filipino
<p><i>Ma'al kung Apung Genu' hakyu' nagdadanê' kamu' na'way' lêng'en muy' kanyang' dalangên'.</i>  <i>Agapayanan mu' haku' ha' la'at kung' lakwên' buy' ha' ba'wat pan'lélyaku' yan' ha' baytan' buy' ha' banwa'.</i></p> <p><i>Antabayanan mu' mêt' kamê' ha' la'at. Apung Genu, Salamat' ha' lahat bÿayang' pênag'kalu'ub' mu', kangku' buy' pag-êbêng' biyay'.</i></p> <p><i>Atê dêle ya' kang'kung dalangên' Salamat' Amên'.</i></p>	<p>Mahal kong Panginoon, ako'y lumalapit sa'yo. Pakinggan mo po ang aking dalangin, gabayan mo po ako sa lahat ng aking pupuntahan at sa aking mga lakad papuntang bundok at sa bayan.</p> <p>Gabayan mo rin po kami sa lahat Panginoon. Salamat sa lahat ng biyayang pinagkakaloob mo sa akin saka pagbigay ng buhay.</p> <p>Ito lang po ang aking dalangin, salamat. Amen.</p>
<p><i>Hay' Apu' Pangênuun' hana' maka'akêt' akung' pusu' ha' lakwun' kung' bung-uy' ala' hana' hakung' ma'akêt' awung' utan' ha pa'muswan ku'. Amên'.</i></p>	<p>Panginoon, sana makakita ako ng puso sa pupuntahan kong bundok wala sana akong makitang ahas sa pamumusuhan ko. Amen.</p>

**Tal. 3.** Pansariling Dororo Tungkol sa Pangangalakal

Masisipat sa bahaging ito, “*Agapayanan mu' haku' ha' la'at kung' lakwên' buy' ha' ba'wat pan'lélyaku' yan' ha' baytan' buy' ha' banwa'.*” (*Gabayan mo po ako sa lahat ng aking pupuntahan at sa aking mga lakad papuntang bundok at sa bayan.*) ang kabuhayang mayroon ang mga Ayta Ambala, ang kanilang pagsuyod sa kabundukan upang maghanap ng kalakal na siyang ibebenta sa bayan.

Kapansin-pansin sa *Dororong* nasa talahanayan na pumapak sa sa pangangalakal ang pahayag na: “*Hay' Apu' Pangênuun' hana' maka'akêt' akung' pusu' ha' lakwun' kung' bung-uy'.*” (Ay! Panginoon, sana makakita ako ng puso sa pupuntahan kong bundok). Ang tinutukoy na *pusu* sa *Dororong* ito ay ang puso ng saging na nagsisilbing pinakamahalagang kalakal na maaaring anihin ng isang Ayta Ambala. Itinuturing itong ginto dahil umano sa madali itong maibenta at higit na mataas ang halaga kumpara sa iba pang maaaning pananim. Naibebenta nila sa bayan ang puso ng saging na kasinlaki ng braso sa halagang dalawampung piso habang limampung piso naman ang kasinlaki ng binti. Sa isang panayam sinabi ng isang Ayta ang kanyang pagtataka kung paanong hindi nauubos ang mga pananim sa bundok gayong araw-araw siyang nangangalakal at dumarami na rin ang mga tinuturing niyang kakumpetensiya sa paghahanap ng mga maibebenta. Itinuturo niyang dahilan sa milagrang ito ang pagkapit niya sa *Dororo*. Bilang karagdagan, sa tuwing hinihiling niya sa Panginoon na makakita ng puso ng saging ay hindi siya nabibigo at laging may naiuwi kahit isang piraso lamang.

Makikita rin sa *Dororo* mula sa talahanayan ang paghiling nito sa Panginoon na ilayo siya sa panganib na dulot ng mga *utan'* (ahas) sa daan. Ipinapahiwatig lamang nito ang katotohanang alam ng mga Ayta Ambala na sa lahat ng pupuntahan at gagawin laging nakasunod ang disgrasya subalit malakas ang paniniwala nila na sa paghingi nila ng proteksiyon at gabay ay pangangalagaan ang kaligtasan nila ng Panginoong hindi nila nakikita.

### 3. Pasasalamat sa Biyaya

Masasalamang sa talahanayan ang tema ng *Dororo* na pasasalamat sa biyaya na kung titingnan hindi lamang materyal na bagay ang tinutukoy nilang biyaya dahil higit sa lahat itinuturing nilang biyaya ang buhay, kalakasan o kalusugan na nagiging dahilan sa pagkakaroon nila ng kakayahang maglakad at maghanap ng makakalakal.

Sa Wikang Ambala	Sa Wikang Filipino
<i>Nagpapasalamat' haku' Apung Hêsus' ha' pag-agaya mu kangku' ha' allew' allew' buy' ha' maëkan (pagkaen) yan' ha' allew' allew' atê delê' ya' kan' kung' dalangên' Amên'.</i>	Nagpapasalamat ako sa'yo Panginoong Hesus sa paggabay mo sa akin sa araw-araw na may pagkain sa araw-araw. Ito lang po ang aking dalangin. Amen.
<i>Hay salama't' hakayêk' Apu' ya ayê' kamê' al'wa' pêna' ulayan' ha' pang'allêw'allêw' ha' paninikap' awung' ma'ëkan' yan' Amên'.</i>	Salamat sa kaunti Panginoon at kami ay hindi mo pinabayaan sa araw-araw na paghahanap ng pagkain namin. Amen.
<i>Hakuy' nagpapasalama't' kamu' Apung' Gênu' ha' la'at bêya'yang' êpenagkalu'ub mu' kang'ku buy' ha' pal'yayaku' ku' ha' allew' allew' buy' ha' biyay kung ate' ya' malakas' buy' alang' hakêt'. Atê' de'le' ya' kang kung pamalangen." Amên'.</i>	Ako'y nagpapasalamat sa'yo, Panginoon, sa lahat ng biyayang pinagkalob mo saka sa aking paglalakad sa araw-araw at sa buhay kong ito na malakas at walang sakit. Ito lang ang aking dalangin. Amen.

**Tal. 4. Pansariling Dororo Tungkol sa Pasasalamat sa Biyaya**

Pinasasalamatan nila ang pagkakaroon ng “*hakayêk'*” (kaunti) na maiuugnay sa pagkain sa mesa na bagaman kaunti ay biyaya pa ring maituturing. Mapapansin din ang palagiang paggamit ng salitang “*allêw'allêw'*” (araw-araw) na nagpapahiwatig na hindi natatapos ang pakikipagsapalaran ng tao para mabuhay at sa ganitong paraan din hindi nahihinto ang paglapit ng mga Aytang Ambala sa Panginoon upang hingin ang awa nito. Ipinapakita lamang sa *Pansariling Dororong* ito ang pagtanggap ng tao sa kapayakan ng kanyang pamumuhay at sa paniniwalang ang lahat ng biyaya ay nanggagaling sa Panginoon.

#### 4. Pag-alala sa mga Naglaho

Sa huling bahagi ng talahanayan isinalin ang mga *Pansariling Dororo* na nasa tema ng pag-alala sa mga naglaho. Tinatawag ng mga Aytang Ambala na *naglaho* ang mga miyembro nilang yumao na at inaalala tuwing piyesta ng mga patay. Sa pamamagitan ng pagtutulos ng kandila at paghahanda o pagtitira ng pagkaing inilalagay sa tabi ng kandila kinikilala, pinahahalagahan at iniingatan ng mga nabubuhay pang mga Ayta Ambala ang alaala ng mga naglaho.

Sa Wikang Ambala	Sa Wikang Filipino
<i>Atê' atang' ku' pagdausan' ya' pasênsya' kawuy' na' ta'atêndêlê' ya' na' ehanda' ku' kayu'.</i>	Itong atang ko pagsaluhan niyo pagpasensyahan niyo na at ito lamang ang naihanda ko sa inyo.
<i>Haka'wuy' maw'maagang' ênu'mêsan' êpanalangên' u' kamê' ha' Pangenuun' ya' êdayu' kamê' ha' lêbung' haw' hakêt' buy' lagê' kamê'ng' gabayan'</i>	Kayong mga maagang lumisan, ipanalangin ninyo kami sa Panginoon na ilayo kami sa mga sakit at lagi kaming gabayan.

**Tal. 5. Pansariling Dororo Tungkol sa Pag-alala sa mga Naglaho**

Masasalamin sa *Dororo* ang pag-alok ng makakain ng katutubo at ang paghingi nito ng paumanhin sa nakayanang maihanda. Sa pinakahuling *Dororo* naipakita kung paano tinuring ang mga yumao bilang mensahero at katuwang sa pagpapaabot ng panalangin sa Panginoon. Sa mga pag-aaral ang *atang* ay isang halimbawa ng katutubong ritwal na nanatili dahil sa pagsasanib ng katutubong relihiyon at ng Kristiyanismo partikular ang Katolisismo. Ang ritwal ng *atang* ay maaaring maunawaan sa konteksto ng lokal na relihiyon, gamit ang metodolohiyang *Transcendental* ni Bernard Lonergan sa paggawa ng relihiyon. Ayon kay Corpuz (2020), ipinapakita ng *atang* ang pananampalataya ng mga Pilipinong Katoliko sa komunyon ng mga buhay, mga patay, at mga santo. Iminumungkahi na ang *atang* ay hindi dapat ituring

bilang *split-level Christianity* o *syncretism*, dahil ang ritwal ay may malalim na kahulugan at isang mahalagang bahagi ng relihiyon at kultura ng mga Pilipino.

Mababakas sa siyam na *Dororong* nasipat at naisalin sa wikang Filipino ang pagiging tuwid ng mga Ayta Ambala pagdating sa pagbuo ng panalangin. Wala silang sinusundang estruktura sa kung paano bubuoin ang mga pansariling *Dororo* at nakasentro lamang sa kung ano ang layunin ng kanilang pagtawag sa Panginoon. Kapansin-pansin ang paggamit ng pagtutuldik upang maipakita ang diin sa bawat salitang binibigkas. Ito ay indikasyon ng pagyakap ng mga katutubong Ayta Ambala sa kanilang wika at kultura na upang mas maramdaman ang bawat bibigkasin ay nangangailangang lakipan ng diin.

## **DORORO BILANG TAGPUAN NG DANAS, PANGARAP, AT PANANAMPALATAYA NG KATUTUBONG AYTA AMBALA**

Ang *Dororo* ay maituturing na tagpuan ng danas, pangarap, at pananampalataya ng mga katutubong Ayta Ambala sapagkat ito ay nagiging daluyan ng kanilang malalim na ugnayan sa espirituwalidad, kalikasan, at pamayanan. Binubuo ito ng iba't ibang uri ng panalangin, na nagtatampok ng tatlong mahalagang aspekto ng kanilang buhay: Una, ang kanilang danas. Ang *Dororo* ay sumasalamin sa mga karanasan ng Ayta Ambala sa kanilang pang-araw-araw na buhay, mula sa pagtanim, pangangalakal, hanggang sa pagharap sa mga hamon ng kalikasan. Halimbawa, ang *Dororong Panganganito* ay nagpapakita ng kanilang pagsisikap na harapin ang hindi maipaliwanag na karamdaman na konektado sa espirituwal na paniniwala. Ang pagkakaroon ng mga ritwal tulad nito ay hindi lamang bahagi ng kanilang tradisyon kundi isang ekspresyon ng kanilang pakikisalamuha sa mga natural at sobrenatural na elemento sa paligid. Ikalawa, ang kanilang pangarap. Sa kanilang *Pansariling Dororo*, lumulutang ang mga mithiin ng komunidad para sa masaganang ani, proteksyon sa pangangalakal, at kaligtasan mula sa mga panganib ng kalikasan. Ang kanilang panalangin ay malinaw na nagpapahayag ng pag-asa sa isang mas mabuting hinaharap, tulad ng hiling para sa kalusugan, pagkain, at tagumpay sa araw-araw na gawain. Sa ganitong paraan, ang *Dororo* ay nagiging sagisag ng kanilang mga pangarap na umunlad habang pinapanatili ang kanilang tradisyonal na pamumuhay. Ikatlo, ang kanilang pananampalataya. Ang *Dororo* ay nagsisilbing pundasyon ng espirituwal na pananampalataya ng Ayta Ambala. Sa pamamagitan ng panalangin, na kadalasang nakatuon kay Apo Namalyari, na ngayo'y kinikilala rin bilang si Hesus, makikita ang pagsasanib ng tradisyunal na paniniwala at Kristiyanismo. Ang *Dororong Ritwal* ay nagtatampok ng kolektibong pananampalataya ng komunidad, habang ang *Dororo* bilang pasasalamat at pag-alala sa mga yumao ay nagpapakita ng kanilang pagpapahalaga sa espirituwal na dimensyon ng buhay. Mula sa madalas na panawagan ng mga Ayta Ambala na "*Hay! Apu' Kung Kayêk*" (Ay! Panginoon, maawa ka.), ipinapakita ng mga Ayta na ang mundo ay nababalot ng paghihirap na masasalamin sa paggamit ng ekspresyong *Hay!*, at ang tao sa ibaba ay nagsusumikap upang mapagtagumpayan ang pakikipagsapalaran sa bawat araw habang tinatalikuran ang gawaing masama o mga kasalanan. Kumakapit sila sa habag o awa ng Diyos na siyang dahilan ng pag-iral ng tao. Habang nalalampasan ang mga pagsubok na ito, lalong tumatag ang kanilang pananampalataya.

## **KONGKLUSYON**

Ang *Dororo* ng mga Ayta Ambala sa Sitio Mampuweng ay isang makabuluhang bahagi ng kanilang espirituwal na pamumuhay na sumasalamin sa kanilang karanasan, paniniwala, at kultural na pagkakakilanlan. Nahahati ito sa tatlong pangunahing uri: ang *Dororong Ritwal*, *Dororong Panganganito*, at *Pansariling Dororo*, na may kanya-kanyang natatanging layunin at paraan ng pagsasakatuparan. Ang *Dororong Ritwal* ay isang kolektibong panalangin na pinangungunahan ng isang pinunong tagapanalangin ng komunidad. Tumutok ito sa mga mahalagang okasyon, tulad ng pagdiriwang ng pista o mga seremonyang may kinalaman sa kapaligiran, at nagpapakita ng malalim na koneksyon ng Ayta Ambala sa kanilang anito at kalikasan. Ang ritwal na ito ay itinatanghal sa pamamagitan ng mahabang panalangin na

binibigkas sa indayog na tono ng wika, may kasamang alingawngaw, at tinitiyak ang paggalang mula sa lahat ng saksi. Samantala, ang *Dororong Panganganito* ay may tungkuling magpagaling mula sa mga karamdaman na iniuugnay sa espirituwal na mga sanhi. Ginagawa ito ng *kagun*, isang piniling espirituwal na lider at manggagamot, sa tulong ng sagradong kagamitan tulad ng pulang tela at rebulto ng anito. Ang panalangin sa ganitong uri ay kadalasang mahigpit, may masidhing damdamin, at may layunin na palayasin ang masasamang espiritu na nagdudulot ng karamdaman. Sa kabilang dako, ang *Pansariling Dororo* ay mas personal at malaya sa istruktura. Binibigkas ito ng isang indibidwal upang ipahayag ang kanilang mga pangarap, pasasalamat, o pang-araw-araw na pangangailangan. Apat ang pangunahing temang lumulutang sa *Pansariling Dororo*: (1) panalangin para sa masaganang ani, (2) proteksyon at gabay sa pangangalakal, (3) pasasalamat sa mga biyaya, at (4) pag-alala sa mga pumanaw na mahal sa buhay. Ang mga panalanging ito ay nagpapakita ng pagtitiwala ng mga Ayta Ambala sa kanilang espirituwal na koneksyon at ang pagpapahalaga nila sa kanilang tradisyonal na pamumuhay.

Ang prosesong pagbabakas, pagpopook, at pagbubuo ay naging susi upang maipakita ang *Dororo* bilang tagpuan ng danas, pangarap, at pananampalataya ng Ayta Ambala. Sa pamamagitan ng sistematikong dokumentasyon at interpretasyon, nailahad kung paano ang mga panalangin ay sumasalamain sa kanilang malalim na ugnayan sa kalikasan, komunidad, at espirituwalidad. Sa tatlong dimensyong sumasaklaw sa danas, pangarap, at pananampalataya, ipinapakita nito ang malalim na koneksyon ng komunidad sa kanilang espirituwalidad, kalikasan, at lipunang ginagalawan. Bilang tagpuan ng kanilang mga karanasan, ang *Dororo* ay hindi lamang isang paraan ng pagpapahayag ng kanilang mga hinaing at mithiin, kundi isang aktibong mekanismo ng pakikibagay at paglaban sa mga hamon ng buhay. Sa pamamagitan ng mga ritwal at personal na panalangin, naipapahayag nila ang kanilang pag-asa para sa mas mabuting hinaharap at ang kanilang pananampalatayang nakaugat sa tradisyon ngunit bukas sa pagbabago. Hindi lamang ito daluyan ng dasal at ritwal; ito rin ay tagapag-ingat ng kanilang kasaysayan, tagapagtaguyod ng kanilang kasalukuyan, at patnubay sa kanilang hinaharap bilang isang lipunang kumikilala sa kahalagahan ng tradisyonal na kaalaman, respeto sa kalikasan, at pananampalataya sa Diyos at espiritu.

Sa ganitong konteksto, iminumungkahi ng mananaliksik ang pagsasagawa ng mga programa para sa dokumentasyon at pag-iingat ng kanilang mga ritwal at panalangin, partikular na ang *Dororo*. Kinakailangan ang masusing paglikha ng mga *digital* at pisikal na kartularyo (*archive*) na maglalaman ng mga ritwal, *oral histories*, at espirituwal na mga gawain. Ang hakbang na ito ay maaring isakatuparan sa pakikipagtulungan sa mga unibersidad, organisasyong kultural, at mga lider ng komunidad upang matiyak na ligtas sa pagkalimot ang yaman ng kanilang kultura. Mahalaga rin ang pagpapatupad ng mga programang pang-edukasyon para sa mga kabataang Ayta upang mapalawak ang kanilang kaalaman at pagpapahalaga sa kanilang tradisyon. Dapat bigyang-diin ang papel ng *Dororo* sa kanilang pagkakakilanlan at patuloy na ugnayan sa kultura. Kasabay nito, maaaring pasiglahin ang *intergenerational dialogue* sa pagitan ng matatanda at kabataan upang maging maayos ang pagsasalin ng kaalaman at paniniwala sa mga susunod na henerasyon. Sa aspekto ng pangangalaga sa kapaligiran, kailangang itaguyod ang proteksyon ng mga sagradong likas-yaman tulad ng bundok, ilog, at kagubatan na may espirituwal na kahalagahan para sa mga Ayta Ambala. Ang mga estratehiya tungkol sa konserbasyon ay dapat samahan ng kanilang espirituwal na paniniwala upang lalo pang pagtibayin ang kaugnayan ng kultura at kalikasan. Higit pa rito, kailangang suportahan ang *community-centered research* na pinangungunahan ng mga Ayta mismo. Dapat silang bigyan ng pagsasanay sa etnograpihong dokumentasyon upang magkaroon sila ng sapat na boses sa paglalarawan ng kanilang kultura. Maaari ding maglaan ng mga oportunidad para maipakilala nila ang kanilang mga espirituwal na gawain sa pamamagitan ng mga eksibisyon, pagtatanghal, at selebrasyon ng kanilang pamana. Sa larangan ng polisiya, mahalaga ang pakikipagtulungan sa mga mambabatas upang maisama ang mga espirituwal na praktis ng mga Ayta Ambala sa mga batas at balangkas na naglalayong pangalagaan ang kultural na pamana ng bansa. Dapat ding itulak ang mga batas na magbibigay-proteksyon laban sa komersyal na pananamantala o maling representasyon ng kanilang mga ritwal.

Binubuksan ng pananaliksik na ito ang pagsasagawa ng iba pang pag-aaral na tumutuon sa mga sumusunod na paksa: talakayin ang kakayahan ng mga Ayta Ambala na mapanatili ang kanilang ritwal, tulad ng *Dororo*, bilang patunay ng kanilang katatagan sa harap ng mga impluwensya ng modernisasyon at relihiyong Kristiyanismo. Maipapakita nito ang kanilang kakayahang sumabay sa agos habang pinangangalagaan ang kanilang pagkakakilanlan. Ikalawa, bigyang-diin ang malalim na ugnayan ng kanilang espirituwalidad at kalikasan. Ang kanilang paniniwala sa mga anito ay nagtataguyod ng respeto at pangangalaga sa kalikasan, na nagiging mahalaga sa konteksto ng *sustainable development*. Ikatlo, talakayin ang *hybridization* ng kanilang pananampalataya, kung saan pinagsasama ang tradisyunal na espirituwalidad at mga Katolikong tradisyon. Binibigyang-diin nito ang kanilang kakayahang iayon ang kanilang mga paniniwala sa pagbabago habang pinapanatili ang kanilang pagkakakilanlan bilang katutubong komunidad. Ikaapat, ipakita ang mahalagang papel ng *Dororo* sa pagbuo ng pagkakaisa sa komunidad. Bilang ritwal na kolektibo at personal, ito ay nagsisilbing daluyan ng kanilang espirituwal na pagninilay at panlipunang pagkakabuklod. Sa huli, naipakita sa pag-aaral ang katangian ng pamanang kultura at tradisyon bilang tagpuan ng danas, pangarap, at pananampalataya ng mga katutubong at ang pagtuloy na pagtuklas at pag-aaral sa mga ito ay mas lalong tutulong sa pagbuo ng pagkatao at pagkilala sa sarili.

## TALASANGGUNIAN

### Pangunahing Sanggunian

- Brosius, J. P. (1990). After Duwagan: Deforestation, succession, and adaptation in upland Luzon, Philippines. *Michigan Studies of South and Southeast Asia Number 2*. Center for South and Southeast Asian Studies, University of Michigan Press.
- Demetrio, F. R. (1978). *Myths and symbols: Philippines*. Manila: National Bookstore.
- Dizon, M. (2015). Sumpung: Spirit beliefs, murder, and religious change among eighteenth-century Aeta and Ilongot in Eastern Central Luzon. *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, 63(1), 3–38.
- Griffin, P. B., & Estioko-Griffin, A. (Eds.). (1985). *The Agta of Northeastern Luzon: Recent studies*. Cebu City, the Philippines: San Carlos Publications.
- Headland, Thomas N. 2003. "Thirty Endangered Languages in the Philippines." *Work Papers of the Summer Institute of Linguistics, University of North Dakota Session 47* (1). <https://doi.org/10.31356/silwp.vol47.01>.
- Henry, R. L. (1986). *Filipino spirit world: A challenge to the church*. Mandaluyong, Philippines: OMF Literature, Inc.
- Hislop, S. K. (1971). Anitism: A survey of religious beliefs native to the Philippines. *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia*.
- Mercado, L. (1991). The Filipino image of God. *Philippiniana Sacra*, 26, 401–415.
- Paterno, P. A. (1915). *La antigua civilization Tagalog*. Manila: TIP Linotype del Colegio de St. Thomas.
- Santiago, Carmen at Virgilio G. Enriquez. "Tungo sa Maka-Pilipinong Pananaliksik." *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*. Ed. Rogelia Pe-Pua. Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas, 1982. 155-160.
- Santos, N. F. (2008). Exploring The Filipino Indigenous Religious Concepts of God, Soul, and Death in Relation to the Spirit World. In *Phronesis: A Journal of Asian Theological Seminary* (Vol. 13, Issue 2). [www.tyndale.ca](http://www.tyndale.ca)
- Shimizu, H. (1989). *Pinatubo Aytas: Continuity and change*. Quezon City, Philippines: Ateneo de Manila University Press.
- Shimizu, H. (2001). *Orphans of Pinatubo: The Ayta struggle for existence*. Manila: Solidaridad Publishing House.



## Pangalawang Sanggunian

- Alipio, R. (1998). Pre-Hispanic Filipino religion according to early Spanish writers. *DIWA*, 23, 4–7.
- Amtalao, J. A., & Demeterio, F. P. I. (2019). Bogwa: Kultural na Paghuhukay sa Oral na Tradisyong Ifugao. *MALAY*, 31(2), 84–102.
- Asistio, Fevvie & Bueno, David Cababaro. (2019). Language Attitudes of Aeta Teachers in their Local School. 2.
- Bibon, M. (2021). Indigenous Medicinal Plants and Practices in Cagraray Island: Resources for Culture-Based Lessons in Biology. *Journal of Education*.  
<https://doi.org/10.1177/0022057420988703>
- Clariza, M. E. (2019). Sacred Texts and Symbols: An Indigenous Filipino Perspective on Reading. *International Journal of Information, Diversity and Inclusion*, 3(2), 80–92.  
<https://doi.org/10.33137/ijidi.v3i2.32593>
- Crisol, L. G. D., & Oledan, E. J. J. (2016). The Mananambals and Their Functions in Philippine Culture. *CASS Langkit*, 7, 84–94.
- Corpuz, J. C. G. (2020). Death and Food Offering: The Ilocano “Atang” Ritual from a Contextual Theology. *Recoletos Multidisciplinary Research Journal*, 113–126.
- De la Rosa, M. C. (2013). *On potok: Awit-protesta bilang awit-komunidad ng mga Agta sa Quezon* (Undergraduate thesis). University of the Philippines Manila.
- Dizon, M. (2015). Sumpung: Spirit beliefs, murder, and religious change among eighteenth-century Aeta and Ilongot in Eastern Central Luzon. *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, 63(1), 3-38
- Freyzer, H., & Arao, B. (2022). Cultural Analysis of the Ibanag Prayers: Bases for Development of Localize Instructional Material. *Journal of Tianjin University Science and Technology*, 404–418. <https://doi.org/10.17605/OSF.IO/5A8YB>
- Manzano, D. (2021). Inati (Panay Island, Philippines) - Language Contexts. *Language Documentation and Description* 20, 35-53. Retrieved November 29, 2024, from <http://www.e-publishing.org/PID/225>
- Mojares, R. B. (2017). The Circuits of Translation: The Philippines and the World. *Journal of English Studies & Comparative Literature*, 16, 11–22.
- Jamera, J. K. A., Manting, M. M., & Dapar, M. L. (2020). Ritual plants used by the Manobo tribe of Surigao del Sur, Philippines. *Asian Journal of Ethnobiology*, 3(2), 41–50.  
<https://doi.org/10.13057/asianjethnobiol/y030201>
- Labastida, S. C. (n.d.). *Tradisyunal nga pamulong: A rationale on the persistence of faith healing practices in Miagao, Iloilo*. Retrieved from <https://www.researchgate.net/publication/303899461>.
- Levina Viray, B. (2015). Tubong/Putong in Marinduque as a Ritual-Dance of Healing, Thanksgiving, and Veneration. *AghamTao*, 24, 105–128.
- Malaya, A., Ragrario, M., Paluga, M. J., Chua, K. J., Delideli, G., & Tranquilan, R. M. (2014). *Panubad-tubad: Spirits and Concepts in the Talaingod Manobo Struggle*.
- Malong, R. T. (2019). Village Institutions and Rituals of the Mamanwas and its Development Implications. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 7(3).
- Martinez, R. C. K. P. (2019). The health ritual of “Pag-aanito” among the Aetas of Nabuclod, Pampanga, Philippines. *Journal of Health and Caring Sciences*, 1, 41–47.
- Mojares, R. B. (2017). The Circuits of Translation: The Philippines and the World. *Journal of English Studies & Comparative Literature*, 16, 11–22.
- Philippine Council for Health Research and Development. (2009). Ethnopharmacological Study of the Philippine Ethnolinguistic Groups: The Ayta of Tongko, Tayabas, Quezon. In *Philippine Council for Health Research and Development*.
- Rosales, L. S., & Gepty, V. A. (2022). Cultural healing rituals and practices used by Ati traditional healers. *Journal of Humanities and Social Sciences Studies*, 209–213. <https://doi.org/10.32996/jhsss>.
- Seño, R. R. (2017). Insights from Pope Francis Laudato Si Towards Ecological Citizenship for a Better World presented at the 2017 Scholar Summit in Universitas Indonesia. *Academia.Edu – Share Research*.

- [https://www.academia.edu/36060231/Insights\\_from\\_Pope\\_Francis\\_Laudato\\_Si\\_Towards\\_Ecological\\_Citizenship\\_for\\_a\\_Better\\_World\\_presented\\_at\\_the\\_2017\\_Scholar\\_Summit\\_in\\_Universitas\\_Indonesia](https://www.academia.edu/36060231/Insights_from_Pope_Francis_Laudato_Si_Towards_Ecological_Citizenship_for_a_Better_World_presented_at_the_2017_Scholar_Summit_in_Universitas_Indonesia)
- Tiatco, A. P. (2012). Imag(In)Ing Saint Lucy: The Narrative and Performative Construction of The Kuraldal in Sasmuan, Philippines. *Philippine Humanities Review*, 14(1), 124–150.
- Torres, R. A. (2012). Aeta women Indigenous healers in the Philippines: Lessons and implications (Doctoral dissertation) *University of Toronto*, Canada
- Vermoortel, M. (2021). *Experiencing Violence in the Philippine Political Context: The Case of Indigenous Peoples and Peasants*[MA Thesis, Wageningen University & Research]. <https://edepot.wur.nl/557334>
- Viray Kriztine R., J. R. B. (2024). Negotiation of Identities: The Case of Aeta Ambala's Media Engagement. *Jurnal Komunikasi: Malaysian Journal of Communication*, 40(1), 513–525. <https://doi.org/10.17576/JKMJC-2024-4001-29>

### Online na Sangunian

- Bacabac, J.P.R. (2013). The Writ of the Ilonggo People. Retrived December 1, 2024, from <https://ilonggocooltureific.wordpress.com/>
- Cruz-Lucero, R., Acuña, A., & Barrios, J. E. (2018). Karay-a. In *Our Islands, Our People: The Histories and Cultures of the Filipino Nation*. Retrieved from <https://ourislandsourpeople.wordpress.com/karay-a/>.
- Grey, E.J. (2015). Cultural Beliefs and Practices of Ethnic Filipinos: An Ethnographic Study. *SDSSU Multidisciplinary Research Journal* 3. Retrieved December 2, 2024, from 6-10-1-SM.pdf
- KWF. (2018). Áyta Ambalá – *KWF Repositoryo*. Komisyon sa Wikang Filipino Repositoryo Ng Mga Wika Ng Pilipinas. Retrieved from <https://kwfwikaatkultura.ph/ayta-ambala/>.
- Manzano, D. (2021). Inati (Panay Island, Philippines) - Language contexts. *Language Documentation and Description*, 20, 35–53. Retrieved from <http://www.elpublishing.org/PID/225>.
- Philippine Statistics Authority (2015). Indigenous peoples. <https://psa.gov.ph/ISSiP/concepts-and-definitions>
- Saydoven, A. (2009). Filipino Traditional Medicine. Retrieved December 2, 2024 from <http://www.scribd.com/doc/22046305/Filipino-Traditional-Medicine-report#scribd>
- Scott, R. (2010, October 2). *Ang Nagpapabagong Kapangyarihan ng Pananampalataya at Pagkatao*. Retrieved March 5, 2023, from <https://www.churchofjesuschrist.org/study/general-conference/2010/10/the-transforming-power-of-faith-and-character?lang=tgl>
- The People of the World Foundation. (2020). The indigenous Aeta people. <http://www.peoplesoftheworld.org/text?people=Aeta>
- United Nations. (2019). Department of Economic and Social Affairs Indigenous Peoples. Retrieved from <https://www.un.org/development/desa/indigenouspeoples/mandatedareas1/culture.html>
- Valdeavilla, R. (2018). The Aeta: The First Philippine People. The Culture Trip. Retrieved December 2, 2024, from <https://theculturetrip.com/asia/philippines/articles/the-aeta-the-first-philippine-people/>

### Ang May-akda

Si G. Aeron James R. De Leon ay gradwadong mag-aaral mula sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Maynila sa ilalim ng programang Doktor ng Pilosopiya sa Filipino major sa Panitikan. Naglilingkod siya bilang katuwang na propesor sa Dalubhasaang Columban sa lungsod ng Olongapo, Zambales.



## ARTICLE

### ***Wala ed Pusok so Pangasinan, Adadtoy Pusok iti Pangasinan, Pangasinan is in the Heart: Si Carlos S. Bulosan (1913-1956) sa Konteksto ng Kasaysayang Pangasinense***

Axle Christien J. Tugano

**Received:** 10/12/2024; **Accepted:** 10/24/2024; **Published:** 11/17/2024

#### Abstract

Kilala si Carlos Bulosan (1913-1956), higit sa lahat ang kaniyang isinulat na semi-autobiograpiya na *America is in the Heart* (1946), kung saan kaniyang ipinamalas ang karanasan bilang isang lider-manggagawa sa Estados Unidos sa kontekstong sosyo-politikal at proletaryadong internasyonal sa panahon ng Pandaigdigang Depresiyon (1929-1939). Gayundin ang kaniyang kinaharap na diskriminasyon at rasismo sa dayuhang bansa. Gayumpaman, sa kaliwa't kanang pag-aaral ukol sa kaniyang buhay at kaisipan, na pawang itinuon at pinagkaabalahan ng mga nahihirati sa Marxismo, Sosyalismo, panitikan, at iba pang kaugnay na perspektiba, hindi gaanong napagtuonan ng pansin ang bayang sinilangan ni Bulosan—ang Pangasinan. Bago pa man “isapuso” ni Bulosan ang Amerika, higit sa malamang, namulat siya sa kaganapang panlipunang mayroon ang mga Pangasinense. Mahalaga ang Pangasinan sa buhay ni Bulosan, una sa lahat, kung bakit niya piniling makibaka sa dayuhang lupain ng Estados Unidos. Tuturulin at tutugunan ng pag-aaral na ito ang dalawang sangay ng *Bagong Kasaysayan*—ang *Kasaysayang Buhay* at *Kasaysayang Pampook*. Samakatuwid, tutuon ito sa pagsasalaysay ng saysay ng isang indibiduwal sa unang banda, habang isinasakonteksto ang kasaysayang pampook bilang “bahagi ng higit na masaklaw na kasaysayang bayan” sa kabilang dako. Sa unang labindalawang kabanata ng *America is in the Heart*, tatahiin at palalawigin ang halaga at lugar ng kasaysayan ng Pangasinan sa formatibong panahon ni Bulosan bilang isang Pangasinense.

**Keywords:** *Carlos Bulosan, Pangasinan, Kasaysayang Pampook, Kasaysayang Buhay, kasaysayan*

#### Introduksiyon

Simbolo si Carlos Sampayan Bulosan (1913-1956) (figure 1) ng pagiging isang Pilipinong pesante na ayon kay San Juan (1995) ay nakibaka sa Estados Unidos (EU) habang matibay na ang neokolonyalismo nito sa Pilipinas. Ang mga akda niyang nagpatingkad sa kaniyang karanasan sa EU ay malao'y nagdala upang maitanghal ang kaniyang *America is in the Heart* o *Nasa Pusong Amerika* (NPAA) bilang klasiko sa Amerikano-Asyanong panitikan. Gayumpaman, hindi lamang kay Bulosan maituturo ang pakikibakang ito ng mga Pilipino sa EU sapagkat matagal na halimbawa noon pang 1907 ang *Filipino Boys* na sina Lodrigo Bacbas, Theodore Gonzales, Manuel Candelaria, at Thomas Pacondas na pawang kabataan

---

Unang binasa sa 2023 *International Conference on Pangasinan and Bulosan Studies* na may temang *Expanding the Frontiers of Knowledge on Pangasinan*. Center for Pangasinan Studies, Binalonan Visitors Center, Binalonan, Pangasinan. Iniaalay ang pananaliksik na ito sa aking mga kamag-anakan sa Urdaneta, Pangasinan.

tulad ni Bulosan na dumating sa kanarya ng isla ng Kodiak sa Alaska upang magtrabaho sa industriya ng salmon (Santarita 2023, 296; Santarita 2024, 168). Siyempre, ang hindi matatawarang pagtrabaho ng mga migranteng Ilokano, katulad din ni Bulosan, sa plantasyon ng tubo sa Hawai'i (Quinto-Bailon 2023, 301-302). Bagama't hindi nagtrabaho si Bulosan sa industriya ng salmon at plantasyon ng tubo, ngunit malinaw ang pakikibakang Pilipino sa ginhawang pangako ng EU. Sa katunayan, ito ay masasalamain pa rin sa mga migranteng manggagawang Pilipino sa EU sa kasalukuyan (Tugano 2023). Taong 1930, labing-pitong taong gulang, mas bata sa mga *Filipino Boys* (edad 22-25), tumungo si Bulosan sa EU upang takasan ang kahirapan sa Pilipinas at ang lumalalang pang-ekonomiyang depresiyon.



**Figure 1.**  
Carlos Sampayan Bulosan (San Juan 2006)

Iba naman ang pananaw ni Salazar (1999) kay Bulosan. Bagama't naging lider manggagawa at manunulat si Bulosan para sa mga migrante at eksilong Pilipino sa sosyo-politikal at proletaryadong internasyonal ng EU (Salazar 1999, 38), ipinaliwanag pa rin aniya ni Bulosan ang “pagka-Pilipino” sa wikang Ingles upang kausapin ang mga Amerikano at ang mga Pilipinong matatas sa wikang Ingles. Malao’y nagdala pa sa pagkokompara ni Salazar (1999) kina Bulosan at Hilario Moncado (Paluga 2000) na ang huli’y isang “lider na hindi nasaklaw ng ideolohiyang maka-Kaliwa, manapa’y nagpapakita ng mga elementong panrelihiyon na maiuugnay sa Himagsikang 1896 ang pagkatanggap ng mga kapanalig sa kaniyang kilusan—higit sa lahat sa Pilipinas” (Salazar 1999, 39). Gayumpaman, sa kabila ng kritisismong ito ukol kay Bulosan, hindi mapasusubalian ang paglitaw ng iba’t ibang pag-aaral na tumuon sa halaga ni Bulosan sa radikalismo at kamalayang politikal (San Juan 1972; San Juan 2004; Evangelista 1982; Veric 2001; Ponce 2012); ang ‘di mabilang-bilang na pananangkapan sa kaniyang buhay at kaisipan sa antas ng wika, panitikan, pagsasalin, at edukasyon (Campomanes at Gernes 1992; San Juan 1995; Flores 2000; Zamora 2001; Alquizola at Hirabayashi 2014; Weltzien 2014; Cabusao 2016; Cabusao 2018; Sollano 2019; Andrada 2021; Cabusao 2022); at mayroon pa ring talab si Bulosan sa mga sosyo-politikong kaganapan sa kasalukuyang panahon (San Juan 2008; Dumlao 2011; Adams 2015).

Hindi sa ganitong pananaw kikiling ang kasalukuyang anyo pananaliksik na ito. Lahat ng nabanggit ay halos tumuon sa pakikibaka ni Bulosan sa EU at ang kaniyang pananaw sa

marhinalisasyon at diskriminasyong hatid ng bansang iyon. Kaipala’y madaling sabihing “nasa puso” niya ang Amerika! Ngunit, naniniwala akong hindi sukduhan ang “nasa pusong” ito. Ibig sabihin, hati pa rin ang kaniyang puso. Ang kabilang puso ay nasa Amerika at ang isang kabila ay nasa mismong bayang kaniyang pinanggalingan—ang Pangasinan. Kung hindi mapagkakamalian, nakaliligtaan at/o wala pa halos sumulat tungkol sa pananaw ni Bulosan sa Pangasinan. Kung tunay ngang buo ang “nasa puso” ang Amerika, ‘disin sana’y sinimulan niya ang kaniyang unang kabanata sa NPAA sa kung ano ang para kaniya’y “nasa puso ang Amerika.” Sa Kabanata 13, ang unang serye ng pangingibang-bayan ni Bulosan, tiningnan niya pa rin ang barkong sinasakyan bilang “*para bang nasa Pangasinan lang ako*” (Bulosan 1946, 92). Samakatuwid, *Pangasinan is in the Heart* ang isang hiwang hindi pa gaanong natatalisod ng ilang pag-aaral ukol sa kaniyang buhay. Ang unang labindalawang kabanata ng NPAA ay inilaan ni Bulosan upang isalaysay ang buhay at kasaysayan ng mga Pangasinense. Paanong hindi maaaring tawaging “nasa puso” ang Pangasinan kung masinsin, makabuluhan, at makasaysayan ang mga tagpong kaniyang inilahad ukol sa sosyo-politikal na kalagayan ng lalawigan? Bagama’t isang piksiyonal na karakter ng NPAA si Allos, ngunit sabi nga ni Luis Francia (2022, xi), siya ay *doppleganger* ni Bulosan. Samakatuwid, isang *semi-autobiograpiya* ang NPAA na nagtampok sa buhay-Pangasinense kapwa nina Allos at Bulosan.

### **Pag-aambag sa Larangan ng Kaalaman Ukol sa Pangasinan sa Wikang Filipino**


Sa larang ng kasaysayan, maituturo sa mga naunang aklat ni Mendoza-Cortes (1990a, 1990b, 1974) ang maaga at komprehensibong pagtalakay sa kasaysayan ng Pangasinan. Gayundin ang ilang pag-aaral ni Fernandez (2008, 2009, 2010, 2017, 2023) na tumuon sa matandang kasaysayan ng Pangasinan at/o ilang bayan sa Pangasinan at kasaysayang etniko. Sa iba pang mga sarbey, lumitaw na rin ang kasaysayan ng Pangasinan sa mga himagsikan (Marco at Fernandez 2015); kalakalan (Nelmidia-Flores 2001a, 2007); at maging sa simbolikal na si Prinsesa Urduja (Nelmidia-Flores 2001b as cited by Fernandez 2012, 119). Gayumpaman, ang lahat ng mga nabanggit na pag-aaral ay pawang naisulat sa wikang Ingles. Nagkaroon ng pagpupunyaging paunlarin ang pananaliksik sa kasaysayan ng Pangasinan sa wikang Filipino sa mga sumunod na henerasyon ng mga historyador at agham-tao. Kung hindi mapagkamalian, unang lumabas ang tesis, na nasa wikang Filipino, ang ukol sa kasaysayang ekonomiko ng Barangay Baritao, Manaog, Pangasinan (de Guzman 1995). Liban pa rito, may isinaling akda ni Fernandez (2010) na nasa wikang Ingles tungo sa wikang Filipino (Fernandez 2012). Tampok din ang maraming serye ng ambag muli ni Nelmidia-Flores (2002, 2004, 2006, 2010, 2020) na naisulat at/o nailimbag na sa wikang Filipino. May pagpupunyagi rin ang huli na maisalin ang sarswelang Pangasinan (Nelmidia at Andaya 1996). Mahalaga rin ang pinamatnugutang aklat nina Pasalo at Mangahas (2015) tungkol sa lalawigan ng Pangasinan.

Kaya’t ang kasalukuyang pananaliksik na ito ay muling magsisilbing ambag sa kaalaman ukol sa kasaysayan ng Pangasinan habang isinasakonteksto ang isang semi-autobiograpiya na nobela ni Bulosan—sa pagkatao ni Allos.

### **Pamamaraan at Batayang Pananaw**


Sumasayapak ang pag-aaral na ito sa mga sangay o sabfild/sablarangan ng *Bagong Kasaysayan* na ginamit bilang “kasangkapang heuristiko na paglalagom sa arbitraryo at sala-salabat na larangan at sangay ng *Bagong Kasaysayan* (Navarro 2012a, 33).” Samakatuwid, pagtatahi ito ng tatlong mahahalagang larangan—ang *Kasaysayang Buhay* o pag-aaral sa natatanging

karanasan at kabuluhan ng isang indibiduwal sa kasaysayan; *Kasaysayang Pambook* o kasaysayan ng sariling barangay, bayan, lalawigan, at/o rehiyon na bahagi ng higit na masaklaw na *kasaysayang bayan* (Navarro 2012a, 34); at *Kasaysayang Kabanwahan* o pag-aaral ng kaugnay na bayan at/o ibang bayan (Navarro 2012b, 3). Sa paglalapat (diagram 1), sakop ng *Kasaysayang Buhay* ang naging karanasan sa buhay ni Allos o ni Bulosan sa Pangasinan partikular na sa bayan ng Binalonan at siyempre konektado ito sa *Kasaysayang Pambook* bilang resulta ng pagtatambal ng dalawang elemento—ang piksiyonal na buhay ni Allos at sa totoong buhay at kaganapan sa buhay ni Bulosan sa Pangasinan. Panghuli, ang *Kasaysayang Kabanwahan*. Bilang paglilinaw, bagama’t hindi direktang kasangkot sa pananaliksik na ito ang kasaysayan ng kaugnay na bayan—ang Estados Unidos (EU) halimbawa, niyakap ito ni Allos o Bulosan bilang “nasa puso.” Samakatuwid, dahil ang pinagbatayang akda rito ay ang kaniyang bantog na nobelang *America is in the Heart* o *Nasa Puso ang Amerika* (NPAA) na tumuon sa kaniyang buhay at karanasan sa EU, madali na itong maipapasok sa *Kasaysayang Kabanwahan* sapagkat ang anomang kinasangkotan ni Allos o Bulosan sa EU ay nagdulot ng malaking implikasyon upang balikan ang kaniyang buhay at karanasan sa Pangasinan. Gayumpaman, katulad ni Jose Rizal na nagsulat sa wikang Español at nagkaroon ng ilang pagtatangkang isalaysay ang mga bayan sa labas ng Pilipinas (Navarro 2019), si Bulosan ay nagsulat din ng ilang obserbasyon sa EU na nasa wikang Ingles. Samakatuwid, ang pagtatampok ng NPAA sa kalagayan ng EU at ng mga Pilipino roon ay isang halimbawa ng maagang Araling Pang-Erya tungkol sa Pilipinas. Papasok lamang sa pamantayan ng *Kasaysayang Kabanwahan* (o *Araling Kabanwahan*) (Navarro 2012b) ang tala ni Bulosan ukol sa EU kung ito ay naisulat at/o naisalin na sa wikang F/Pilipino.



**Diagram 1.** Paglalapat ng mga Larangan ng *Bagong Kasaysayan* sa Pagsusuring Historikal ng *Nasa Puso ang Amerika* (likha ng may-akda)

Sa maraming bersiyong salin ng NPAA, ang pinagbatayan sa pag-aaral na ito a yang salin ni Jovianne Figueroa noong 2022 (figure 2). Ito ay binigyan ng paunang salita ni Bienvenido Lumbera at panimula ni Luis Francia. Mula sa 44 na kabanata ng nobela, tumuon lamang ang pagsusuri sa unang labindalawang kabanata sapagkat ito ang naglalaman ng kaniyang buhay sa Pangasinan. Lalagumin ng pag-aaral na ito ang historikal na pagsuysoy sa kasaysayan ng Pangasinan sa panahon ni Allos o Bulosan. May natalisod at marami pang matatalisod na kontekstong historikal (hanayan 1) na maaaring ikawing sa kasaysayang ekonomiko, biograpikal, politikal, panlipunan, at maging sa sektoral na tuon kababaihan at mga katutubo. Gayumpaman, sistematiko at tematiko itong inihanay at ipaliliwanag sa pitong magkakaugnay na sub-paksa—(1) ang pagtalakay sa Pangasinan ni Allos; (2) kapanganakan ni Allos o Bulosan bilang panandang bato; (3) kalagayang agraryo; (4) edukasyon; (5) pagsipat sa politikal na kalagayan na mauwi sa kaunlaran ng Pangasinan; (6) engkuwentro sa mga katutubo; at (7) sa kababaihang Pangasinense.



**Figure 2.**  
Nasa Puso ang Amerika (Bulosan at Figueroa 2022)

Ang ganitong pagsusuri sa mga nobelang historikal ay posibleng maging sandigan ng trikotomiyang pagtatahi ng *Kasaysayang Buhay*, *Kasaysayang Pampook*, at *Kasaysayang Kabanwahan*. Bagama't hindi tahasang nobela ang binanggit ni Navarro (2008a), mailalapat din ito sa dalawang klasipikasyon. Una, ang *kasaysayan bilang konteksto*, kung saan tinitingnan lamang bilang bakgawnd ang kasaysayan. At pangalawa, ang *tuwirang pangkasaysayang representasyon* o pagkakasentro sa salaysay ng mga ipinagpapalagay na tunay na kuwentong buhay ng mga personalidad sa kasaysayan (Navarro 2008a, 134). Ang NPAA ay posibleng pumasok sa dalawa. Sa unang banda, katulad ng ipinakita ng hanayan, maraming pangkasaysayang kaganapan ang ginamit bilang bakgawnd sa nobela. At tuwirang pangkasaysayang representasyon ni Allos sa kabilang dako, sapagkat sila ay iisa ni Carlos Bulosan (Francia 2022, xi).

#### Hanayan 1

kasaysayan bilang konteksto at tuwirang  
pangkasaysayang representasyon ng *Nasa Puso ang Amerika*

#### kaganapang historikal sa buhay nina Allos at Bulosan

economic history	<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ pakikipagkalakalan ng mga Igorot sa Pangasinan (Kab. 5, p. 36)</li> <li>▪ pagpasok ni Allos sa industriya ng kopra (Kab. 6, pp. 39-40)</li> </ul>
biographical history	<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ kaalaman ni Allos ukol kina Moses at Jose Rizal (Kab. 6, p. 41) at kina Abraham Lincoln at Richard Wright (Kab. 9, pp. 63-66)</li> </ul>
political history	<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ bumalik si Leon mula sa digmaan sa Europa (Kab. 1, pp. 3-4)</li> <li>▪ sistema ng politika sa Binalonan (Kab. 6, p. 42)</li> </ul>

---

social history	<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ pagbabalik ni Luciano mula sa Philippine Scouts (Kab. 7, p. 45)</li> <li>▪ pagkahalal ni Luciano bilang alkalde ng Binalonan (Kab. 7, p. 50)</li> </ul>
women's history	<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ edukasyong hatid ng mga Amerikano sa Pilipinas (Kab. 2, p. 12)</li> <li>▪ ang pagtuturo bilang propesyon ng mga Pilipino (Kab. 3, p. 21)</li> <li>▪ pagtuturo ng mga Amerikanong guro (Kab. 11, p. 80)</li> <li>▪ edukasyon ng mga mayayaman (Kab. 12, 87)</li> <li>▪ mga pagkilos at repormang pang-agraryo (Kab. 3, pp. 20-21)</li> <li>▪ Ama ni Allos sa kilusan kasama ang mga Igorot (Kab. 3, p. 22)</li> <li>▪ kaalaman ni Allos sa Mindanao at mga Moro (Kab. 6, p. 42)</li> <li>▪ pagdurugtong ng mga <i>highway</i> sa Maynila at Baguio (Kab. 4, p. 27)</li> <li>▪ Baguio bilang sentro ng negosyo at turismo (Kab. 9, p. 61)</li> <li>▪ litrato ng mga Amerikano sa hubad na mga Igorot (Kab. 9, p. 62)</li> <li>▪ mga turistang mula Europa at Amerika na nagpapakuha ng larawan kasama ng mga taga-Binalonan (Kab. 7, p. 48)</li> <li>▪ pagkamuhí ni Allos (Kab. 5, p. 34) at pang-aabusó (Kab. 10, pp. 68-69) ng mga <i>middle class</i> ng lipunan</li> <li>▪ panghihikayat ng mga <i>Colorum</i> sa Pangasinan (Kab. 8, pp. 53-56)</li> <li>▪ kaugalian sa kasal at pag-aasawa sa Mangusmana (Kab. 1, pp. 5-6)</li> <li>▪ paggawa ng kababaihan ng mga palayok (Kab. 4, p. 29)</li> <li>▪ engkuwentro sa prostitusyon (Kab. 12, p. 89)</li> </ul>

---

## 1. Ang Pangasinan ni Bulosan

Namuhay bilang dukha ang pamilya ni Allos sa Sittio Mangusmana (na ngayo'y bahagi ng Barangay Mangcasuy) (figure 3) sa Binalonan, Pangasinan. Sa kasalukuyan, may isang *marker* (figure 4) at kalyeng (figure 5) isinunod sa pangalan ni Bulosan sa bayan ng Binalonan. Isinalaysay na ang kaniyang (Allos) ama na noo'y nagmamay-ari ng apat na hektaryang lupa ay iginapang ang mga anak mula sa pagsasaka at pagtatanim ng mga gulay. Unti-unting ibinenta at/o isinangla ang lupa sa mga usurero dulot ng pagpapaaral kay Macario na noo'y isang mag-aaral sa Lingayen na kalauna'y magiging guro. Kabilang din sa mga kapatid ni Allos sina Leon, ang nakapangasawa ng taga-Ilocos Norte; Luciano, ang nadeestino sa Camp Stotsenburg bilang bahagi ng kaniyang serbisyo sa *Philippine Scouts*; Amado, ang naging katulong ng ama ni Allos sa pagsasaka at kalauna'y papasokin ang trabaho bilang *janitor* ng *residència* at manggagawa sa azucarrera ng Bulacan; ang bunsong si Irene na namatay; at ang mga babaeng sina Francisca at Marcela.

Mula sa unang labindalawang kabanata ng *Nasa Puso ang Amerika* (NPAA), inilarawan ang naging papel ng Pangasinan sa buhay at pakikibaka ni Allos. Makailang banggit ang Lingayen na siyang kabisera ng Pangasinan bilang sentro ng edukasyon ng lalawigan. Bukod dito, ito rin ang saksi sa pagprotesta ng ama ni Allos hinggil sa sinasakang lupa. Dahil sa naranasang inhustisya, nilakad ng kaniyang ama ang Binalonan patungong Lingayen upang idulog ang kaniyang reklamo. Upang itawid ang buhay araw-araw, laging sinasamahan ni Allos ang kaniyang ina upang maglako ng bagoong sa Cabolloan; sa Pozorrubio upang magtinda ng bataw at patani; sa San Manuel upang mag-ani ng munggo; at kalauna'y sa Tayug. Muling nakipamuhay si Allos sa Lingayen kasama ng mga bangkero at doo'y natutong mangisda.






Figure 3. Mapa ng Binalonan (Binalonan w.tn)



Figure 4. Marker ni Bulosan sa Binalonan. (kuhang larawan ng may-akda)



Figure 5. Kalsadang isinunod sa pangalan ni Bulosan sa Binalonan. (kuhang larawan ng may-akda)

## 2. Kapanganakan ni Bulosan

Mayroong dalawang pinagkalilituhang taon kung kailan isinilang si Bulosan—1911 o 1913. Ayon sa kaniyang *baptismal record*, siya ay ipinanganak noong 2 Nobyembre 2 1911 habang may ilan nagsasabing isinilang siya tatlo at apat pang taon matapos nito (Mejia-Giudici 2003). Taong 1911 para sa ibang pananaliksik (University of Washington w.tn; Mejia-Giudici 2003; Cabusao 2022, 294) samantalang 1913 (Annenberg Learner w.tn) para naman sa iba. Upang mabigyan ng pansamantalang sagot, mainam na masuri ang ilang paglalahad ni Allos sa NPAA. Hinggil ito sa pagbabalik ng kaniyang Kuya Leon sa Pangasinan mula sa Europa at limang taon pa lamang noon si Allos:

Iyon ang kuwento kung paano ko nakilala ang aking kuyang lumaban sa giyera sa Europa. Sa mga susunod na taon sa aking buhay, ang mukha niya ang lalabas sa aking isipan kapag may matindi o mapait akong pinagdadaanan...Maaraw at maganda ang panahon noong araw na iyon na bumalik si Kuya Leon sa aming baryo sa Binalonan, isang maliit na bayan sa Luzon. Limang taong gulang pa lang ako noon pero malinaw sa aking alaala ang mga unang araw ng kaniyang pagbalik (Bulosan 1946, 4).

Bagama't hindi sinabi ni Allos kung anong digmaan sa Europa ang kinasangkutan ni Leon, para kay Burd (2019, 17), ito ay ang Unang Digmaang Pandaigdig (WWI). Noong 6 Abril 1917, binuwag ng EU ang pakikipag-ugnayan nito sa Germany na noo'y kabilang sa koalisyon ng *Central Powers*. Kaya't noong 17 Marso ng taon ding iyon, ipinasa ng Lehislatura ng Pilipinas ang *Militia Act No. 2715* na pangunguna ng noo'y Senador Manuel L. Quezon na nagbigay pahintulot sa Gobernador-Heneral ng Pilipinas na magsagawa ng mandatoryong kautusan na papasukin ang kabataang kalalakahang edad 18 hanggang 45 sa serbisyong militar ng Pilipinas (O'Ryan 1915, 368; Jose 1988, 276). Ito ay tatawaging *Philippine National Guard* (PNG). Sa katunayan kasama rito si Tomas Claudio (sa ilalim ni Heneral John Pershing), ang unang Pilipinong nasawi sa WWI na ipinadala at kalauna'y namatay sa Chateau-Thierry, France (Jose 1988, 294-295).

Sa PNG posible at/o ipinagpapalagay sumapi si Leon. Mahalaga ang 1917 sa pagpapadala ng mga Pilipinong maglilingkod sa militar ng EU sa Amerika at Europa. Sa taon ding ito, pinagrerehistro ang kalalakahang manggagawa sa plantasyon ng tubo at pinya sa Hawai'i noong 5 Hunyo 1917; 5 Hunyo 1918; at 12 Setyembre 1918 upang makidigma sa mga bansang kalaban ng EU (Filipinos WWI w.tn). Samakatuwid, makatuwiran na sabihing "1913" ipinanganak si Allos o Bulosan. Kung limang taong gulang pa lamang si Allos nang bumalik si Leon, ibig sabihin, ang taon nito ay 1918 o marahil isang taong paglilingkod ni Leon sa PNG. Hindi maaaring "1911" ang kapanganakan ni Allos sapagkat lalabas na "1916" bumalik si Leon sa Pangasinan, panahong hindi pa nilalagdaan ang *Militia Act No. 2715*.

Malaki rin ang ginampanang papel ng Pangasinan sa WWI. Malaki ang demand noon sa mga langis ng niyog at gayundin ang mga barkong gagamitin sa pakikidigma ng EU. Noon pa man, panahon pa lamang ng mga Español sa Pilipinas, prodyuser na ng mga kahoy ang Lingayen kaya't noong 1919, ang *Luzon Shipbuilding Company* sa Lingayen ay nakapagpaggawa ng pangalawang pinakamalaking barko sa panahong iyon (Cortes 1990b, 58-59).

## 3. Edukasyon ni Allos sa Pangasinan

Produkto si Allos ng pagbabagong-sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Habang ginawang opisyal na wika ang Ingles, iminungkahi ni William McKinley noong 1889 na pagtuonan ng pansin ang edukasyon ng mga Pilipino habang pinaunlad ang ugnayang ekonomiko ng Pilipinas at EU at pagsasademokrasya ng mga usaping agraryo (Koh 1965, 139). Layunin ng

mga paaralan na turuan at hikayatin ang mga Pilipino na paunlarin ang pamamaraan ng agrikultura sa bawat pamayanan (Koh 1965, 141). May pagkiling si Allos sa edukasyong dala ng mga Amerikano:

Bagong klase ng edukasyon na dala ng mga Amerikano ang nagsimulang kumalat sa buong kapuluan. Nagbukas ito ng mga bagong oportunidad para sa mga Pilipino na kung dati ay mangmang ngayon ay namumulat na. Noong panahon ng Kastila, para lamang sa mga anak na mayaman ang edukasyon. Ang mga mahihirap at magsasaka lamang ay 'di na kailangang mag-aral, kahit elementarya lamang. Nang dinala ng Estados Unidos ang kanilang ideya ng pampublikong paaralan sa Pilipinas, lahat ng pamilyang mayroong anak na lalaki ay ginawa ang lahat upang makapag-aral ito (Bulosan 1946, 12).

Ito ang dahilan kung bakit tinutungo ng mga Pangasinense ang sentro ng Lingayen sapagkat doon lamang ang nag-iisang paaralan sa buong lalawigan. Bagama't umiiral na noong 1907 ang *Gabaldon Act* o pagtatayo ng mga *barrio school house* sa Pangasinan, noong lamang 1925 sa pangunguna ng *Public Works Appropriations Act*, nakapagpatayo ng ilang paaralan sa Urbiztondo, Urdaneta, Sual, Pozorrubio, Mapandan, at Calasiao (Cortes 1990b, 62). Dalawang taon pa lamang ng pag-alis ni Allos patungong EU noong 1932, nakapagpatayo na ng paaralan sa Binalonan, kasama ng Mangatarem, Dagupan, Binmaley, San Carlos, Malasiqui, San Fabian, Mangaldan, Mapandan, Calasiao, Bayambang, Urdaneta, Villasis, San Jacinto, Manaog, Agno, Aguilar, Alaminos, Anda, Bani, Burgos, Dasol, Infanta, Bolinao, Bugallon, at Asingan (Cortes 1990b, 62). Isa rin ang kaniyang Kuya Macario sa nakinabang ng edukasyong ito, nang matamo niya ang pagkakataong maging guro at kalauna'y magbibigay inspirasyon kay Allos upang mag-aral din.

Si Macario ang nagpakilala kay Allos ng mga babasahing katulad ng talambuhay ni Robert Crusoe at mga aral sa Lumang Tipan at ni Jose Rizal, kung saan inihalintulad pa kay Moses (Bulosan 1946, 28, 41). Nang itanong ni Allos kay Macario, *mayroon ba tayong Moses dito?* Ang sinagot ni Macario ay *Oo, Allos. Ang pangalan niya ay Jose Rizal.* Ang tanong dito, saan nakuha ni Macario ang ideyang ito? Sa simpleng usapan ng magkapatid, maaari itong lapatan ng historikal na konteksto. May pagbanggit si Nilo Ocampo (2011) ukol sa *Samahan ng Tres Persona Solo Dios* na binuo ng pinuno ng Pulahan ng Cebu na si Agapito Ilustrisimo. May paniniwala na siya ang ikapitong Ilustre o “propeta” ng buong mundo, pagkatapos nina Santong Moses, Haring David, Kristo, Jose Rizal, Benigno Ramos, at Kapitan Kulas (Ocampo 2011, 86). Posibleng nasagap ng mga taga-Pangasinan ang kaisipang ito sapagkat naglilibot-libot noon sa Luzon ang samahang ito (Ocampo 2011, 85). Tandaang sa Cabaruan, Pangasinan lumaganap ang samahan noong dekada 1880 (Schumacher 1982, 471) at may pagkilala at/o pagpapatuloy sa mga nasimulan ng mga Pulahanes. Niyakap sa Urdaneta, Pangasinan ang kaisipan ng *Guardia de Honor* na pinamunoan ni Antonio Valdez na binitay noong 1 Hunyo 1901 (Gripaldo *et al.* 2003, 126).

Higit na namulat si Allos sa edukasyong dala ng mga Amerikano nang magtungo ito sa Baguio upang magtrabaho. Naging limitado ang pagkuha ng trabaho sa kaniya sapagkat ang Baguio noon ay sentro ng turismo, samakatuwid, kinakailangan munang maging bihasa sa Ingles. Iminungkahi sa kaniya ng Igorot na si Dalmacio na kailangang matututo ng Ingles ni Allos. Higit pa rito, nang mamasukan si Allos kay Mary Strandon ng Iowa, isang Amerikanang nagtrabaho sa isang aklatan sa Baguio, nagkaroon ng pagkakataon si Allos na makapagbasa ng mga aklat sa Ingles at malao'y makilala ang buhay nina Abraham Lincoln at Richard Wright (Bulosan 1946, 61-65). Dito unang humanga si Allos kay Lincoln na “isang dukha ng naging Pangulo ng Estados Unidos” (Bulosan 1946, 64).

Sa formatibong panahon ni Allos, umiiral na noon pang 1903 ang programang *pensionado* na pinangasiwaan ng *Bureau of Insular Affairs* kung saan ang pamahalaang Amerikano ay

kumukuha ng dalawa hanggang tatlong kabataan bawat bayan sa Pilipinas upang ipadala at pag-aralin sa Estados Unidos (Teodoro 1999, 190-191). At dahil Amerikano lamang ang guro sa bawat bayan ang nagtuturo ng Ingles, *value formation*, at kasanayan (Kimuell-Gabriel 1999, 255, 259), natutuhan ng batang si Allos sa mga gurong ito ang petiburgesya ng Pilipinas. Bagama't isang pandaraya kung ituring, bukod sa binigyan si Allos ng papel na nagsasabing nakatapos siya ng dalawang taon sa pag-aaral, ipinakita rin kay Allos ng gurong ito ang pagsusulit bago ang aktuwal na eksaminasyon at kalauna'y magtatanghal sa kaniya bilang batang may pinakamataas na marka sa pagsusulit sa buong Pangasinan at Pilipinas (Bulosan 1946, 80-81). Gayumpaman, may naging dalawang obserbasyon si Allos sa edukasyon ng mga mayayaman. Una, bukod sa isa itong pribilehiyo, isang kabalintunaanang kinamumuhian ito ng may pera. Sa Kabanata 12 ng NPAA, nakilala ni Allos si Juan Cablaan isang mayamang mag-aaral mula sa La Union at pinapasok ng kaniyang mga magulang sa Maynila. Kinamumuhian nito ang pag-aaral at napilitan lamang siyang pumunta ng Maynila sapagkat abogado ang kaniyang amang Gobernador ng lalawigan at gustong ipasunod sa yapak si Cablaan (Bulosan 1946, 87).

Pangalawa, hindi naging maganda ang unang engkuwentro ni Allos sa mga "aral" na *middle class*. Isinalaysay ni Allos sa Kabanata 5 na "manghang-mangha" ang kaniyang ina at maging ibang tao sa magagarang kasuotan ng mga mayayaman ngunit hinampas lamang nila ang sisidlan ng mga butong-gulay ng kaniyang ina:

Lumuhod ako sa tabi ni Nanay at tinulungan siyang tanggalin ang mga bato at alikabok na napunta sa mga butong-gulay. Ito ang unang pagkakataon na makakita ako ng taong *middle class*. Sa hinaharap, makikilala ko nang lubusan ang kanilang totoong pag-uugali at tindig sa isyu ng repormang agraryo. Kinamumuhian ko ang kayabangan nila at pagmamataas. Hindi ako magiging katulad ng nanay ko na luluhod lamang at sasabihing, "Ayos lang..." (Bulosan 1946, 34).

Gayundin ang nasaksihan ni Allos at kaniyang isinalaysay sa Kabanata 10. Ito ang paglalarawan niya sa mga nakapag-aral na "mapapalad" na tao:

Ang mga mapapalad naman ay sakay ng mga caromata na puno ng palamuti kasabay ang kanilang mga nagbabanguhang mga anak na babae at mga anak na lalaking naka-pomada ang sinuklay na buhok. Marahang umiiwas ang mga magbubukid sa caromata sa dadaanan ng mga ito. Kapag ang sakay ng caromata ay mga importanteng tao o mataas na opisyal ng pamahalaan, nilalatigo ng kutsero ang mga magbubukid o kaya naman ay dinuduraan. Lahat ay mapagpatawad at lilimutin ang naganap makasilip lamang sa importanteng pasahero sa bintana ng caromata (Bulosan 1946, 68-69).

Ang "pagkamangha ng bayan" sa "mapapalad" ngunit mayayabang na mag-aaral ay malapit sa reyalidad ng lipunan noong panahon ng mga Amerikano. Sa akda nina McCoy at Roces (1985) na *Philippine Cartoons: Political Caricature of the American Era, 1900-41*, makikita roon ang karikaturang pinamagatang "The Returning Student" o *El Estudiante Vuelve* (figure 6). Inilabas ito ng *Philippine Free Press* noong 6 Abril 1929, isang taon bago tumungo si Allos sa EU. Tungkol ito sa larawan ng isang mag-aaral na nakapagtapos sa Maynila dulot ng edukasyong maka-Amerikano, habang bumabalik sa pinagmulang baryo at kinamamanghaan ng mga tao ngunit mapapansin ang kayabangan nito (McCoy at Roces 1985, 99). Laganap ito sa Pilipinas at hindi malayong naranasan din ng mga taga-Binalonan o 'di kaya'y sa mga engkuwentro ni Allos sa mga mayayamang nakapag-aral. Katulad ng ipinapakita ng karikatura, binago rin ng edukasyong maka-Amerikano ang buhay at pananaw ng mga Pangasinense at ito ay naobserbahan pa mismo ni Allos. Halimbawa nito sa Kabanata 3, nang umuwi si Macario sa Binalonan, sa halip na magmano sa kaniyang ama ay kinamayan lamang ito (Bulosan 1946, 18) at sa Kabanata 10, nang nagsasayawan ang kabataan habang



**Figure 6.** Representasyon ng Pilipinong nag-aral at nagbalik sa sariling bayan (McCoy at Roces 1985).

hinahawakan ang isa't isa nang walang malisya, ito ay tiningnan ng kalalakihan bilang may halong kahalayan samantalang nagagalit naman ang kababaihang tumitingin (Bulosan 1946, 74).

#### 4. Kalagayan ng Agraryo sa Pangasinan

Sa Pangasinan, karugtong at kaugnay ng edukasyon ang mga lupain sapagkat dito kinukuha ng bawat magulang ang pangsupoporta sa pag-aaral ng kanilang mga anak. Ang ama ni Allos, habang pinag-aaral si Macario ay nakapagbenta at nakapagsangla ng apat na hektaryang lupa at ang bawat pagsasangla ay tumutumbas ng 200 piso (Bulosan 1946, 12). Nang hindi sumapat ang kita sa araw-araw, naghanap ang kaniyang ama ng lupang sasakahan na noo'y nasa pagmamay-ari ng mga mayayaman mula sa Maynila. Dumating sa punto na tinungo ng kaniyang ama dala-dala ang sako ng bigas at gulay at nilakad nang nakayapak ang Lingayen mula Binalonan upang idulog ang kaniyang karapatan sa lupa ngunit ito rin ay nabigo (Bulosan 1946, 24). Ang ganitong pang-aabuso sa mga magsasaka ay nailarawan ni Allos:

'Di rin naman pinagbebenta ang lupa kaya walang paraan na mapapasaamin ito. Walang batas sa usura noon kaya kaming mga maliliit na magsasaka ay napagsasamantalahan lamang ng mga malalaking korporasyon at panginoong maylupa. Nang sumali na rin ang simbahan sa katiwalian, halos mabunot ang Pilipinas mula sa orihinal na pang-agraryong estado nito. Ilang taon pa ang dadaan bago magkaroon ng mga repormang agraryo ang bansa, ngunit pati ito ay plano lamang ng mga politiko upang magpabango sa mga magsasaka (Bulosan 1946, 20).

Sa kasaysayan ng Pangasinan, sinasabing nasa silangang bahagi ng lalawigan umiiral ang *latifundia* o pangangamuhan ng mga magsasaka sa Panginoong maylupa. Sa bawat bayan, katulad ng Sta. Maria, kadalasan ito ay pinagmamay-arian lamang ng iisang mayamang pamilya samantalang tatlong pamilya naman ang nagmamay-ari sa Tayug, Rosales, San Quintin at Umingan (Cortes 1990b, 71). Ang lahat ng ito ay pagmamay-ari at



pinakikinabangan ng mga pamilyang Gonzales at Lichauco (Cortes 1900b, 71) habang nanghihirap ang daan-daang magsasakang umaasa sa porsiyento ng bawat ani.

Tumindi rin ang insureksiyon kaugnay ng lupa. Sa katunayan, nasaksihan ni Allos ang panghihikayat ng *Colorum* sa Tayug, Pangasinan. Nanghikayat noon ang nagngangalang Felix Razon na ibenta ng mga magsasaka ang kanilang lupa bilang pagtutol sa mga Amerikano (Bulosan 1946, 54). Sa kasaysayan, nakilala ang Tayug bilang pugad ng mga *Colorum*. Noong 1931, si Pedro Calosa, tubong Bawang, La Union at kalauna'y lumipat sa Tayug at nag-aklas dulot ng ilang pakikipaglaban sa karapatan para sa lupa na nagdala sa kaniya sa bilangguan (Guerrero 1967, 68). May dalawang pangalan ang samahan—*Sociedad ti Mannalon* (Samahan ng mga Nangangamuhan sa Lupa) at *Sinarauay* at nanghihikayat sina Calosa ng mga inaaping magsasaka mula sa Tayug, Sta. Maria, San Nicolas, at San Quintin (Guerrero 1967, 69). Pinakalayunin ng *Colorum* na tutulan ang pang-aagaw sa lupa ng mga Amerikano at mayayaman (Sturtevant 1962, 206). Ipinakulong sila ng pamahalaan dahil sa paratang na pababagsakin nila ang pamahalaan. Ngunit taliwas sa mga paratang na ito, layunin lamang ng samahan na palayain ang Pilipinas mula sa Amerikano; makamit ang hustisyang panlipunan sa mga sariling lupain; at tutulan ang pang-aapi sa karapatang pantao ng mga lokal na pulisya at Konstabularya (Terami-Wada 1988, 135-136).


## 5. Politika Tungo sa Kaunlaran ng Pangasinan

Bukod sa pagsasama-sama ni Allos sa kaniyang ina, nagtrabaho rin siya sa koprahan (Bulosan 1946, 39-40). Samakatuwid, mulat ang kaniyang kamalayan sa pagbabanat-buto mula sa iba't ibang gawain na maaaring pagkakitaan. Gayumpaman, mulat din siya sa uri ng politikang mayroon ang Binalonan at ang Pangasinan. Makikita sa Kabanata 6 ng NPAA ang eleksiyong naganap sa Binalonan, paghahalal na ito ng panibagong alkalde at ang sistema'y kapansin-pansin pa rin ang pag-iral hanggang sa ngayon sa Pilipinas:

Noong taong iyon, may bagong presidente o mayor na nahalal at lahat ng lumang mga empleyado sa presidència ay pinalitan. Ganoon ang kalakaran noon sa Binalonan. Kapag may bagong presidente na maihalal, papalitan niya ang lahat ng hindi sumuporta sa kaniya at ilalagay ang sarili niyang mga kaibigan at kamag-anak (Bulosan 1946, 42)

Ito ang nais baguhin ng kaniyang kapatid na si Luciano na kalauna'y magiging alkalde ng Binalonan. Nang bumalik si Luciano sa kaniyang bayan matapos ng paglilingkod sa *Philippine Scouts*, nangarap siya ng pagbabago para sa Binalonan. Naipakita sa Kabanata 7 ng NPAA, na kay Luciano nakuha ni Allos ang mga kaalaman ukol sa politika na bagama't mayroon nang sakit sa baga ang kaniyang Kuya ay nanatiling determinado sa lahat ng kaniyang magagawa para sa buong bayan (Bulosan 1946, 50-51). Kasabay ng pag-ayos ng politikang Pangasinense, lumaganap din sa buong lalawigan ang kaunlaran. Una, sa mga infrastruktura. Noon pang 1901 hanggang 1905, ginagawa na ang Kennon Road o ang *Mountain Trail* (figure 7) na kasalukuyang Baguio-Bontoc National Road upang magsilbing daluyan ng transportasyon at komunikasyon at lalo na ng kalakalang nasa anyo ng pagmimina, pagtotroso, at iba pa (Gripado *et al.* 2003, 213, tingnan din Halsema 1991, 222). Paghahanda ito upang tanghalin ang Baguio bilang sentro ng turismo at komersiyo.

Sa kasaysayan, naramdaman ang ganitong kaunlaran sa Pangasinan. Pagkatapos nito mula 1909 hanggang 1910, pinagdudugtong-dugtong na ng mga daanan ang Lingayen patungo sa Binmaley, Dagupan, Mangaldan, San Jacinto, Manaoag, Pozorrubio, at Alava (Sison ngayon) at mula Manaoag ay makararating ng Binalonan, Asingan, at Tayug at gayundin mula Sual hanggang Alaminos (Cortes 1990b, 61). Mula pa noong 1903, naglaan ng 120,000 dolyar upang idugtong ang Benguet (o Baguio) mula sa Pozorrubio (Cortes 1990b, 62). Pinagtra-



**Figure 7.** Sur La Benguet Road, isang rutang nagdurugtong sa Baguio at Dagupan (Pilipinas Today 1900 2015)

trabahuhan ito ng mga manggagawang kung tawagin ay *camneros*. Ibig sabihin, mula 1903 hanggang sa pagkabata ni Allos ang tanda ng proyektong ito. Nabanggit niya sa Kabanata 4 na nagbigay ito ng oportunidad sa mga Pangasinense upang magkaroon ng trabaho:

Nang makarating ako sa Binalonan, may haywey na ginagawa kaya marami sa mga tagaroon ang nagkaroon ng trabaho. Idurugtong ang bagong haywey na ito ang Maynila sa Baguio. Ilang daang mga lalaki at babae ang nagtatrabaho para sa proyektong ito, masipag na binabayo ang mga graba gamit ang mga pahabang taba ng kahoy. Kahit sa gabi, walang tigil ang pagdikdik nila sa mga graba, na tila umuungol na dagat. Isa lang ang makina sa buong sampung kilometro na tatakbuhan ng haywey, at ginagamit lang ito sa umaga upang patagin ang mga graba na pinino ng mga trabahador buong gabi (Bulosan 1946, 27).

Patunay ang kakulangan ng mga makinarya kung bakit mula pa noong 1903 hanggang sa pagkabata ni Allos ay naroon pa rin ang nasabing proyekto. Sa Kabanata 5, nabanggit din ang Ilog Katakalan sa Pozorrubio na pinaglatagan ng haywey na dinadaan ni Allos at kaniyang ina upang maglako ng mga butong-gulay (Bulosan 1946, 33).

## 6. Engkuwentro ni Allos sa mga Katutubo

Tumatak sa kamalayan ni Allos ang mga katutubong kaniyang nakita. Makailang nabanggit sa NPAA ang pangkat ng mga Igorot:

Unang beses ko ring makakita ng Igorot noon. Mapayapa silang mga nilalang, masipag sa trabaho at relihiyoso. Bumaba sila sa kapatagan isang beses sa isang taon upang dalhin ang kanilang mga produkto. Minsan, nagtatagal pa sila ng ilang buwan upang tulungan ang mga magsasakang magbungkal ng upa at

magtanim. Matapos ay babalik na sila sa mga bahay na kahoy nila sa kabundukan, bitbit ang mga alaga nilang aso (Bulosan 1946, 36).

Hindi na bago ang ganitong obserbasyon ni Bulosan sa mga Igorot. Sa katunayan, sa kaniyang akdang *The Laughter of my Father* (Bulosan 1944), na bagama't ilan lamang sila sa mga tauhang pinatutungkulan, malinaw na isang Igorot ang tagapagsalaysay sa isang kuwento tungkol sa isang nayon (Slotkin 2000, 844). Ipinakikita sa nobela kung paano tiningnan ng mga kolonisador ang mga Igorot bilang batayang naghahati sa kung sino ang mga bárbaro at sibilisado o 'di kaya'y higit na nakabababa kompara sa mga tinawag na mga "Pilipino" (Alquizola at Hirabayashi 2011, 80). Kung tutuosin, ayon kay Scott (1962), ang *Igorot* katulad ng mga *Moro* ay ilang halimbawa ng *misnomer* na pinasimulan ng mga Español na kagyat tinanggap na rin ng mga Amerikano. Ang Igorot, para sa mga Español, ay nangangahulugang *savage, headhunting and backward tribe of Luzon* (Scott 1962, 234). Bagama't kapwa ginamit ni Allos ang katagang "Igorot" at kaalaman na nakuha niya ukol sa mga "Moro" ng Mindanao sa Kabanata 6 (Bulosan 1946, 42), hindi ito nangangahulugang negatibo ang naging tingin dito ni Allos. Katulad ng mga ordinaryong Pilipino noong mga panahon iyon, produkto pa rin sila ng edukasyong umiiral noon, ang edukasyong maka-Amerikano na tangan ang paghahating kultural.

Nakaugat sa matandang kasaysayan ang nakita ni Allos na eksistens ng mga Igorot sa Pangasinan. Ayon kay Fernandez (2010, 2012), noong 1000 hanggang 1500BK, ang Pangasinan ay isa nang hiwalay na pangkat ngunit may pagkakatulad sa mga ritwal at tradisyon ng mga Ilongot, Ibaloi, Kalanguya, at Karaw (Fernandez 2012, 101). May pinagmulan at napagtibay ang ugnayang ito ng kabundukan at kapatagan sa anyo ng pakikipagkalakalan at pag-aasawahan. Hinalimbawa pa ni Fernandez (2009, 124) ang pag-aasawa ng ilang Pangasinense at Ibaloi. Ang pagtatagpong ito ng mga Pangasinense katulad ng mga Ilokano (Pacaon 1916; Sibayan 1919 sa Villasis; Cabangbang 1920; Gaerlan 1921; Bugayong 1921 sa Asingan) at sa mga Igorot ay masususugan ng ilang etnograpihong pag-aaral (Rodriguez 1894, 1895), katulad ng eksistens ng mga Igorot sa kabayanan ng Pangasinan katulad ng San Nicolas (Luarea 1902) at ilang Negrito sa Mangatarem (Barrows 1901). Samakatuwid bago pa man dumating ang mga Español hanggang sa panahon ng mga Amerikano at sa mismong panahong nasilayan sila ni Allos, mayroon nang sariling identidad at pagkakakilanlan ang mga nabanggit na pangkat.

Hindi ito ang unang pagkakataong nakita at/o narinig ni Allos ang tungkol sa mga Igorot. Sa Kabanata 3 ng NPAA, habang kasama ni Allos ang kaniyang ama sa Ilog Mangusmana upang kumuha ng hipon, naalala ng huli ang *doayen*, isang putaheng aniya'y mas masarap pa sa baboy ramo (Bulosan 1946, 22). Ayon sa kuwento ng ama ni Allos, nakasama niyang lumaban ang mga Igorot ng Baguio nang magkagulo sa timog habang tinawag silang mga "gerilya" (Bulosan 1946, 22). Hindi gaanong matukoy kung anong "paglaban" ang tinutukoy dito ng ama ni Allos. Bukod sa salat at/o hindi nabanggit sa unang labindalawang kabanata ng NPAA ang maikling talambuhay ng kaniyang ama, maraming naganap na kilusang sinimulan ng mga Kordilyerano laban sa mga Español at Amerikano sa pagitan ng huling bahagi ng dantaon 19 at maagang pagpasok ng dantaon 20 (tingnan Scott 1970, 716-717; Veneracion 1997, 168; Gripaldo *et al.* 2003, 155; Fry 2006).

Bago tumungo si Allos sa EU, nagtrabaho muna siya sa Baguio at doo'y 'di-malay na nakita ang naging pagtrato sa mga Igorot. Panahon iyon ng kaniyang kahirapan at kagutuman dulot ng kasalatan sa paghahanap ng trabaho, nilapitan siya ng isang Amerikanang may bitbit na kamera at pinaghuhubad siya nito sa halagang sampung sentimo (Bulosan 1946, 62). Hindi na bago ang ganitong senaryo kay Allos dahil binanggit niya sa Kabanata 7 na mayroon siyang nakikitang mga turistang mula sa Europa at EU na nagpakuha ng litrato kasama ang mga taga-Binalonan (Bulosan 1946, 48). Kaya't nang siya'y naghirap sa Baguio, nahumaling si Allos na magpangit-pangitan at sirain ang damit upang makakuha ng atensiyon ng mga



turistang puti na may dalang kamera (Bulosan 1946, 62). Gayumpaman, may naging mahalagang pahayag dito sa Allos:

Ngunit ang pinakanagbibigay ng interes sa mga turista ay ang mga hubad na kababaihang Igorot at ang kanilang mga anak. Paminsan ay kinukunan nila ng litrato ang mga matandang nakasuot ng bahag. Hindi sila interesado sa Pilipinong Kristiyano na tulad ko. Tila nakakakuha sila ng partikular na tuwa sa pagkuha ng litrato ng mga batang babaeng Igorot na may malalaking suso at ng mga matitipunong lalaki na halos wala nang saplot, kapansin-pansin ang mga ari sa likod ng kanilang bahag (Bulosan 1946, 62).

Mukhang ‘di nga malay si Allos sa kaganapang ito, palibhasa siguro’y isa pa lamang bata na natutuwa sa mga nakikitang senaryo. Kung tutuosin, ito na ang simula ng pagpupunla ng mga Amerikanong tumutungo sa Pilipinas bilang mga turista upang sumulat ng mga *travelogue* at *travel book* (Jose 2021, 75). Hindi na bago ang ganitong kilos ng mga Amerikano sapagkat matagal na nilang pinagpipiyestahan ang mga hubad na larawan ng mga katutubo, tingnan bilang halimbawa ang Worcester Collection at ang 1904 St. Louis Exposition. Katulad ng obserbasyon nina Vergara (1995) at Jose (2018, 2020, 2021), hindi lamang ito simpleng paglalakbay o paglilitrato ngunit, bilang mga turista, tangan na rin nila ang mga bagaheng kolonyal. Ani Vergara (1995, 76), *their writings and photographs were therefore informed by the colonial narrative*.

## 7. Pagbanggit ni Allos sa Kababaihang Pangasinense

Itinampok ni Allos ang kaniyang ina bilang isang masipag at madiskarteng babae. Bagama’t isang iliterata, kaniyang iginapang, katuwang ng asawa, ang pag-aaral ng mga anak lalo na kay Macario. Katuwang ni Allos ang kaniyang ina sa paglalako ng mga produkto katulad ng butong gulay, patani, bataw, munggo, at iba pa na umaabot pa mula Binalonan hanggang Pozorrubio, Tayug, at San Manuel. Sa Kabanata 1 ng NPAA, sa murang gulang ay nasaksihan ni Allos ang malupit na pagtrato sa kababaihan. Ukol ito sa pagpapakasal ni Leon sa isang dalagang taga-Ilocos Norte. May isang kaugalian sa Mangusmana, Binalonan kung saan ang bagong kasal ay inaantabayanan upang makita kung ang asawang babae ay isang “busilak” o “birhen.” Pagkatapos ng kasal, ihahatid ang bagong mag-asawa sa kanilang bahay. May paniniwalang kung lumabas ang itim na usok mula sa bahay, nangangahulugang “basal pa” ang babae ngunit “hindi na basal” kapag walang usok na lumabas (Bulosan 1946, 6). At dahil hindi na basal ang babae, itinali siya sa puno ng bayabas, tinanggalan ng saplot, pinagbabato, at dinuruan sa mata. Samantalang, binugbog si Leon:

Malupit ang tradisyong ito dahil hindi na maaaring ikasal pang muli ang babae kapag ibinalik siya sa kaniyang pamilya. Iskandalo at kahihiyang din ang aabutin niya mula sa buong baryo. Mabuti na lang ay pawala na rin ang tradisyong ito, tulad ng iba pang sinaunang tradisyon na hindi na nais ituloy ng mga kabataan, dahil na rin sa paglaganap ng industriyalisasyon sa bansa (Bulosan 1943, 6).

Para kay San Juan (2001 as cited by Burd 2019, 17), ang “pambabato” na ito ay isang bahagi ng *localism* o ang teritoryal at kultural na paghahati kung sino ang mga “lokal” at sino naman ang mga “taga-labas.” Tubong Ilocos Norte ang asawa ni Leon kaya’t itinuring na “labas” sa kulturang “loob” at “lokal” ang kaniyang ‘di pagiging busilak—*the stoning figures migration as an impetus for violence once the migrant’s secrets are released, and so migrancy is dangerous. The event also frames traditions, particularly traditions of violence, sex, and xenophobia, as circulated, not rooted* (Burd 2019, 17). Ngunit sa kabilang banda, lagpas pa rito ang kinagisnang lipunang Pangasinense ni Allos. Sa kaniyang panahon at kaedaran ni Allos ang dalawang pangunahing dokumentong lumabas sa *H. Otley Beyer*

*Ethnographic Collection* (HOBEC) o kalipunan ng mga dokumentong isinulat mula dekada 1830 hanggang dekada 1990 (Santos at Tugano 2022, 47). Ito ang *A Critical Study of the Marriage Customs in Pangasinan* ni Felix Jugo (1916) at *Marriage Customs of the Ancient Pangasinan* ni Manuel Cesar (1914).

Nakapaglatag si Cesar (1914) ng mga tradisyong Pangasinense katulad ng *pinandag* (pagsilip, pagkita); *pasit* o liham ng paghahain ng kasal; *panangui*; at *salensen* o pagbibigay-regalo sa lahat ng kamag-anakan ng *abalayan* (biyenang). Gayundin si Jugo (1916) na may pagbanggit sa *tandag* o pagdungaw sa babaeng iniibig; *sañgi-an* o paghahain ng pag-ibig; *pawit* o pagpapadala ng liham sa pamilya ng babae hinggil sa listahan ng ari-arian ng lalaki at lakip ang ibibigay na *nandesalan* o *dasel* (*dowry*); at *alayñgaran* o hindi pag-uwi ng lalaki sa kaniyang bahay hanggang hindi ito nakapagbibigay ng regalo sa mga magulang ng babae. Gayumpaman, ang pag-aaral nina Jugo (1916) at Cesar (1914) ay pawang mga paniniwalang tradisyonal na nahaluan na ng “industriyalisasyon” na tulad ng binabanggit ni Allos (Bulosan 1946, 6). Sukdulan pa ngang tinukoy ni Jugo (1916) ang tradisyon ng kasal sa mga tinurang *antiquarian Pangasinense*:

Since the marriage customs in Pangasinan which are hereby considered existing among both the **few civilized** and the great majority of the **uncivilized**, and among both the **few literate and many of the illiterate**, it is now a problem to solve as to what class of the Pangasinanes [sic] these marriage customs are attributed...In this classification, regardless of the property of word for brevity’s sake, I arbitrarily call the Pangasinanes [sic] who still have these customs, antiquarians.... (akin ang diin) (Jugo 1916, 1).

Kung kaedaran ni Allos ang mga tradisyong isinulat nina Jugo (1916) at Cesar (1914) ukol sa kasal, ngunit bakit hindi nabanggit dito ang pagtatali sa puno ng bayabas; pagtatanggal ng saplot; pambabato; at pagdudura sa mata ng sinomang “hindi busilak”? Ito ay dahil sa konfigurasyong ipinupunla ng mga “nagpapabagong” sistemang kolonyal ng panahong iyon. Bagama’t ang mga sumulat ng HOBEC at kung minsan ng *Historical Data Papers* (HDP), isang bunga ng kautusan noon ni Pangulong Elpidio Quirino na mangalap ng mga kaalaman ukol sa bawat lalawigan at lungsod ay may suliraning konseptuwal, teoretikal, at metodolohikal o sa wika nga ni Navarro (2008b) ay hindi maituturing na *kaalamang dalubhasa-pantas-paham* o *kaalamang karaniwan*, ito naman ay may katuturang mahalaga sa pagsipat ng *kaalamang bayan* (Navarro 2012c, 460-461). Nasa panahon ng transisyon noon si Allos at tulad nga ng kaniyang nabanggit, nagbabago na aniya ang mga kinagisnang kultura. Lalo pa’t naging demokratiko na rin ang kasal ng mga Pangasinense sa panahon ng mga Amerikano (Cortes 1990b, 94-95). Higit na kapansin-pansin ang dikotomiya ni Jugo (1916) sa “few civilized” at “majority of the uncivilized” at/o “few illiterate” at “many of the illiterate” upang makita ang paghahandang ito sa transisyon sa panahon ni Allos. May punto ang pahayag ni Pawilen (2023) na iniwasan aniya ng ilang nagsulat sa HDP na ipresenta ang kanilang mga sarili bilang *savage* kung kaya’t hindi sila gaanong nagsulat ng mga negatibong aspekto ng kanilang kultura. Malaki rin ang naging epekto ng edukasyong ipinakilala ng mga Amerikano sapagkat ang mga sumulat ng HDP ay halos nakapag-aral, nagsusulat sa wikang Ingles, at tangan ang kaisipang Amerikano (Pawilen 2023) ukol sa pagkakahati ng “sibilisado” at “hindi sibilisado.” Samakatuwid, hindi lamang isang metaporikal ang nasaksihan ni Allos hinggil sa pambabato sa babaeng “hindi busilak” ngunit isa itong reyalidad ng lipunang Pangasinense na hindi naitala kailanman dulot ng bagong uri ng edukasyong natamo ng mga Pilipino mula sa mga Amerikano.

Liban sa karanasan ng hipag ni Allos, nagkaroon din ito ng iba pang obserbasyon sa kababaihang Pangasinense. Palaging kasama si Allos ng kaniyang ina sa paglalako ng bagoong sa kaloob-looban ng Binalonan upang pagbentahan ang kababaihang hindi nakaluluwas ng bayan upang bumili nito (Bulosan 1946, 29). Gayumpaman, batbat ng kahirapan ang lugar

na iyon sapagkat kadalasan ay hindi salapi ang ipinambabayad sa pagbili ng bagoong at asin kundi mga pagkain na rin. Bagama't sa panahon ni Allos, kalikasan ng Pangasinan ang industriya ng bagoong (Samson 1918), asin (Lopez 1916), at paggawa ng sombrero at banig (Canave 1923), nabanggit niyang ang kababaihang Pangasinense ay gumagawa rin ng mga palayok (Bulosan 1946, 29). Isa ang pagpapalayok sa matandang industriyang kinapamuhayan ng Pangasinan. Bukod sa mga arkeolohikal na ebidensiyang nagsasabing lamanap sa Pangasinan ang palayok (Fernandez 2010, 181, 187), ang bayan ng Lingayen na kadalasang pinupuntahan ni Allos at kaniyang ina, ay kilala sa paggawa ng banga at palayok na kung tawagin ay *samang* (Odon 2019).

May pagbanggit din si Allos na nakipagsapalaran sila ng kaniyang ina sa Barrio Cabolloan:

Mayroon pa kaming isa pang pakikipagsapalaran ni Nanay, ngunit ito naman ay mas malungkot, at nangyari sa baryo ng Cabolloan, kung saan tigang ang lupa. Lagi na lang nangungutang ang mga kababaihan dito, at kung hindi payagan ni Nanay, kakaunti ang binabayad. Kapag dumadaan kami tuwing Sabado, mabilis na nagtatago ang mga may utang o nagpapanggap na may sakit (Bulosan 1946, 30).

Isang historikal na lugar ang “Cabolloan” na ayon kay Nelmida-Flores (2010, 76) ay nangangahulugang bolo o isang uri ng kawayan. Noong panahon bago dumating ang mga Español, tumutukoy ang “Pangasinan” sa *coastal communities* malapit sa Kanlurang Dagat ng Pilipinas samantalang ang “Caboloan” ay ang *interior communities* (Nelmida-Flores 2010, 81). Naglaho lamang ito nang dumating ang mga Agustino sa lugar at kalauna’y tatawagin ang buong pamayanan bilang “Pangasinan” (Nelmida-Flores 2010, 81). Kung gayon, saan at ano ang tinutukoy na “Cabolloan” ni Allos at Bulosan sa Kabanata 4? Higit sa malamang, ito ang mga *interior communities* kabayanan ng Pangasinan. Ngunit sa aking palagay, hindi ito nasa loob mismo ng Binalonan. Ang obserbasyong ito ni Allos sa Cabolloan ay posibleng naganap sa bayan ng Urdaneta na katabi rin ng Binalonan. Sa inilabas na *Official Gazette* ng Lehislatura ng Pilipinas noong Enero 1, 1919 (figure 8), pitong taong gulang si Allos o Bulosan, may dalawang bayan na nagtataglay ng baryo na ang pangalan ay “Cabuluan.” Ito ang “Cabuluan” ng Urdaneta at “Cabuluan” ng Sta. Maria (Official Gazette 1919, 6). Sa kasalukuyang kilalayang geograpikal, higit na malapit sa Binalonan ang Cabuluan ng Urdaneta kompara sa Sta. Maria sapagkat pinagigitnaan pa ng Urdaneta at Sta. Maria ang Asingan. Ang Binalonan at Urdaneta ay napagigitnaan lamang ng tatlong barangay sa kasalukuyan—Casantaan, Bolaoen, at Nancalobasaan. Bagama’t dulot ng ‘di-magandang eko-

6		OFFICIAL GAZETTE	
Philippine Committee on Geographical Names—Continued.		Philippine Committee on Geographical Names—Continued.	
Name adopted.	Thing named.	Name adopted.	Thing named.
Bukal.....	Barrio of Sariaya, Tayabas Province. (Not Bucal.)	Cabuluan.....	Barrio of Leon, Iloilo Province. (Not Caboloan.)
Bulabud.....	Barrio of Malinao, Capiz Province. (Not Balabud.)	Cabuluan.....	Barrio of Oton, Iloilo Province. (Not Caboloan.)
Bulak.....	Barrio of Dalaguete, Cebu Province. (Not Bulac.)	Cabuluan.....	Barrio of Santa Catalina, Ilocos Sur (Not Caboloan or Cabol-Loan.)
Bulawan.....	Barrio of Lupi, Ambos Camarines. (Not Bolauan or Bulauan.)	Cabuluan.....	Barrio of Santa Maria, Pangasinan Province. (Not Cabuloan.)
Bulawan.....	Barrio of Mabini, Bohol Province.	Cabuluan.....	Barrio of Urdaneta, Pangasinan Province. (Not Cabuloan.)
Bulawan.....	Point of Land on the north coast of		

Figure 8. Cabuluan bilang baryo ng Pangasinan (Official Gazette 1919).

nomikong kalagayan noong 1903, naglaho bilang bayan at napunta ang San Manuel sa Asingan at Sta. Maria sa Tayug. Naibalik lamang ito at muling nagsariling bayan noong 1908 (Cortes 1990b, 19). Samakatuwid, sa panahon ni Allos, nagsasariling mga bayan pa rin ang Binalonan, Urdaneta, San Manuel, at Sta. Maria.

Panghuli, bagama't hindi ito sa Pangasinan, ang muli at huling engkuwentro at obserbasyon ni Allos sa kababaihan ay naganap sa Tondo. Bago siya tumungo ng EU, niyaya siya ni Juan Cablaan, isang mag-aaral mula sa La Union na nakilala ni Allos sa tren na masaksihan ang nangyayari sa mga probinsiyanang tumungo sa Maynila upang magtrabaho. Nakita ni Allos ang mga “bayarang babae” na mismong binubugaw pa ng kaniyang ina upang ilako ang katawan (Bulosan 1946, 89). Bilang tradisyonal na bata, ikinagulat ito ni Allos na naging dahilan pa ng kaniyang muntik na pag-iyak at pagkabigla.

## Kongklusyon

Mula sa paghahabi ng tatlong larangan ng *Bagong Kasaysayan*—Kasaysayang Buhay, Kasaysayang Pampook, at Kasaysayang Kabanwahan, nakapagbukas ng bagong pananaw at paksa ukol sa Pilipinong nobelista at aktibista na si Carlos Bulosan o Allos. Sa pagsandig sa nilalaman ng NPAA, natuklasang hindi lamang ito pagtatanghal sa Estados Unidos na “nasa puso” ngunit napatunayang maaaring pabalikin ang saysay ni Allos sa mga Pilipino at higit sa lahat sa mga Pangasinense, tungo sa pag-abot ng “nasa puso” niya ang bayang pinanggalingan. Hindi lamang sa usapin ng diáspora at/o panitikan maaaring kanlungin ang aral at buhay ni Allos sapagkat posible rin itong palawigin sa lente ng kasaysayan. Sa kabuoan, elemento naman talaga ng kasaysayan ang tao, panahon, at espasyo. Ang lahat ng ito ay mayroon sa NPAA na bagama't isang piksiyonal kung ituring ng ibang babasa ngunit batbat pa rin ito ng ilang kaganapang historikal at kontekstong pangkasaysayan na maaaring palawigin tungo sa pagsipat ng bawat reyalidad ng isang lipunan.

## References

- Adams, Kelly. 2015. Postcolonial Environmentalism in Carlos Bulosan's *The Cry and the Dedication*. *Interdisciplinary Studies in Literature and Environment* 22, no. 3: 582-601.
- Alquizola, Marilyn at Lane Ryo Hirabayashi. 2014. Carlos Bulosan on Writing: The Role of Letters. *Kritika Kultura* 23, no. 1: 168-188.
- Andrada, Michael Francis. 2021. Subersibong Potensiyal ng Makina ng Pagsasalin: Google Translate at Tula ni Carlos Bulosan. *Malay Journal* 33, no. 2: 29-45.
- Annenberg Learner. w.tn. Carlos Bulosan (1913-1956). *Annenberg Learner*. <https://www.learner.org/series/american-passages-a-literary-survey/migrant-struggle/carlos-bulosan-1913-1956/>.
- Barrows, David. 1901. Report of a Trip to the Negritos of Mangatarem, Pangasinan. *Negrito-Aeta Paper* No. 13. Manila.
- Binalonan. w.tn. Geography. *Binalonan, Pangasinan*. <https://www.binalonan.gov.ph/about-binalonan/geography/>.
- Bugayong, Paulino. 1921. Relations Between the Ilokos and Pangasinans in the Town of Asingan. *Pangasinan Paper* No. 15. Manila.
- Bulosan, Carlos. 1944. *The Laughter of my Father*. High Hill Press, 2009.
- Bulosan, Carlos. 1946. *Nasa Puso ang Amerika*, trans. Jovianne Figueroa. Mandaluyong City:

- Anvil Publishing, Inc., 2022.
- Burd, Katherine. 2019. Paradoxes of a 'New World': Racial Melancholia and the National Symbolic in Interwar Period Immigration Discourse. Masteradong Tesis. Georgetown University.
- Cabangbang, Jose. 1920. Effect of the Contact Between Ilokos and Pangasinans in Pangasinan Province. *Pangasinan Paper* No. 14. Manila.
- Cabusao, Jeffrey, ed. 2016. *Writer in Exile/Writer in Revolt: Critical Perspectives on Carlos Bulosan*. Lanham, Maryland: University Press of America.
- Cabusao, Jeffrey. 2018. Reading Carlos Bulosan/Documenting the Filipino Diaspora; An Editorial Introduction to *Writer in Exile/Writer in Revolt: Critical Perspectives on Carlos Bulosan*. *Kritika Kultura* 30, no. 1: 375-410.
- Cabusao, Jeffrey. 2022. Carlos Bulosan and Filipino Collective Memory: Teaching, Transgression, and Transformation. *Unitas* 95, no. 1: 290-317.
- Campomanes, Oscar at Todd Gernes. 1992. Carlos Bulosan and the Act of Writing. *Philippine Studies* 40, no. 1: 68-82.
- Canave, Juan. 1923. Weaving, Hat-Making, and Mat-Making in Pangasinan. *Pangasinan Paper* No. 36. Manila.
- Cesar, Manuel. 1914. Marriage Customs of the Ancient Pangasinan. Customary Law Paper No. 133. Papers and Extracts Relating to Customary Law Among the Pangasinans. Selected from Pangasinan Vol. 1: Beyer Collection of Manuscript Sources in Philippine Ethnography, ed. at comp. F.D. Helleman.
- Cortes, Rosario Mendoza. 1990a. *Pangasinan, 1801-1900: The Beginnings of Modernization*. Quezon City: New Day Publishers.
- Cortes, Rosario Mendoza. 1990b. *Pangasinan, 1901-1986: A Political, Socioeconomic, and Cultural History*. Quezon City: New Day Publishers.
- Cortes, Rosario Mendoza. 1974. *Pangasinan, 1572-1800*. Quezon City: New Day Publishers.
- Dumlao, Emmanuel. 2011. Si Carlos Bulosan, ang Amerika, at ang mga Babala ng ating Panahon. *Malay Journal* 23, no. 2:13-24.
- Evangelista, Susan. 1982. Carlos Bulosan and Third World Consciousness. *Philippine Studies* 30, no. 1: 44-58.
- Fernandez, Erwin. 2008. Reclaiming Identity toward Decolonisation: Pangasinan Studies in Theory and Praxis. *AlterNative: An International Journal of Indigenous Peoples* 4, no. 2: 102-122.
- Fernandez, Erwin. 2009. Exploring the Pangasinan-Cordillera Connection: The Pangasinenses and the Ibalois. *The Cordillera Review* 1, no. 2: 119-133.
- Fernandez, Erwin. 2010. Towards an Early History of Pangasinan: Preliminary Notes and Observations. *Philippine Quarterly of Culture and Society* 38, no. 2: 174-198.
- Fernandez, Erwin. 2012. Tungo sa Maagang Kasaysayan ng Pangasinan: Mga Preliminaryong Tala at Obserbasyon. Nasa *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*, mga ed. Atoy Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin at Adonis Elumbre, 93-123. Quezon City: University of the Philippines Lipunang Pangkasaysayan.
- Fernandez, Erwin. 2017. Foundation and Settlement: The Early Years of Urdaneta, 1858-1887. *Journal of Philippine Local History & Heritage* 3, no. 1: 137-202.
- Fernandez, Erwin. 2023. Thalamasin, Ari Kasikis and Urduja: US Colonial Discourse in the Making of a Contrived or Fake history and Lessons in Historical Methodology. *Abung na*

*Panagbasay Pangasinan Working Paper Series 2.*

- Flores, Emil. 2000. Maxims of the Heart: H.P. Grice and Carlos Bulosan in Philippine Context. *Journal of English Studies and Comparative Literature* 6, no. 1:163-180.
- Francia, Luis. 2022. Pambungad. *Nasa Nasa Puso ang Amerika*, awt. Carlos Bulosan at trans. Jovianne Figueroa, xi-xxvii. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.
- Fry, Howard. 2006. *A History of the Mountain Province, Revised edition*. Quezon City: New Day Publishers.
- Gaerlan, Jose. 1921. Beliefs and Customs Connected with the Burial of the Dead and the Period of Mourning among the Ilokos of Pangasinan. *Iloko Paper* No. 91. Manila.
- Gripaldo, Eden, Rowena Boquiren, Evelyn Miranda, Ricardo Jose, Violeta Ignacio, Dante Ambrosio, Phoebe Zoe Maria Sanchez, Daniel Talde, Henry Funtecha, Dwight Diestro, Bernard Leo Karganilla, at Roberto Mata. 2003. *Kasaysayan ng Filipinas at mga Institusyong Filipino*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino-Diliman, Unibersidad ng Pilipinas, 2009.
- Guerrero, Milagros. 1967. The Colorum Uprisings: 1924-1931. *Asian Studies* 5, no. 1: 65-78.
- Guzman, Agnes de. 1995. Baritao at Sentral Asukarera de Manaoag: Isang Pag-aaral sa Bahaging Ginampanan ng Industriya ng Asukal sa Kasaysayan ng Barangay Baritao sa Manaoag, Pangasinan. Tesis. Quezon City: University of the Philippines Diliman.
- Halsema, John. 1991. *E.J. Halsema: Colonial Engineer*. Quezon City: New Day Publishers.
- Jose, Mary Dorothy. 2018. Race, Gender, and Photography: Images of Filipino Women at the 1904 St. Louis Exposition. *Social Transformations: Journal of the Global South* 6, no. 2: 67-81.
- Jose, Mary Dorothy. 2020. Imahen ng Kababaihan sa mga Aklat Paglalakbay sa Harap ng Imperyalismong Amerikano: Isang Feministang Pagsusuri. *Diliman Gender Review* 3, no. 1: 20-51.
- Jose, Mary Dorothy. 2021. Kababaihan, Potograpiya, at Kasaysayan: Isang Pagsusuri sa Imahen ng Kababaihan sa Potograpiyang Kolonyal sa Harap ng Imperyalismong Amerikano. Disertasyon, University of the Philippines Diliman.
- Jose, Ricardo. 1988. The Philippine National Guard in World War I. *Philippine Studies* 36, no. 3: 275-299.
- Jugo, Felix. 1916. A Critical Study of the Marriage Customs in Pangasinan. Customary Law Paper No. 133. Papers and Extracts Relating to Customary Law Among the Pangasinans. Selected from Pangasinan Vol. 1: Beyer Collection of Manuscript Sources in Philippine Ethnography, ed. at comp. F.D. Helleman.
- Kimuell-Gabriel, Nancy. 1999. Ang mga Thomasites: Hukbong Mapagpaamo ng Malupit na Digmaan. *Philippine Social Sciences Review*, Special Issue: 241-277.
- Koh, Eng Kiat. 1965. American Educational Policy in the Philippines and the British Policy in Malaya, 1898-1935. *Comparative Education Review* 9, no. 2: 139-146.
- Lopez, Estanislao. 1916. The Salt Industry in Pangasinan. *Pangasinan Paper* No. 29. Manila.
- Luarea, Benigno. 1902. Igorotes of San Nicolas, *Pangasinan. Paper* No. 36. San Nicolas, Pangasinan.
- Marco, Sophia at Erwin Fernandez. 2015. The 1884 Uprising in Pangasinan: Unraveling its Unknown Ties with the Katipunan and the Revolution. *Journal of Philippine Local History & Heritage* 1, no. 1: 57-78.

- McCoy, Alfred at Alfredo Roces. 1985. *Philippine Cartoons: Political Caricature of the American Era, 1900-41*. Manila: Vera-Reyes.
- Mejia-Giudici, Cynthia. 2003, February 14. Bulosan, Carlos (1911?-1956). *History Link.org*. <https://www.historylink.org/File/5202>.
- Navarro, Atoy. 2008a. Kasaysayan at Pelikula: Panonood-Pelikula sa Pagtuturo ng Bagong Kasaysayan. Nasa *Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan*, mga ed. Atoy Navarro, Alvin Campomanes, at John Lee Candelaria, 133-138. Quezon City: Limbagan Pangkasaysayan.
- Navarro, Atoy. 2008b. Pambungad: Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan. Nasa *Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan*, mga ed. Atoy Navarro, Alvin Campomanes, at John Lee Candelaria, 1-7. Quezon City: Limbagan Pangkasaysayan.
- Navarro, Atoy. 2012a. Mga Akdang Likasyan sa Konteksto ng Pagsusulat ng Makabago at Napapanahong Kasaysayang Pampook sa Pilipinas. Nasa *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*, mga ed. Atoy Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin at Adonis Elumbre, 32-45. Quezon City: University of the Philippines Lipunang Pangkasaysayan.
- Navarro, Atoy. 2012b. Araling Kabanwahan, Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya. *Saliksik E-Journal* 1, no. 2: 1-32.
- Navarro, Atoy. 2012c. Kasaysayang Pampook at Pamahalaang Pambansa at Pambayan: Pagtanaw sa mga Pangunahing Batas at Kautusan Kaugnay ng Kalinangan at Kasaysayan. Nasa *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*, mga ed. Atoy Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin at Adonis Elumbre, 458-468. Quezon City: University of the Philippines Lipunang Pangkasaysayan.
- Navarro, Atoy. 2019. Pagpapakilala sa Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangingibang-Bayan ng mga Likasyan. *Lakbay-Kabanwahan* 1: 1-7.
- Nelmida-Flores, Ma. Crisanta. 2001a. Taga-babay—Taga-alog Dichotomy: Confluence and Divergence of Pangasinan Coastal Communities and Caboloan Inland Plains. *Balon Silew*: 9, 11-13, at 26-36.
- Nelmida-Flores, Ma. Crisanta. 2001b. Princess Urduja: A Symbolic Subversion. *Balon Silew*: 7-11, 13, at 29.
- Nelmida-Flores, Ma. Crisanta. 2002. Pangasinan: Isang Etnokultural na Pagmamapa. Disertasyon sa Philippine Studies. Quezon City: University of the Philippines Diliman.
- Nelmida-Flores, Ma. Crisanta. 2004. Birhen ng Manaoag at ang Tradisyong Manag-anito. *Daluyan Journal* 12, no. 2: 51-102.
- Nelmida-Flores, Ma. Crisanta. 2006. Ideolohiyang Anacbanua: Pagtatakda ng Baley/Sentro ng Doxa at Kamalayang Makabansa sa Kasaysayan at Panitikan ng Pangasinan. *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*, no. 13.
- Nelmida-Flores, Ma. Crisanta. 2007. *The Cattle Caravans of Ancient Caboloan Interior Plains of Pangasinan: Connecting History, Culture and Commerce by Cartwheel*. Manila: National Historical Institute.
- Nelmida-Flores, Ma. Crisanta. 2010. Pangasinan Kung Paano Naimapa ang Lalawigan Mula Sa Matandang Dikotomiya ng Baybay-Alog (Panag—'Asinan'—Caboloan). *Philippine Social Sciences Review* 62, no. 1: 73-101.
- Nelmida-Flores, Ma. Crisanta. 2020. *Pangasinan: Isang Etnokultural na Pagmamapa*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, University of the Philippines Diliman.
- Nelmida, Ma. Crisanta at Erlinda Andaya, mga trans. 1996. *Sarswelang Pangasinan*. Quezon

City: Ateneo de Manila University Press.

- Ocampo, Nilo. 2011. *Kristong Pilipino: Pananampalataya kay Jose Rizal*. Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc.
- O’Ryan, John. 1915. The Role of the National Guard. *The North American Review* 202, no. 718: 364-372.
- Odon, Resty. 2019, September 22. Notes on the Banga (Native Pangasinan Pottery). *Filipiniana 101 Assorted Philippine Stuff—In Lists, Articles, Drawings*. <https://filipiniana101.blogspot.com/2019/09/notes-on-native-pottery.html?view=flipcard>.
- Official Gazette. 1919, January 1. Philippine Committee on Geographical Names. *Official Gazette* 17, no. 1: 3-17. <https://books.google.com.ph/books?id=wakrAQAAAMAJ&printsec=frontcover#v=onepage&q&f=false>.
- Pacaon, Potenciano. 1916. The Canao Among the Ilokos in Pangasinan. *Iloko Paper* No. 51. Manila.
- Paluga, Myfel. 2000. “Araw” at “Gahum” ng New Israel sa Mindanaw: Isang Pag-aaral sa Sekta ng Moncado Alpha and Omega sa Perspektibang Historiko-Kultural. *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*, no. 9.
- Pasalo, Virginia at Fe Mangahas, mga ed. 2015. *Pangasinan, Pinablin Dalin: History, Culture, Development*. Lingayen: Pangasinan Historical and Cultural Commission.
- Pawilen, Ryan Alvin. 2023, October 7 at 8. Personal na Komunikasyon. Messenger.
- Pilipinas Today 1900. 2015, February 15. BENGUET ROAD NOW KNOWN AS KENNON ROAD. *Facebook*. <https://www.facebook.com/photo.php?fbid=417800495043644&id=287711401385888&set=a.376311872525840>.
- Ponce, Martin Joseph. 2012. The Sexual Politics of Carlos Bulosan’s Radicalism. Nasa *Beyond the Nation: Diasporic Filipino Literature and Queer Reading*, awt. Martin Joseph Ponce, 89-119. New York: New York University Press.
- Quinto-Bailon, Rowena. 2023. Isang Paglalakbay sa Lupain ng Ginintuang Pangarap: Kuwentuhan, Karanasan, at Kasaysayan. In *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat*, ed. Axle Christien Tugano, 299-306. Manila: Limbagang Pangkasaysayan.
- Rodriguez, Mariano. 1894. Igorrotes y Salvajes de la Cordillera Nordeste de Pangasinan. *El Correo Sino-Annamita* 23: 261-321. Pozorrubio.
- Rodriguez, Mariano. 1895. Ethnographia Filipina, Igorrotes de Pangasinan. *El Correo Sino-Annamita* 29: 313-379. Pozorrubio.
- Salazar, Zeus. 1999. Ang Eksilo sa Kasaysayan ng Pilipinas. Nasa *Mga Eksilo, Inang Bayan, at Panlipunan Pagbabago*, ed. Maruja Asis, 15-69. Quezon City: University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies at Scalabrini Migration Center.
- Samson, Marceliano. 1918. The Manufacture of Bagoong. *Pangasinan Paper* No. 30. Manila.
- San Juan, Epifanio Jr. 1972. *Bulosan and the Imagination of the Class Struggle*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- San Juan, Epifanio Jr. ed. 1995. *On Becoming Filipino: Selected Writings of Carlos Bulosan*. Philadelphia: Temple University Press.
- San Juan, Epifanio Jr. 2001. Interrogating Transmigrancy, Remapping Diaspora: The Globalization of Laboring Filipinos/as. *Discourse* 23, no. 3: 52-74.



- San Juan, Epifanio Jr. 2004. *Bulosan: An Introduction with Selections*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.
- San Juan, Epifanio Jr. 2006. Carlos Bulosan, the Revolutionary Potential of the Filipino Peasantry, and the Limits of American 'Leftist' Liberalism. *Bulatlat* 7, no. 13. Online.
- San Juan, Epifanio Jr. 2008. Carlos Bulosan, Filipino Writer-Activist: Between a Time of Terror and the Time of Revolution. *The New Centennial Review* 8, no. 1: 103-134.
- Santarita, Joefe. 2023. Salmon at Pinoy: Pinagtagpo at Itinadhana sa Kodiak, Alaska. In *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat*, ed. Axle Christien Tugano, 295-298. Manila: Limbagang Pangkasaysayan.
- Santarita, Joefe. 2024. Building Bridges among Filipinos in Kodiak, Alaska. *Filipino American National Historical Society Journal* 12, no. 1: 163-181.
- Santos, Mark Joseph at Axle Christien Tugano. 2022. Salin at Anotasyon ng mga Dokumentong ng H. Otley Beyer Ethnographic Collection Ukol sa Marikina. *Tala Kasaysayan: An Online Journal of History* 5, no. 2: 39-92.
- Schumacher, John. 1982. Recent Perspectives on the Revolution. *Philippine Studies* 30, no. 4: 445-492.
- Scott, William Henry. 1962. The Word Igorot. *Philippine Studies* 10, no. 2: 234-248.
- Scott, William Henry. 1970. Igorot Responses to Spanish Aims: 1576-1896. *Philippine Studies* 18, no. 4: 695-717.
- Sibayan, Emiliano. 1919. The Social Relations of the Ilokos and Pangasinans in the Town of Villasis. *Iloko Paper* No. 55. Manila.
- Slotkin, Joel. 2000. Igorots and Indians: Racial Hierarchies and Conceptions of the Savage in Carlos Bulosan's Fiction of the Philippines. *American Literature* 72, no. 4: 843-866.
- Sollano, Francis. 2019. An Ethical Reevaluation of Carlos Bulosan's *America Is in the Heart*. *Forum for World Literature Studies* 11, no. 3. Gale Literature Resource Center.
- Sturtevant, David. 1962. Sakdalism and Philippine Radicalism. *The Journal of Asian Studies* 21, no. 2: 199-213.
- Teodoro, Noel. 1999. Pensionado at Manggagawa: Mga Pilipino sa Estados Unidos, 1903-1956. Nasa *Mga Eksilo, Inang Bayan, at Panlipunan Pagbabago*, ed. Maruja Asis, 187-214. Quezon City: University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies at Scalabrini Migration Center.
- Terami-Wada, Motoe. 1988. The Sakdal Movement, 1930-34. *Philippine Studies* 36, no. 2: 131-150.
- Tugano, Axle Christien. 2023. Mga Pangako ng Puso, Mga Sakripisyo ng Kamay: Imahen ng Estados Unidos Bilang Kanlungang Pilipino Batay sa mga Piling Pelikula ni Olivia Lamasan. *Hasaan Journal* 7, no. 1: 41-73.
- University of Washington. w.tn. Author, Poet, and Worker: The World of Carlos Bulosan. *University Libraries, University of Washington*. <https://content.lib.washington.edu/exhibits/bulosan/index.html>.
- Veneracion, Jaime. 1997. *Agos ng Dugong Kayumanggi: Isang Kasaysayan ng Sambayanang Pilipino*. Quezon City: Abiva Publishing House, Inc., 2003.
- Vergara, Benito. 1995. *Displaying Filipinos: Photography and Colonialism in Early 20<sup>th</sup> Century Philippines*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Veric, Charlie Samuya. 2001. Who Writes Carlos Bulosan? *Humanities Diliman* 2, no. 2: 1-27.

Weltzien, Alan. 2014. Carlos Bulosan and the Northwest. *The Pacific Northwest Quarterly* 105, no. 1: 12-22.

Zamora, Armi Rosalia. 2001. Paglagpas sa Wika: Isang Pagtingin sa Pagsasalin ng *The Laughter of my Father* ni Carlos Bulosan. *Malay Journal* 16, no. 1:121-137.

### **The Author**

Axle Christien J. Tugano is a Faculty Member of the Division of History, Department of Social Sciences, University of the Philippines Los Baños, Laguna.